PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2017

LEARNING MODULE

Filipino G8 | Q1

Salamin ng Kahapom Bakasin Natin Ngayon:

Mga Akdang Pampanitikan sa Panahon ng Katutubo, Espanyol, at Hapon

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO BAITANG 8

Modyul Blg. 1: Salamin Ng Kahapon Bakasin Natin Ngayon: Mga Akdang Pampanitikan Sa Panahon Ng Mga Katutubo, Espanyol, At Hapon

Aralin Blg. 1: Salamin ng Kahapon Bakasin Natin Ngayon: Mga Akdang Pampanitikan sa Panahon ng Mga Katutubo

Panimula at mga Pokus naTanong

Kailan ka nakaramdam ng matinding panibugho o inggit at ano ang naging bunga nito sa'yo at sa ibang tao? Kaugnay nito, paano mo gagamitin ang kalayaang ipinagkaloob sa iyo ng iyong mga magulang? Sa kabilang banda, paano mo kaya maipakikita o mapatutunayan ang iyong pagiging ganap na Pilipino, nasa loob at labas ka man ng bansa?

Sa modyul na ito, mabibigyang sagot ang sumusunod na mga tanong:

1. ***Bakit mahalagang maunawaan at mapahalagahan ang iba't ibang akdang pampanitikan mula sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon?***
2. ***Masasalamin ba sa panitikan ang kultura o kalagayang panlipunan ng isang bansa sa panahon at lugar na isinulat ito? Patunayan.***
3. ***Paano nakaaapekto ang panitikan ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan?***
4. ***Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang minana pa sa ating mga ninuno?***
5. ***Paano nakatulong ang mabisang paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kasiningan ng akda?***

Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga nabanggit na tanong kapag pinag-aralan mo ang tatlong yugto ng mga aralin.

Aralin	Pamagat	Matutuhan mo ang…	Bilang ng Oras/

Blg.			Sesyon
Aralin 1	Panahon ng mga Katutubo 1.Panitikan: Karunungang-bayan: Bugtong, Salawikain, Kasabihan, Sawikain Wika: Paghahambing; Eupemistikong Pahayag 2. Panitikan: *Alamat ng Bundok Pinatubo* Wika: Pang-abay na Panlunan at Pamanahon 3. Panitikan: *Bidasari* (Epiko) Wika: Mga Hudyat ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari	•Mahulaan ang mahahalagang kaisipan at sagot sa mga karunungang-bayang napakinggan • Maiugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa mga karunungang-bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan •Mabigyang -kahulugan ang mga talinghagang ginamit. •Makilala ang bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na ginamit sa napanood na pelikula o programang pantelebisyon •Maibahagi ang sariling kuro-kuro sa mga detalye at kaisipang nakapaloob sa akda batay sa: - pagiging totoo o hindi totoo - may batayan o kathang isip lamang •Makasulat ng sariling bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na angkop sa kasalukuyang kalagayan •Magamit ang paghahambing sa pagbuo ng alinman sa bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan	

		(eupemistikong pahayag) ●Mailahad ang sariling pananaw sa pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ng mga puntong binibigyang diin sa napakinggan ●Magsuri ng pagkakabuo ng alamat batay sa mga elemento nito - pamantayang pansarili - pamantayang itinakda ●Magsulat ng sariling alamat tungkol sa mga bagay na maaaring ihambing sa sarili ●Magamit nang wasto ang mga kaalaman sa pang- abay na pamanahon at panlunan sa pagsulat ng sariling alamat ●Makinig nang may pag-unawa upang : - mailahad ang layunin nang napakinggan - maipaliwanag ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari ●Mapaunlad ang kakayahang umunawa sa binasa sa pamamagitan ng: - paghihinuha batay sa mga ideya o pangyayari sa akda	

		- dating kaalaman kaugnay sa binasa ●Makilala ang kahulugan ng mga piling salita/ pariralang ginamit sa akdang epiko ayon sa: - kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan - talinghaga ●Mag-uri ng mga pangyayaring may sanhi at bunga mula sa napanood na *video clip* ng isang balita ●Magamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa: - paghahawig o pagtutulad - pagbibigay depinisyon - pagsusuri ●Magsulat ng talatang: - binubuo ng magkakaugnay at maayos na mga pangungusap - nagpapahayag ng sariling palagay o kaisipan - nagpapakita ng simula, gitna, wakas ●Magamit ang mga hudyat ng sanhi at bunga ng mga pangyayari (dahil,sapagkat,kaya, bunga nito, iba pa)	

***Concept Map* ng Modyul**

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.

MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA PANAHON NG MGA KATUTUBO, ESPANYOL, AT HAPON

***ARALIN 1* – PANAHON NG MGA KATUTUBO**

Aralin 1.1: Panitikan: Karunungang-bayan: Bugtong, Salawikain, Kasabihan, Sawikain
Wika: Paghahambing; Eupimistikong Pahayag

Aralin 1.2: Panitikan: *Alamat ng Bundok Pinatubo*
Wika: Pang-abay na Panlunan at Pamanahon

Aralin 1.3: Panitikan: *Bidasari* (Epiko)
Wika: Mga Hudyat ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari

***ARALIN 2* – PANAHON NG MGA ESPANYOL**

Aralin 2.1: Panitikan: Tula: Pag-ibig sa Tinubuang Lupa ni Andres Bonifacio

Aralin 2.2: Panitikan: Maikling Kuwento: [illegible]AYAG ni Emilio Jacinto

***ARALIN 3* – PANAHON NG MGA HAPON**

Aralin 3.1: Panitikan: Tula: Haiku at Tanka

Aralin 3.2: Panitikan: Maikling Kuwento: Lupang Tinubuan

Inaasahang mga Kasanayan

Upang mapagtagumpayang masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nahihinuha ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon.
2. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa kalagayan ng lipunan sa panahong nasulat ito, pagtukoy sa layunin ng pagsulat ng akda, at pagsusuri sa epekto ng akda pagkatapos itong isulat.
3. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa binasa.
4. Naipahahayag ang sariling pananaw at damdamin sa ilang pangyayari sa binasa.
5. Naibibigay ang sariling puna sa kahusayan ng may-akda sa paggamit ng mga salita at pagpapakahulugan sa akda.
6. Nailalahad ang damdamin o saloobin ng may-akda, gamit ang wika ng kabataan.
7. Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa napakinggang aralin.
8. Nasusuri ang mga pangunahing kaisipan sa akdang binasa.
9. Nasusuri ang mga katangian at tono ng akda batay sa napakinggang mga bahagi.
10. Naipaliliwanag ang sariling saloobin/ impresyon tungkol sa mahahalagang mensahe at damdaming hatid ng akda.
11. Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salitang mula sa aralin batay sa denotasyon at konotasyong kahulugan.
12. Naibabahagi ang nadarama matapos mapanood ang isang *music video* na may temang katulad ng aralin.
13. Nabibigkas nang madamdamin ang mga piling bahagi ng tula at maikling kuwento.
14. Nailalarawan ang tagpuan ng akda batay sa napakinggan.
15. Natatalakay ang aralin gamit ang estratehiya ng simula, pataas na aksyon, kasukdulan, kakalasan, at wakas.
16. Nasusuri ang mga sitwasyong nagpapakita ng iba’t ibang damdamin at motibo ng mga tauhan.
17. Naibibigay ang kahulugan ng salitang di pamilyar gamit ang kontekstwal na pahiwatig.
18. Nagagamit ang mga hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga hakbang na maisasagawa upang magbago ang isang bayan.

19. Naipahahayag ang pansariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang mga salitang naghahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat (hal: totoo-ngunit)

PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong.
Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang itinuturing na pinakamatandang anyo ng panitikan na ginamit ng ating mga ninuno upang ituro ang kagandahang-asal sa mga kabataan?
   a. alamat
   b. epiko
   c. karunungang-bayan
   d. maikling kuwento

2. Sino ang mapanibughuing asawa ni Sultan Mongindra sa epikong *Bidasari*?
   a. Sinapati
   b. Indarapatra
   c. Lila Sari
   d. Sita

3. Sa alamat ng *Bulkang Pinatubo*, paano natilgil ang labanan ng mga tribo?
   a. Nang mapatay ang pinuno ng magkabilang tribo
   b. Nang mapatay ang anak ng pinuno ng isang tribo
   c. Nang mabihag ang asawa't mga anak ng pinuno
   d. Nang masunog lahat ang kabahayan ng isang tribo

4. Alin sa mga islogan ang pinakaangkop na maiuugnay sa mga karunungang-bayang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo?
   a. “Dunong ng Kahapon, Di na Mababakas Ngayon”
   b. “Dunong ng Kahapon, Alaala na Lamang Ngayon”
   c. “Karunungang-bayan, Epekto’y Habambuhay”
   d. “Karunungang Lipas, Di na Kailangan Nang Lumakas”

5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang di kakikitaan ng sanhi at bunga?
   a. Magdamagang di nakatulog ang mga magkakaibigan sa dalampasigan kahit sariwa ang hangin.
   b. Hitik sa bunga ang punong mangga at papaya nina Aling Cora dahil sa paglalagay ng mga pataba.
   c. Ang pagpapamalas ng positibong saloobin at determinasyon ay humahantong sa tagumpay.
   d. Labis ang pasasalamat ng ama’t ina sa Diyos dahil naging masunurin ang lima nilang supling.

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang may pinakamalapit na kahulugan ng salawikaing “Kapag malakas ang agos, mababaw ang ilog”?
   a. Mababaw man ang ilog, mag-ingat pa rin sa pagtawid lalo na kung malakas ang agos.
   b. Mababaw ang ilog kung malakas ang agos sapagkat maraming bagay na naiipon dito.
   c. Higit na makabuluhan ang buhay kung tuloy-tuloy na umaagos ang karunungan.
   d. Masalita at maingay ang taong walang sapat na dunong sa paksang pinag-uusapan.

7. Lumipat ng tirahan ang mag-anak na Ferrer dahil di na maganda ang sinasabi ng mga taong nakapalibot sa kanila. Halos sa araw-araw na ginawa ng Diyos, puro nakasusugat-puso ang maririnig sa mga tao laban sa pamilyang ito. Alin sa mga sumusunod na sawikain ang pinakaakma sa sitwasyon ng pamilyang ito?
   a. “ngiting-aso”
   b. “nagtataingang-kawali”
   c. “basa na ang papel”
   d. “itaas ang watawat”

8. Nang dahil sa dayaang nangyari, nagpalitan ng masasakit na salita ang magkabilang koponan. Umabot ito sa puntong kailangang mamagitan ang mga pulis at ilang opisyal ng barangay upang ito’y mabigyang-solusyon. Anong sawikain ang iyong mabubuo na may pinakamalapit na kaugnayan sa natukoy na sitwasyon?
   a. “nagkahalo ang balat sa tinalupan”
   b. “habang may buhay, may pag-asa”
   c. “lintik lamang ang walang ganti”

d. “mapaglubid ng buhangin”

9. Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo?
   a. Huwag nang pagtuunan pa ng pansin ang mga ito yamang ibang-iba na ang lagay natin sa ngayon kumpara sa kanila.
   b. Patuloy na pag-aralan ang mga ito at tingnan ang mga aral na maaaring isabuhay tungo sa positibong pagbabago.
   c. Magsawalang-kibo at hayaang gawin ng mga guro at iba pang pinuno ang pagpapanatili at pagpapaunlad sa mga ito.
   d. Ipaubaya na lamang sa Maykapal kung anong kapalaran ang naghihintay sa mga panitkang umusbong sa Panahon ng Katutubo.

10. Ano ang pangunahing mensahe ng alamat ng *Bulkang Pinatubo* na kailangang maikintal sa puso’t isipan ng bawat Pilipino?

   a. Pagmamahal ng ama sa kaniyang anak
   b. Pagmamahal sa tribong kinabibilangan nang higit sa lahat
   c. Pagmamahal ng lalaki sa babae at magsamang maligaya
   d. Magkaisa’t makipagkasundo ng mapayapa sa sinumang tao sa lipunan

11. Alin naman sa mga sumusnod na pahayag ang pinakamahalagang kaisipang nais ipaunawa at bigyang-halaga ng epikong *Bidasari*?

   a. Nagdudulot ng kapahamakan ang pagkukunwari kaya huwag itong hayaang maghari sa sarili.
   b. Anumang likas-yaman ng bansa ay pangalagaan upang mapakinabangan nang matagalan.
   c. Matutong pahalagahan at masiyahan sa mga bagay na taglay, ito ang pundasyon ng saya.
   d. Likas sa tao ang makaramdam ng takot lalo na kung sariling buhay ang nasasangkot.

12. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang pinakaangkop na maglalarawan sa kahulugan ng sawikaing “paglulubid ng buhangin”?

   a. Pagkatapos ng klase, nagkayayaan ang magbabarkada sa isang *computer shop.* Gabi na nang umuwi ang mga bata. Dahil sa ayaw mapagalitan, nagsinungaling na lamang sa kani-kanilang magulang.
   b. Hindi na matiis ni Mauro ang sakit ng katawan dala ng pag-eensayo ng *taekwondo*. Kaya kinausap ang mga magulang na itigil na ito at maghanap na lamang ng ibang mapagkakaabalahan.
   c. Lumaki si Milky sa piling ng lolo’t lola dahil maaga siyang naulila sa ama’t ina. Wala rin siyang kapatid na kalaro sana. Sa paaralan, binu-*bully* pa siya. Lungkot at awa sa sarili ang nararamdaman niya.

d. Naglalaro sa kompyuter si Dario nang marinig ang utos sa kaniya ng ina. Di niya ito pinansin. Muling inulit ng ina ang utos ngunit si Dario'y nagpatuloy sa paglalaro. Paulit-ulit siyang inutusan ngunit tila walang naririnig si Dario.

13. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang di ginamitan ng dalawang uri ng pang-abay: pamanahon at panlunan?
    a. Ayaw man sanang gawin ng ina ngunit kailangan niyang lumayo at magtrabaho sa ibang bansa upang matustusan ang lumalaking pangangailangan ng apat na anak.
    b. Ipinadama ng anak ang pagmamahal sa mga magulang na nagtatrabaho araw-araw sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti sa paaralan at pagtulong sa mga trabaho pag-uwi sa bahay.
    c. Sa tuwing sasapit ang buwan ng Pebrero, totoong dinarayo ang Lungsod ng Baguio dahil sa kagustuhang masaksihan ang naggagandahang parada ng mga sariwang bulaklak.
    d. Marami ang nagulantang nang mabalitaan mula sa telebisyon, radyo, at internet na nasa piitan na ngayon ang artistang nasangkot sa kasong korapsyon at pandarambong.

14. Bilang isang mabuting mamamayan at anak ng Diyos, makatuwiran bang ibahin ang pagtrato sa mga tunay na anak at sa mga ampon lamang? Bakit?

    a. Oo dahil *blood is thicker than water* ika nga sa Ingles. Kadugo ng ama't ina ang mga tunay na anak samantalang malayong mangyari ito sa mga ampon.
    b. Oo dahil kung hindi, lilikha ito ng hidwaan sa pagitan ng mga tunay na anak at ng kanilang magulang o kaya'y hidwaan sa pagitan nilang magkakapatid.
    c. Hindi sapagkat karapatan ng bawat isa na tumanggap nang pantay na pagtrato, ayon ito sa batas ng tao at lalong-lalo na sa batas ng Diyos.
    d. Hindi sapagkat ito ang ginagawa ng iba at matutong gumaya sa kanila kahit di lubos na maunawaan ang dahilan sa paggawa nito.

15. Isa sa iyong kaklase ang napansin mong walang kainte-interes sa pag-aaral ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Sa tuwing talakayan sa klase, napupuna mong di niya pinakikinggan ang paliwanag ng guro. Hanggang sa malaman mong nagbibigay ito ng mga negatibong komento sa mga paksang tinatalakay. Ayaw mong malaman ito ng iyong guro dahil ayaw mong madagdagan pa ang pinapasan nilang trabaho. Anong pasiya ang *pinakamainam* mong gawin?
    a. Magsawalang-kibo na lamang dahil sa panahon ngayon, matutong huwag makialam sa problema ng iba at baka ika'y awayin pa.
    b. Buong suyong kausapin ang kaklaseng ito upang malaman at maunawaan ang tunay na dahilan ng gayong negatibong ugali.

c. Hintayin na lamang kung kailan mapapansin ng guro ang negatibong reaksyon ng kaklase at hayaang siya ang lumutas nito.
d. Sugurin ang kaklase at sabihin sa harapan ng mga kaklase na huwag nang pumasok sa paaralan kung ganyan din lang ang ugali.

16. Ilang taon na ang nakalilipas nang ika'y huling bilhan ng bagong gadyet ng iyong magulang. Sa tuwing magpapabili sa mga magulang, lagi na lamang nilang sinasabi na magtipid dahil marami kayong pinaggagastusan. Ngunit taliwas sa sinasabi nila, tila napapansin mong paiba-iba ang gadyet ng iyong nakababatang kapatid. Nag-usisa ka sa iyong kapatid at napatunayan mong lagi pala siyang binibilhan ng bagong gadyet. Anong pasya ang *pinakamakabuluhan* mong isasagawa?
    a. Aawayin ang kapatid at ipamukha sa kaniya na ikaw dapat na panganay ang unang magkaroon ng bagong gadyet bago siya.
    b. Susumbatan ang ama't ina sa harapan ng maraming tao para kapag sila ay napahiya, mapipilitan silang bilhan ka ng bagong gadyet.
    c. Maglalayas sa bahay upang ipadamang galit ka sa mga magulang at babalik lamang kung mangangako silang bibilhan ka ng bagong gadyet.
    d. Buong paggalang na kakausapin ang mga magulang at ipabatid sa kanila ang nalaman upang mabigyang-paliwanag ang lahat at magkaunawaan

17. Ang nakararaming atensyon ng iyong mga kaibigan ay lagi mong nakukuha. Laging pagsang-ayon sa kanila ang anumang sabihin mo. Lagi ka ring umaani ng papuri mula sa kanila kahit sa mga mumunti mong kabutihang nagagawa. Ngunit mula nang dumating ang isa pang kaibigan sa grupo ninyong magkakaibigan, napasakanya ang kinagigiliwan mong atensyon. Siya na ang sinasang-ayunan at pinupuri at tila mali ang bawat mungkahi na iyong sinasabi. Napuna mo ring higit na masaya ang inyong samahang magbabarkada kapag siya na ang kasama at tila malungkot kung wala siya. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamainam* mong pasya?
    a. Umalis na lamang sa grupo at bumuo ng iba na ang mga miyembro'y sasang-ayon at pupuri sa'yo sa lahat ng pagkakataon.
    b. Magkalat ng kasinungalin tungkol sa kaibigang ito upang masira ang kaniyang pangalan at ikaw na muli ang pagkatiwalaan.
    c. Ipagpatuloy na gawin kung ano ang kaaya-aya sa lahat at matutong makipagkaibigan sa lahat nang walang halong pagkukunwari.
    d. Kumprontahin ang kaibigang ito, sabihan ng mga masasakit at nakakukunsensyang mga salita hanggang sa maisipang umalis sa grupo.

18. Laging laman ng balita ang alitan ng dalawang tribo sa isang lugar sa ating bansa. Sa katunayan, may ilang buhay na ang naisakripisyo. Laman din ng balita na nagpapatuloy ang nasabing labanan sa kabila ng pagtulong ng mga ilang pinuno ng lipunan. Nag-iisip ka tuloy kung paano ka

makatutulong gayong isa ka lamang na mag-aaral at malayong-malayo ang lugar mo sa kanila. Paano nga ba? Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* mong gawin?

a. Sulatan ang dalawang tribo at isa-isahin sa sulat ang masasamang epekto ng kanilang labanan.
b. Sulatan ang mga pinuno ng bayan sa lugar na iyon para konsensyahin silang tumulong.
c. Laging idalangin sa Poong Maykapal na sana'y makipagpayapaan na ang dalawang tribo.
d. Huwag nang makialam sa usaping ito dahil di ka naman apektado dahil sa layo ng lugar n'yo.

19. Edad mo'y labing-apat at pag-ibig ng magulang mo sa'yo'y di salat. Mga pangangailangan mong pisikal, emosyonal, pinansiyal, at maging espiritwal ay nag-uumapaw. Kaysaya ng inyong pagsasama na tila ayaw mo nang humiwalay pag sila'y kasama. Gayunpaman, sa pagkakataong di sinasadya, nabasa mo ang kasulatang nagpapatunay na ikaw ay ampon lamang nila. Kinuha ka mula sa bahay-ampunan nang ika'y tatlong taong gulang pa lamang. Sa'yong nalaman, nasaktan ka't nagdamdam at di napigilan ang pag-agos ng iyong mga luha. Ano ngayon ang iyong pasya na *kapaki-pakinabang nang lubos*?
    a. Buo na ang pasyang pag-iwan sa kinagisnang magulang pagkatapos isumbat ang ginawa nilang paglihim ng katotohanan.
    b. Patagong layasan ang kinalakihang magulang bilang paraan ng 'yong paghihiganti sa ginawang pagkukubli ng katotohanan.
    c. Magkunwaring di nalaman ang katotohanan at gawing dahilan ang natuklasan upang sila'y paghigantihan.
    d. Magandang samaha'y huwag hayaang masira sa bagay na natuklasan dahil ngayon ang mahalaga di ang nakaraan.

20. Lagi kang binibigyan ng mga payo na humahantong sa maganda. Lagi kang pinapasaya sa tuwing ika'y nakararamdam ng kalungkutan. Lagi niyang pinatatatag ang iyong kalooban sa tuwing nais mo nang sumuko. Lagi niyang pinupunan ang iyong mga pagkukulang. Nakuha pa niyang akuhin ang kasalanang ikaw ang may gawa upang mailayo ka lamang sa tiyak na kapahamakan. Ngunit isang araw, napag-alaman mong sangkot pala ang taong ito sa pagtutulak ng droga, hanggang umabot sa puntong ikaw ay hinihikayat na humithit ng marijuana at iba pang nakamamatay na droga. Ano ang iyong *pinakamabuting* pasya?
    a. Gawin ang gusto bilang pagtanaw ng utang na loob sa kaniya kahit alam mong manganganib na pareho ang inyong mga buhay.
    b. Huwag pumayag sa gusto bagkus payuhan siyang itigil ang ginagawa dahil kapahamakan lamang ang hahantungan ninyong dalawa.

c. Agad na ipagbigay-alam sa mga pulis ang masamang ginagawa niya upang siya'y hulihin dahil batid mong maling-mali ang kaniyang ginagawa.
d. Gawin ang ipinagagawa at mangakong ililihim ito sa lahat ngunit ang totoo plano mo siyang ipahuli sa mga pulis kahit siya'y kaibigan.

Aralin 1.1: MGA KARUNUNGANG-BAYAN: BUGTONG, SALAWIKAIN, KASABIHAN, AT SAWIKAIN

PAGTUKLAS

Mababatid mo sa bahaging ito ng modyul ang mga karunungang-bayan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Matutuklasan mo rin dito kung paano nakaaapekto ang mga karunungang-bayan ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan.

Gayundin, matutuklasan mo kung paano mapananatili at mapauunlad ang mga karunungang-bayan na minana pa sa ating mga ninuno.

Gawain 1: Kaisipan at Saloobin Mo, Ibulalas Mo

Bigyang-reaksyon ang isang sitwasyon sa ibaba na nagbibigay-kahulugan *sa* salawikaing *Aanhin mo ang damo kung patay na ang kabayo.* Isulat sa nakalaang patlang ang iyong tugon sa loob ng lima hanggang walong pangungusap lamang.

Sitwasyon: Nang yumao ang dating pangulong Corazon Aquino, ang tanyag na *action star* na si Fernando Poe Jr. (FPJ), ang bantog na komedyanteng si Dolphy, at iba pang sikat na personalidad sa mundo man ng politika at pelikula, samo't saring parangal ang iginawad sa kanila.

Kaisipan at saloobin mo:

Natukasan mo na sa unang gawain pa lamang ang paglalapat sa tunay na buhay ng isang karunungang-bayan, ang salawikain.Higit pa rito ang iyong matutuklasan sa pagpapatuloy ng iyong paglalakbay sa araling ito. Makikita mong nararapat yakapin at palaganapin ang karunungang- bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo dahil sa kahalagahan nito sa kasalukuyan.

Ang susunod na gawain ay may layuning tuklasin ang lawak at lalim ng iyong pag-unawa sa mga karunungang-bayan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo.

Gawain 2: Konsepto ng Pagbabago

Nasa ibaba ang halimbawa ng *Anticipation Reaction-Guide* (ARG). Basahin ang mga pahayag sa gitna ng talahanayan. Pagkatapos, punan lamang ang unang hanay sa ilalim ng *Bago ang Pag-aaral* sa pamamagitan ng paglalagay mo ng tsek sa tabi ng salitang *"sumasang-ayon"* o "*tumututol".* Isaalang-alang mo ang iyong mga naging sagot yamang maaaring magbago ang mga ito habang o pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito.

ANTICIPATION REACTION-GUIDE				
BAGO ANG PAG-AARAL		MGA PAHAYAG	PAGKATAPOS NG PAG-AARAL	
SUMASANG-AYON	TUMUTUTOL		SUMASANG-AYON	TUMTUTUTOL
		1. Nararapat nang ibaon sa limot ang anumang karunungang-bayan sapagkat di na akma ang mga ito sa kasalukuyang panahon.		
		2. Masasalamin sa mga karunungang-bayan ang mga kultura nating mga Pilipino na kailangang tanggapin at palaganapin.		
		3. Ginamit ng ating mga ninuno ang		

		mga karunungang-bayan bilang paraan upang takutin ang mga kabataan sa paggawa ng kasamaan.		
		4. Ang salawikain, kasabihan, sawikain, alamat, at epiko ay pawang mga hailmbawa ng karunungang-bayan.		
		5. Higit na malalim ang kahulugan ng salawikain kaysa sa kasabihan at sawikain.		
		6. Eupemistikong pahayag ang tawag sa bawat pahayag na sadyang ginamit upang pagaanin at gawing mas maayos sa pandinig ang mga salitang mabigat at may kalaswaan ang dating.		
		7. Kailangang panatilihin ang mga karunungang-bayan nang maipakita ang pagpapahalaga sa mga panitikan minana sa ating mga ninuno.		

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Tunay na sa bisa ng ARG, nabigyan ka ng pangkalahatang pananaw hinggil sa mga puntong dapat mong bigyang-pansin sa pag-aaral ng araling ito.

Ngayon, iyo nang pasukin at galugarin ang daigdig ng karunungang-bayan sa pamamagitan ng gawaing inihanda.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Buong atensyon ang hinihiling ng bahaging ito ng modyul upang malaman at maunawaan mo ang mga karunungang-bayan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo at masalamin sa mga ito ang mga kultura nating mga Pilipino na kailangang yakapin at payabungin sa kasalukuyan.

Upang higit na magkaroon ng tiyak na direksyon at higit na maayos Ang magiging daloy ng impormasyong iyong malalaman, makatutulong ang pagbibigay-atensyon sa nilalaman ng grapikong pantulong ayon sa tamang pagkasunod-sunod ng pagtalaky sa mga ito.

TANDAAN

Ang bawat karunungang-bayan ay gumagampan ng malaking papel upang makita ang epekto ng panitikang ito sa kasalukuyan at sa kinabukasan at kung paano ito mapananatili at mapauunlad.



SAWIKAIN

Ngayong batid mo na ang magiging daloy ng pagtalakay sa karunungang-bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo, aktuwal mo nang malalaman ang tungkol dito sa pagbasa ng teksto.

Basahin at unawain mo ang mga Karunungang-bayan na Umusbong at Lumaganap sa Panahon ng Katutubo

Pagbasa 1

Upang higit na malaman at maunawaan ang iba't ibang saklaw ng karunungang-bayan na naging palasak sa Panahon ng Katutubo, at makita ang kahalagahan ng mga ito kahapon, ngayon, at bukas, iyong basahing mabuti ang teksto sa ibaba.

Mga Karunungan-Bayan na Umusbong at Lumaganap sa Panahon ng mga Katutubo

1. BUGTONG – ang mga bugtong ay pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan. Ito ay binibigkas nang patula at may lima hanggang labindalawang pantig. Ang bugtungan ay nilalaro ng mga naglalamay sa bahay nang namatayan upang magbigay-aliw at upang di antukin ang mga nagpupuyat. Nang lumaon, ang bugtungan ay ginagawa rin kung may handaan o pistahan. Ang mga Tagalog ang pinakamayaman sa bugtong.

Mga Halimbawa:

Bahay ko sa pulo Nagtago si Piro
Balahibo'y pako Nakalitaw ang ulo
(Langka) (pako)

May binti walang hita
May tuktok walang mukha
(kabute)

Ha pula, ha puti
Iskuwelahang munti
(itlog)

Ito na si Ingkong

Nagdaan si Negro

Nakaupo sa lusong
(kasoy)

Narito na si Ingkong
Bubulong-bulong
(bubuyog)

Nabuwal na lahat ang tao
(gabi)

Balong malalim
Punong-puno ng patalim
(bibig)

2.SALAWIKAIN – isang patalinghagang pahayag na ginagamit ng mga matatanda
noong unang panahon upang mangaral at akayin ang mga kabataan sa mabuting
asal. Ito'y patulang binibigkas na may sukat at tugma. Ito ang nagsisilbing batas ng
magandang kaugalian at pagkilos noong panahon ng ating mga ninuno.

Mga Halimbawa:

Anak na di paluhain
Ina ang patatangisin

Ang sumisira sa bakal
Ay kaniya ring kalawang

Kung anong bukambibig
Siyang laman ng dibdib

Naghahangad ng kagitna
Sansalop ang nawala

Kung tubig ay magalaw
ang ilog ay mababaw

Ang sakit ng kalingkingan
dama ng buong katawan

3. KASABIHAN – ay karaniwang ginagamit sa panunukso o pagpuna sa isang gawi o
kilos ng ibang tao. Madalas, madaling makuha ang kahulugan nito sapagkat lantad
ang kahulugan nito.

Mga Halimbawa

Tiririt ng maya
Tiririt ng ibon
Ibig mag-asawa
Walang ipalamon

Pedro Penduko
Matakaw ng tuyo
Nang ayaw maligo
Pinukpok ng bato

Ako'y isang lalaking maliksi
Susong gumagapang
Hindi ko pa mahuli

Ako'y isang lalaking matapang
Huni ng tuko ay kinatatakutan

Tiririt ng maya
Tiririt ng ibon
Kaya lingaw nang lingaw
Hanap si Ramon

Putak, putak
Batang duwag
Matapang ka't nasa pugad

4. SAWIKAIN – tinatawag ding idyoma. Lipon o grupo ito ng mga salitang patalinghaga
ang gamit. Tulad ng salawikain, nagbibigay ang mga ito ng di tuwirang kahulugan.
Madalas ding gumagamit ng eupemistikong mga salita o pahayag. Ang terminong
eupemismo o **badyang pampalubag-loob** ay ang pagpapalit ng salitang mas magandang pakinggan kaysa sa salitang masyadong matalim, bulgar, o bastos na
tuwirang nakapananakit ng damdamin o hindi maganda sa pandinig. Halimbawa nito
ang paggamit ng "**sumakabilang-buhay" sa halip na ang pabalbal na natigok, natepok, o natodas**

Mga Halimbawa

Mahaba ang kamay - magnanakaw
anak-dalita - mahirap
balitang-kutsero - balitang hindi totoo o hindi mapanghahawakan
bantay-salakay - taong nagbabait-baitan
basa ang papel - bistado na, di na maganda ang reputasyon
di madapuang langaw maganda ang bihis
di makabasag-pinggan - mahinhin
hampaslupa - lagalag, busabos
itaga sa bato - tandaan
kapit-tuko - mahigpit ang hawak
luha ng buwaya - mapanlinlang sa kapwa
Mahangin ang ulo – mayabang

Iyo nang nabatid at naunawaan ang mga karunungang-bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Nahihinuha mo na marahil ngayon ang kahalagahan ng mga ito noon at ngayon sa buhay nating mga Pilipino. Napagtanto mo rin ang mga dahilan kung bakit kailangang mapanatili ang mga ito bilang bahagi ng ating kultura.

Ngayon, isagawa mo ang susunod na gawain bilang paunang patunay ng iyong kabatiran at pag-unawa sa mga karunungang-bayan.

Gawain 3: Paghahambing ng Salawikain at Sawikain

Ilagay sa nakalaang grapikong pantulong na *venn diagram* ang pagkakatulad at pagkakaiba ng salawikain, sawikain at kasabihan.



Sagutin mo ang mga tanong.

1.Makabuluhan ba ang pag-alam sa mga karunungang-bayan? Pangatuwiranan

_____
_____
_____
_____

2.Ano ang epekto sa'yo ng iyong kaalaman at pag-unawa sa mga karunungang-bayan?

_____
_____
_____
_____

3.Sa iyong palagay, nararapat bang panatilihin at paunlarin ang panitikang ito na pamana ng ating mga ninuno? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

4.Paano kaya mapananatili at mapapauunlad ang ganitong uri ng panitikan?

_____
_____
_____
_____

Sa yugtong ito, napagtanto mo na ang halaga ng mga karunungang-bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo.

Masasalamin din natin sa mga karunungang-bayan ang likas na pagkahilig nating mga Pilipino sa "kasiyahan" na pumapawi ng ating kalungkutan, at nahahasa ang ating pag-unawa at mapanuring kaisipan. Kitang- kita ito sa mga bugtong. Bibigyang-diin natin ito sa susunod na gawain.

Gawain 4: Magbugtungan Tayo!

Matuto at mawili sa mga bugtong na iyong sasagutin. Dito masusukat ang lawak ng iyong kaalaman, at malilinang ang talas ng iyong isipan sa mga bugtong na minana pa natin sa ating mga ninuno. Isulat ang iyong sagot sa bugtong sa inilaang linya.

MGA BUGTONG

1. Nanganak ang birhen, Itinapon ang lampin
   Sagot: _____
2. Kaisa-isang plato, Kita sa buong mundo
   Sagot: _____
3. Sa araw ay bumbong, Sa gabi ay dahon
   Sagot: _____
4. Nagbibigay na, Sinasakal pa
   Sagot:_____
5. Hindi tao, hindi ibon, Bumabalik ‘pag itapon
   Sagot: _____
6. Mataas kung nakaupo, Mababa kung nakatayo
   Sagot: _____
7. Sa isang kalabit, May buhay na kapalit
   Sagot: _____
8. Kumpol-kumpol na uling, Hayun at bibitin-bitin
   Sagot: _____
9. Hindi prinsesa, hindi reyna bakit may korona
   Sagot: _____
10. Palda ni Santa Maria, Ang kulay ay iba-iba
    Sagot:_____

Sadyang kawili-wili ang pagsagot sa mga bugtong. Likas sa ating mga Pilipino ang pagkawili sa mga ganitong uri ng gawain. Totoong nalinang din ang iyong mapanuring kaisipan. Salamat sa bugtong bilang isa sa mga karunungang-bayan. Kaya nararapat lamang na ito'y pahalagahan, panatilihin, at paunlarin.

Ngayon naman, isagawa mo ang susunod na gawain upang mapatunayan mo ang iyong natamong pag-unawa sa mga eupemistikong salita o pahayag.

Gawain 5: Eupemismo, Biyayang Totoo!

Pamanang maituturing ng ating mga ninuno ang paggamit ng eupemismo sa pakikipag-usap nang higit na mabisa't kaaya-aya ang pakikipagtalastasan. Pag-aralang mabuti ang mga salita o pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos, tumbasan ito ng eupemismo.

Mga Salita o Pahayag	**Eupemismo**
1. namatay	1.
2. palaboy-laboy	2.
3. napakataba	3.
4. napakayabang	4.
5. bobo	5.
6. traydor	6.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1.Gaano kahalaga ang paggamit ng eupemismo sa pakikipagtalastasan?

_____
_____
_____
_____

2.Paano nakatulong sa ating mga ninuno ang paggamit nila ng eupemismo sa

pakikipag-usap?

_____
_____
_____
_____

3.Paano mo maipakikitang pinahahalagahan mo ang terminong eupemismo bilang
pamana ng ating mga ninuno?

_____
_____
_____
_____

4.Bakit dapat na panatilihin at paunlarin sa ngayon at sa kinabukasan ang anumang
pahayag na naglalaman ng eupemismo?

_____
_____
_____
_____

Binabati kita dahil naging mahusay ang iyong pagsagot sa sinundang gawain. Nabigyang-diin ang katotohanang ang paggamit ng ating mga ninuno ng eupemismo ay nagpapakitang nagmamalasakit sila sa damdamin/saloobin ng kanilang kapwa. Kaya naman, mahalagang manatili ito bilang bahagi ng ating kulturang Pilipino.

Ngayon, patuloy mong patunayang naunawaan mo ang mga ito sa pamamagitan nang inihandang gawain. Sa tulong ng gawaing ito, malilinang ang iyong pag-unawa at mapanuring kaisipan sapagkat upang maisagawa ng wasto ang gawain, kailangang malaman mo muna ang kahulugan ng bawat nabanggit na kasabihan at sawikain. Kaagapay mo rin ang gawaing ito upang mabatid na mayaman ang panitikang Pilipino sa mga ganitong uri ng karunungang-bayan na mag-uudyok ngayon sa'yo upang higit mo itong mapahalagahan at pagyamanin pa.

Gawain 6: Aling Karungang-bayan, Alin nga Ba?

Suriin ang sumusunod na mga salawikain, kasabihan, at sawikain. Ilagay sa tamang hanay kung saan nabibilang mga ito.

1. Ilista sa tubig
2. Kapag may isinuksok, may madurukot
3. Magdilang anghel
4. Kung ano ang talon ng ina/amang kambing, ang anak ay ganoon din
5. Ang taong walang kibo, nasa loob ang kulo
6. Ubos-ubos biyaya, bukas nakatunganga
7. Bulang-gugo
8. Basang-sisiw
9. Kasama sa gayak, di kasama sa lakad
10. Ang sakit ng kalingkingan, damdam ng buong katawan

SALAWIKAIN	KASABIHAN	SAWIKAIN

Pagbati ko'y tanggapin mo. Nagawa mo nang mapaghambing ng wasto ang salawikain, kasabihan, at sawikain.

Alam mo bang higit na maging mabisa ang pagtukoy sa pagkakatulad at pagkakaiba ng anumang bagay, kailangang tunay ang isang maayos na paghahambing. Ito ang pagtutuunan mo nang pansin sa susunod na gawain.

Basahin at unawain ang Dalawang Uri ng Paghahambing.

Alamin ang mga mahalagang impormasyon tungkol sa dalawang uri ng paghahambing sa pamamagitan ng pag-klik ng *link* na sa ibaba:

Pagbasa 2

http://www.scribd.com/doc/145048764/May-Dalawang-Uri-Ng-Kaantasan-_Ang-Paghahambing.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano-ano ang dalawang uri ng paghahambing?

_____
_____
_____
_____

2.Ano ang pangunahing pagkakaiba ng dalawang uri ng paghahambing?

_____
_____
_____
_____

3.Bakit mahalagang maunawaan ang dalawang uri ng paghahambing habang pinag-
aaralan ang mga karunungang-bayan sa Panahon ng Katutubo?

_____
_____
_____
_____

4.Makatutulong ba ang dalawang uri ng paghahambing upang higit na mapalitaw ang
mga kulturang masasalamin sa mga kurunungang-bayan? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

Higit na mapalilitaw ang pangunahing puntong ibig ipabatid, gayundin, mabibigyang diin ang kahalagahan ng mga kaisipan sa tulong ng dalawang uri ng paghahambing. Muli mo itong mapatutunayan sa susunod na gawain.

Gawain 7: Paghahambing na Kaygaling!

Sipating muli ang pagkakatulad at pagkakaiba ng salawikain, kasabihan, at sawikain sa tulong ng mga bubuuing pangungusap gamit ang dalawang uri ng paghahambing. Bigyang-diin sa paghahambing ang kahalagahan ng mga ito sa ating pagiging Pilipino. Pagkatapos, sagutin ang ilang makabuluhang tanong.

Para sa pagkakatulad, gamitin ang mga panlaping *kasing, sing, magsing, magkasing,* o kaya'y mga salitang *gaya, tulad, paris, kapwa, at pareho*	Para naman sa pagkakaiba, gamitin ang mga salitang *lalo, di gaano, di gasino, di lubha, higit, labis, at di hamak*
Pagkakatulad ng Salawikain, kasabihan, at Sawikain	**Pagkakaiba ng Salawikain, kasabihan, at Sawikain**
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Anong damdamin ang nangibabaw sa'yo sa katatapos na gawaing ito? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

2.Yamang sa pagbuo ng mga pangungusap binigyang-diin mo ang kahalagahan ng mga karunungang-bayan, masasabi mo bang dapat nga itong panatilihin at paunlarin bilang panitikang pamana ng ating mga ninuno? Pangatuwiranan.

_____
_____

_____
_____

3.Kung oo ang iyong naging tugon sa blg.2, paano kaya mapananatili at mapauunlad
ang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo?

_____
_____
_____
_____

Tunay na lumitaw sa ginawa mong paghahambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng salawikain, kasabihan, at sawikain. Napagtibay rin sa isinagawang paghahambing ang kahalagahan ng mga ito yamang masasalamin dito ang kulturang ating kinagisnan na kailangang panatilihin maging sa kasalukuyan.

Ngayon naman, ang susunod na gawain ay muling lilinang sa pag-unawa't pagpapahalaga mo sa mga karunungang-bayan.

Gawain 8: One-Minute Essay

Bumuo ng *one-minute essay* sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na *Bakit kailangan kong linangin ang aking pag-unawa't pagpapahalaga sa mga karunungang-bayan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo?* Gamitin ang nakalaang patlang sa ibaba. Gumawa rin ng isang maikli ngunit nakatatawag-pansing pamagat.

_____
Pamagat

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

_____

_____

_____

_____

_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Binabati kita dahil patuloy ang kahusayan ng iyong paggawa sa mga gawain.
Narating mo na ang punto upang mapalalim ang iyong pag-unawa't pagpapahalaga sa mga karunungang-bayan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo.

PAGPAPALALIM

Makatuwiran lamang na bilang isang Pilipino, iyong palalimin ang iyong pagpapahalaga sa mga karunungang-bayan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo sapagkat dito masasalamin ang kultura natin sa pamamagitan ng iyong pagsasagawa sa susunod na mga gawain. Patuloy mo nawang ipamalas ang kagalakang matuto yamang kultura nating mga Pilipino ang sangkot dito.

Gawain 9: Malalim na Pag-unawa, Sisisirin Kita!

Basahin at unawaing mabuti ang pahayag sa bawat bilang. Hanapin ang mga panlapi o salitang ginamit na nagsasaad ng paghahambing. Pagkatapos, tukuyin kung ito'y pahambing na magkatulad o di magkatulad. Isulat sa nakalaang kahon ang mga sagot.

1. Ang mga karunungang-bayan tulad ng salawikain, kasabihan, at sawikain ay parehong kasasalaminan ng mga kultura ng ating mga ninuno na dapat nating pag-ibayuhin at palaganapin.

Panlapi o salitang ginamit:	Uri ng paghahambing:

2. Ang mga karunungang-bayan ay kasinghalaga rin ng iba pang anyo ng panitikan sapagkat pare-pareho silang kasasalaminan ng mga kultura nating mga Pinoy.

Panlapi o salitang ginamit:	Uri ng paghahambing:

3. Higit na nangangailangan ng malalimang pag-unawa ang mga salawikain kaysa sa kasabihan sapagkat hindi lantad ang kahulugan ng mga ito.

Panlapi o salitang ginamit:	Uri ng paghahambing:

4. Ang mga salawikain at sawikain ay kapwa nangangailangan nang mapanuring pag-iisip nang matarok ang kahulugan ng mga ito.

Panlapi o salitang ginamit:	Uri ng paghahambing:

5. Di tulad ng salawikain at sawikain, higit hamak na madaling unawain ang kasabihan sapagkat halos lantad na ang kahulugan ng mga ito.

Panlapi o salitang ginamit:	Uri ng paghahambing:

6. Ang pagkakakilanlan nating mga Pilipino sa kasalukuyan ay higit na tumitibay habang pinag-aaralan natin ang mga panitikan sa Panahon ng Katutubo.

Panlapi o salitang ginamit:	Uri ng paghahambing:

Hindi maikukubling sa tulong nang sinundang gawain, sabay na napalalim ang iyong pag-unawa sa mga karunungang-bayan at araling panggramatika.

Iyong ipagpatuloy ang ginagawang pagpapalalim sa susunod na gawain.

Gawain 10: Kahulugan N'yo'y, Ilalantad Ko

Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga salawikain, kasabihan, at sawikain. Bigyang-kahulugan ang mga ito. Ilagay sa nakalaang kahon ang sagot.

1. Salawikain:
Anak na di paluhain
Ina ang patatangisin

Kahulugan

2. Kasabihan
Ang taong matiyaga
Matutupad ang ninanasa

Kahulugan

3. Sawikain
Sanga-sanga ang dila

Kahulugan

4. Salawikain
Pag ang tubig ay maalaw
Ang ilog ay mababaw

Kahulugan

5. Kasabihan
Ubos-ubos biyaya
Bukas nakatunganga

Kahulugan

6. Sawikain
Itaas ang watawat

Kahulugan

7. Sawikain	Kahulugan
Basa ang papel	

Ano ang iyong nadarama sa ngayon? Nawa'y nadarama mo ang kasiyahan dahil ang paglalim ng iyong pag-unawa sa mga karunungang-bayan ay unti-unti nang nagiging posible. Ipamalas mo sanang tuluyan ang kasabikang matuto sa pamamagitan ng mula sa pusong pagsasagawa sa susunod na gawain.

Gawain 11: Hahanapin Ko't Ilalantad

Basahin at unawaing mabuti ang teksto sa ibaba. Hanapin ang lahat ng mga salawikain, kasabihan, at sawikaing ginamit. Pagkatapos, isulat ang lahat ng ito sa kahon sa ibaba at ibigay ang kahulugan ng mga ito batay sa pagkakagamit sa teksto. Magdagdag ng kahon kung kinakailangan.

Bagbasa 2

Buhay-Estudyante

Ikapitong-langit ang nadarama ng sinumang estudyante dahil sa pagkakataon nilang makapag-aral sa kabila ng kahirapan ng buhay. Dahil dito, marami sa kanila ang nagsusunog ng kilay sa hangaring maipasa ang lahat ng asignatura. Gaano man kahirap ang mga gawaing pampaaralan, kailanma'y di sumagi sa kanilang isipan na itaas ang kanilang watawat. Alam nilang sa likod ng makapal na ulap ay may nakatagong liwanag.

Nakatutuwang isipin, marami sa mga mag-aaral na ito ang kayod kalabaw para masuportahan lamang ang pag-aaral. Tinitiis din nila ang maraming pagkakataong kinakalambre ang kanilang tiyan. Marami rin sa kanila ang natutong mamaluktot dahil sa maigsi ang kumot. Ang masaklap, malimit na butas ang kanilang bulsa.

Ibayong sipag at tiyaga ang ipinamamalas nila dahil ayaw nilang maranasan ang tulad ng iba riyan na walang ibang gawin kundi magbilang lamang ng poste. Lalong ayaw nilang maituring na mga laman ng lansangan. Ibayong atensyon din ang kanilang ibinibigay sa kanilang pag-aaral sapagkat ayaw nilang makakuha ng kalabasa sa anumang pagsusulit sa alinmang asignatura. Lahat ay ginagawa rin nila upang makadaupang-palad ang sinumang nakasasalamuha.

Sa kabilang banda, abo't batok ang ngiti ng mga estudyanteng ito kung may mga indibidwal na bukas ang diddib. Pinasasalamatan nilang lubos ang taong tulad nila. Oo, dalangin nating magtagumpay ang mga estudyanteng tulad nila. Mainit na komendasyon ang ibig nating tanggapin nila. Isa ka ba sa kanila?

Mga Salawikain/Kasabihan/Sawikaing Ginamit	Kahulugan

Hindi maitatatwang lumawak at napalalim na ang iyong kaalaman at nahasa ang iyong pag-unawa sa tulong nang ginawang gawain. Malugod na pagbati ko'y tanggapin mo.

Nais nating tuluyang mapalalim at mapagtibay ang anumang kaalamang natamo mo hinggil sa mga karunungang-bayan sa pamamagitan ng patuloy

na pagsasagawa mo sa susunod na makabuluhang gawain.

Gawain 12: Aking Nabatid!

Suriing mabuti ang mga halimbawa ng salawikain, kasabihan, at sawikain. Ibigay ang kahulugan ng bawat pahayag. Pagkatapos, bumuo ng pangungusap na naghahabing batay sa kahulugan ng mga ito gamit ang paghahambing na magkatulad at paghahambing na di magkatulad. Ilagay sa mga nakalaang kahon ang mga sagot.

Salawikain:
Ang di marunong lumingon sa pinanggalingan
ay hindi makararating sa paroroonan

Sawikain:
Mag-alsa balutan

Kahulugan:

Kahulugan:

Paghahambing na magkatulad:
_____
_____

Paghahambing na di magkatulad:
_____
_____

Sawikain
Paglulubid ng buhangin

Kasabihan
Ang pagsasabi nang tapat
Pagsasama nang maluwat

Kahulugan	Kahulugan

Paghahambing na magkatulad:

_____

_____

_____

Paghahambing na di magkatulad:

Salawikain Naibababa ang mapagmataas Naitataas ang mapagpakumbaba	**Sawikain** Basang-sisiw
Kahulugan	Kahulugan

Paghahambing na magkatulad:

_____

_____

_____

Paghahambing na di magkatulad:

Tunay na nasa mataas ng lebel ang iyong pag-unawa sa mga kahungang-bayan. Bagay na kahanga-hanga sa isang mag-aaral na tulad mo. Narating mo na ang huling gawain para sa bahaging ito ng aralin. Isagawa mo sana ito ng buong paggiliw.

Gawain 13: Pagbuo ng Salawikain/Kasabihan/Sawikain

Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba. Pagkatapos, mag-isip ng isang salawikain/kasabihan/sawikain na angkop sa bawat larawan. Ilagay sa nakalaang kahon sa mismong ibaba ng larawan ang anumang sagot.

Larawan blg.1

Larawang kuha ni Dem Custodio

Salawikain/Kasabihan/Sawikain

_____

_____

Larawan blg.2

Kuha ni Dem Cstodio

Salawikain/Kasabihan/Sawikain

_____

_____

Kuha ng manunulat ng modyul

Larawan blg.3

Salawikain/Kasabihan/Sawikain

_____

_____

Larawan blg.4

Kuha ni Dem Custodio

Salawikain/Kasabihan/Sawikain

_____

_____

Lubos ang aking paghanga sa'yo dahil matagumpay mong naisakatuparan ang bawat gawain lalong-lalo na ang mga nahuling gawain na talaga namang sumukat at luminang nang husto sa iyong katalinuhan.

Ngayon, muli mong balikan ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong sinagutan sa bahaging PAGTUKLAS. Pansinin ang ilang pagbabago sa iyong naging tugon.

Gawain 14: Balita Ko, Basahin MO

Pumunta sa **www.fodey.com** nang makabuo ng isang makabuluhang balita. Tugunan lamang ang hinihiling ng site na ito. Pagkatapos, i-*upload* o i-*post* mo ito sa iyong *Facebook Account* nang mabasa ng madla at mabatid ang iyong ginawang balita na naglalaman ng iyong mga natutuhan hinggil sa karunungang-bayan. Isaalang-alang ang nilalaman ng rubrik sa pagbuo ng balita.

Checkbric sa Paggawa ng Balita **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
PAMANTAYAN	**4**	**3**	**2**	**1**
1. Natiyak ang panahon kung kailan natutuhan ang tungkol sa mga karunungang-bayan.				
2. Nabanggit sa balita ang kahalagahan ng mga karunungang-bayan tulad ng bugtong, salawikain, kasabihan, at sawikain sa ating mga ninuno, sa atin ngayon, at sa kinabukasan.				
3. Naipaliwanag sa balita ang mga paraan upang mapanatili at mapaunlad ang mga karunungang-bayan.				
4. Nasasalamin sa balita ang panghihikayat sa mga kababayan na panatilihin at paunlarin ang karunungang-bayan na pamana ng ating mga ninuno.				
5. Natukoy sa balita kung saan nagmula ang mga impormasyon hinggil sa karunungang-bayan.				
6. Maayos ang pagkakahanay ng mga kaisipan mula simula hanggang natapos ang balita.				
Kabuuang Puntos				

Tiyak na kinawilihan at ikinatuto mo ang sinundang gawain. Tunay na hindi lamang ikaw ngayon ang nakaaalam sa karunungang-bayan kundi maging ang sinumang makababasa sa balitang iyong ginawa. Magaling!
Narating mo na ang huling pagtugon sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.*

Gawain 15: Mapa ng Kosepto ng Pagbabago

Nasa ibaba muli ang *Anticipation Reaction-Guide* (ARG). Pagkakataon mo nang sagutan ang huling hanay nang tuluyang mabatid ang lalim at linaw ng mga karunungang-bayan na tinalakay, at nang mapagtibay ang paninindigang dapat panatilihin at paunlarin ang mga ito sa ngayon at sa kinabukasan. Sa nakalaang patlang sa ibaba, isulat mo ang mga naging dahilan kung bakit mo binago ang ilan sa mga dati mong sagot.

ANTICIPATION REACTION-GUIDE				
BAGO ANG PAG-AARAL		MGA PAHAYAG	PAGKATAPOS NG PAG-AARAL	
SUMASANG-AYON	TUMUTUTOL		SUMASANG-AYON	TUMUTUTOL
		1. Nararapat nang ibaon sa limot ang anumang karungang-bayan sapagkat di na akma ang mga ito sa kasalukuyang panahon.		
		2. Masasalamin sa mga karunungang-bayan ang mga kultura nating mga Pilipino na kailangan tanggapin at palaganapin.		
		3. Ginamit ng ating mga ninuno ang mga karunungang-bayan bilang paraan upang takutin ang mga kabataan sa paggawa ng kasamaan.		
		4. Ang salawikain, kasabihan, sawikain, alamat, at epiko ay pawang mga hailmbawa ng		

		karunungang-bayan.		
		5. Higit na malalim ang kahulugan ng salawikain kaysa sa kasabihan at sawikain.		
		6. Eupemistikong pahayag ang tawag sa bawat pahayag na sadyang ginamit upang pagaanin at gawing mas maayos sa pandinig ang mga salitang mabigat at may kalaswaan ang dating.		
		7. Kailangang panatilihin ang mga karunungang-bayan nang maipakita ang pagpapahalaga sa mga panitikan minana sa ating mga ninuno.		

Mga dahilan kung bakit binago ang ilan sa mga datin mong sagot:

Manatili nawa ang mga natutuhan mo sa iyong isip at puso.

Sa puntong ito, iyong isasagawa ang gawaing kasasalaminan ng iyong sariling kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga sa kabuuan ng araling ito.

Gawain 16: Pagtataya sa Sarili

Layunin ng gawaing ito na ikaw mismo ang tumaya sa'yong kaalaman, kaunawaan, at pagpapahalaga sa mga karunungang nakapaloob sa araling ito sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pahayag sa ibaba.

Sa araling ito, iyong nabatid ang mga karunungang-bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng mga Katutubo tulad ng _____, _____, _____, at _____.

Naging maliwanag sa'yo na dahil sa panitikang ito, napagtanto mong ang epekto nito sa ating mga Pilipino ay _____ _____ _____

Dahil sa nasabing mga makabuluhang epekto, nararapat lamang kung gayo'n na ang panitikang ito ay _____ _____

Nais din nating bigyang-diin na upang mapanatili at mapaunlad ang panitikang ito, dapat ay _____ _____ _____

Sa paggawa nito, walang alinlangang tatatag ang ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Naging patunay na ang Pagtataya ng Sariling Pagkatuto na lubos na nga ang iyong pag-unawa sa mga karunungang-bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng mga Katutubo.

Hanga ako sa ipinakita mong karunungan habang isinasagawa mo ang samo't saring gawain. Hindi matatawaran ang kaalamang natamo mo buhat sa mga gawaing ito anupa't napagtibay ang iyong kabatiran na masasalamin sa mga karunungang-bayan sa panahon ng mga katutubo ang ating mga kultura. Mga kulturang kailangang mapanatili at mapaunlad pa lalo dahil tatak ang mga ito ng ating pagkakakilanlan.

Sa wakas, narating mo na ang huling yugto ng pagkatuto para sa araling ito. Ipamalas mo nang tuluyan ang hangaring matuto.

PAGLILIPAT

Ito na ang huling yugto ng pagkatuto para sa araling ito na sadyang inilaan upang sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng iyong proyekto.

Isaalang-alang na sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makabuo ng isang makatotohang proyektong panturismo. Makatutulong kung ganoon ang susunod na gawain.

Gawain 17: Paggawa ng Isang Poster

Samu't saring pamamaraan ang maaaring gamitin upang mahimok ang mga turista na pumunta sa ating sariling pamayanan o bansa. Isa na rito ang paggawa ng *Poster.* Kaya, ikaw ay gagawa ng isang *Poster* hinggil sa kagandahan ng iyong pamayanang kinabibilangan na maaaring di pa batid ng iba. Lagyan ng pamagat ang mabubuong *poster.* I-*post* o i-*upload* mo sa iyong *Facebook Account* ang iyong *output*. Isaalang-alang ang *checkbric* sa paggawa nito.

4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula				
	4	**3**	**2**	**1**
1. Nakatatawag-pansing pamagat				
2. Kahusayan sa paggamit ng mga kulay				
3. Kahusayan sa Konsepto				
4. Kalinawan ng Mensahe				
5. Dating sa madla				
Kabuuang Puntos				

TANDAAN

ipagkakailang masasalamin ang mga kulturang Pilipino sa mga g umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo. amin din sa mga panitikang ito ang mga kalagayang panlipunan hanggang sa kasalukyan. Dahil dito, makatuwiran lamang na huwag itong hayaang maibaon sa hukay bagkus buhayin, panatilihin, at paunlarin sa bawat posibleng pagkakataon.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Ang gawaing katatapos mo lamang isagawa ay isang panimulang hakbang bilang paghahanda upang maisakatuparan mo nang mahusay ang iyong ing proyekto sa pagtatapos ng modyul na ito, ang makabuo ng isang *otohanang proyektong panturismo.*

Ngayon, handa ka na upang pag-aralan ang susunod na aralin hinggil sa isang alamat na umusbong at lumaganap din sa *Panahon ng Katutubo.*

Aralin 1.2: ALAMAT NG BULKANG PINATUBO

PAGTUKLAS

Napag-isip-isip mo na ba kung saan hango ang sarili mong pangalan at kung bakit ito ang ipinangalan sa'yo ng iyong mga magulang? Alam kong kawili-wiling alamin ito kaya huwag mo nang patagalin pa, iyo nang isagawa ang unang gawain sa araling ito.

May kakaiba ka bang natuklasan sa isinagawang gawain? Ikinatuwa mo nga ba ang iyong nabatid o naghahangad ka ng pagbabago sa'yong pangalan?

Bueno, anuman ang kaso, maraming bagay na mas mahalaga ang dapat mong pagtuunan ng pansin kaysa sa pagbabago ng iyong pangalan. Isa na rito ang tungkol sa alamat na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo.

Makatuwiran pa kayang pag-aralan at pahalagahan ang mga ito? Paano nakaaapekto ang alamat sa Panahon ng Katutubo sa ngayon at sa hinaharap? Ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* ay makatutulong upang matugunan ito nang husto.

Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Sukatin mo kung gaano na kalawak ang iyong kabatiran sa tanong na *masasalamin ba sa alamat na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo ang kultura at kalagayang panlipunan ng ating bansa?* at *bakit mahalagang unawain ang alamat na umusbong sa panahong nabanggit?* Sagutin ang unang dalawang hanay sa *KWL tsart* sa ibaba.

K Ano ang alam mo na? (What do you know)	**W** Ano ang nais mong malaman? What do you want to find out)	**L** Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan? (What did you learn)

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Salamat at naging bukas ka sa iyong mga ideya at saloobin sa pagsagot sa unang tatlong hanay ng KWL tsart. Isaalang-alang ang mga naging tugon [illegible]g may posibilidad na mabago ang mga ito habang at pagkatapos

mapag-aralan ang araling ito.

Ngayon, alam kong taglay mo na ang kahandaan para sa ikalawang yugto ng pagkatuto para sa araling ito.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Layunin ng bahaging ito ng modyul na talakayin nang tuwirang mabatid at maunawaan ang mga tiyak na paksang saklaw ng araling ito. Nagbibigay-daya ang bahaging ito upang maisagawa nang may kahusayan ang susunod pang mga yugto ng pagkatuto. Kaya naman iyo nang simulang galugarin ang mga inihandang paksa sa araling ito sa susunod na gawain.

Pagbasa 1

Basahin at unawain ang ***Alamat ng Bulkang Pinatubo***

Ang pagkakaroon ng masamang pinuno at ang masamang dulot ng patuloy na labanan ng magkabilang pangkat ang nagbibigay peligro. I-klik ang link na ito **http://www.pinoyedition.com/mga-alamat/alamat-ng-bulkang-pinatubo/** upang mabasa ang alamat na naglalahad nito. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Sino-sino ang mga pangunahing tauhan sa alamat?

_____
_____
_____
_____

2.Sino sa mga tauhan sa alamat ang kinasuklaman mo nang husto? Bakit?

_____
_____
_____
_____

3.Bakit dating kahanga-hanga ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa pook ng

Pina?

_____
_____
_____
_____

4.Ano ang sanhi ng kaguluhan sa nayon ng Pina?

_____
_____
_____
_____

5.Paano natigil ang labanan sa pagitan ng dalawang lipi?

_____
_____
_____
_____

6.Ano-anong kultura o kalagayang panlipunan ang masasalamin sa alamat?

_____
_____
_____
_____

7.Alin sa mga nabanggit na kultura o kalagayang panlipunan ang nakikita pa sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan?

_____
_____
_____
_____

8.Ano-anong negatibong pag-uugali ang masasalamin sa alamat at bakit nararapat itong iwaksi?

_____
_____
_____
_____

9.Sa kabilang banda, ano-anong positibong pag-uugali ang masasalamin sa alamat at bakit mahalagang isabuhay sa kasalukuyan ang mga ito?

_____
_____
_____

Ang *Alamat ng Bulkang Pinatubo* ay nagpagtibay sa mga kultura o kalagayang panlipunan noon na nararapat panatilihin sa ngayon. Gayundin, sa tulong ng alamat, nabigyan tayo ng sapat na dahilan upang iwasang mga masasamang pag-uugali.

Ngayon, iyong subukin ang iyong pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan nang inihandang gawain.

Gawain 3: Pagbuo ng *Story Grammar*

Punan ang bawat kahon ng s*tory grammar* upang mabuo ang mahahalagang detalye sa *Alamat ng Bulkang Pinatubo.*

ANG ALAMAT NG BULKANG PINATUBO

TAGPUA

Lugar:

Panahon:

Tauhan:

TEMA

Mga Kultura o Kalagayang Panlipuan

BANGHAY

Panimulang Pangyayari:

Reaksyon ng Tauhan sa Pangyayari:

Pagkilos na Isinagawa:

Kinahinatnan:

Reaksyon sa Kinahinantan:

WAKA

Magaling! Naging maliwanag na sa'yo ang nilalaman ng alamat. Ngayon naman, muling ipagpatuloy ang paggawa sa susunod na gawain upang malinang ang iyong pag-unawa sa binasang akda at ang mapanuring pag-iisip ay mahahasa rin sa'yo.

Gawain 4: Bakit Nga Ba?

Narito sa ibaba ang mga tanong na nakaangkla sa mga mahahalagang pangyayari sa alamat na binasa. Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong nang maibigay mo ang karampatang tugon sa mga ito. Ilagay sa nakalaang patlang ang sagot.

1.**Bakit nga ba** may mga taong tulad ni Tulyok na ubod ng sama?

_____
_____
_____
_____

2. Bakit nga ba kailangang makasundo ang sinumang kapwa sa lipunang kinabibilangan?

_____
_____
_____
_____

3.Bakit nga ba kailangang iwaksi ang anumang bahid ng kasakiman?

_____
_____
_____
_____

4.Bakit nga ba umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo ang panitikang
tulad ng alamat?

_____
_____
_____
_____

5.Bakit nga ba kailangang tanggapin at palaganapin natin sa ngayon ang mga alamat

na lumaganap sa Panahon ng Katutubo?

_____
_____
_____
_____

Isang matunog na palakpak ang nais kong tanggapin mo sapagkat nabigyang-kahulugan mo ang mga mahahalagang konseptong nakapaloob sa *Alamat ng Bulkang Pinatubo*. Huwag nawang kalimutan ang mga ito.

Ngayon, kasabay ng pagpapahalaga mo sa panitikan, bigyang-pagpapahalaga mo naman ang gramatika lalong-lalo na ang mga *pang-abay na pamanahon at pang-abay na panlunan* sa tulong nang inihandang gawain.

Basahin at unawain ang pag-abay na panlunan at pang-abay na pamanahon.

Pagbasa 2

Hindi dapat isantabi ang pag-alam at pag-unawa sa gramatika yamang kaakibat na ng panitikan ang gramatika. Magkaugnay ang dalawa. Dahil dito, makatuwirang unawain ang tungkol sa dalawang uri ng pang-abay: pang-abay na panlunan at pang-abay na pamanahon. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na mga tanong. I-klik ang mga sumusunod na link upang mabatid ang kahulugan at pagkakaiba ng dalawang pang-abay:

http://gabayngwika.blogspot.com/2011/07/pang-abay.html
http://e-filipino101.blogspot.com/2009/03/pang-abay.html
http://www.takdangaralin.com/filipino/pang-abay/ano-ang-pang-abay-mga-uri-ng-pang-abay/

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pangunahing pagkakaiba ng pang-abay na pamanahon sa pang-abay na panlunan?

_____
_____
_____
_____

2.Bakit mahalaga ang kaalaman at pag-unawa sa pang-abay na pamanahon at

panlunan?

_____
_____
_____
_____

3.Makatutulong ba ang nabanggit na dalawang uri pang-abay upang higit na maunawaan ang nilalaman ng isang akdang panitikang Pilipino tulad ng *Alamat ng Bulkang Pinatubo*? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

4.Kaugnay ng iyong naging tugon sa blg.3, kung lubos mong naunawaan ang isang akdang pampanitikan sa tulong ng dalawang uri ng pang-abay, ano ngayon ang magiging epekto ng panitikang ito sa'yo bilang Pilipino?

_____
_____
_____
_____

Walang dudang ang ganap na pag-unawa sa pang-abay na panlunan at pang-abay na pamanahon ay natamo mo na, maging ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga ito upang higit na maunawaan ang isang akdang pampanitikan tulad ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Mapatutunayan mo ito sa pamamagitan ng iyong pagsasagawa sa susunod na gawain.

Gawain 5: Hahanapin Ko't Ihahanay Ko

Balikang muli ang *Alamat ng Bulkang Pinatubo*. Maghanap ng sampung pang-abay na panlunan at sampung pang-abay na pamanahon at ilagay ito sa tamang hanay sa inilaang talahanayan.

Pang-abay na Panlunan	Pang-abay na Pamanahon

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Sa iyong palagay, sa iyong paghahanap sa mga pang-abay na pamanahon at panlunan, nakatulong ba ang mga ito upang mapadali ang pag-unawa sa *Alamat ng Bulkang Pinatubo*? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

2.Dahil sa napadali at higit mong naunawaan ang *Alamat ng Bulkang Pinatubo* sa tulong ng mga pang-abay, nadama mo rin ba ang higit na pagpapahalaga sa akdang pampanitikang ito na pamana ng ating mga ninuno? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

3.Dahil sa higit mong naunawaan at napahalagahan ang *Alamat ng Bulkang Pinatubo* sa tulong ng pang-abay na panlunan at pamanahon, dapat nga bang panatilihin at paunlarin ang panitikang ito na pamana ng ating mga ninuno? Kung oo, sa anong paraan?

_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Mahusay! Hindi ka na kakikitaan ng kahinaan pagdating sa pag-unawa sa dalawang uri ng pang-abay na tinalakay. Kasabay nito, napagtibay ang katotohanang nakatutulong ang mga pang-abay na ito upang higit na [illegible]awaan at mapahalagahan ang mga panitikang minana sa ating mga [illegible]. Dahil dito, nabigyan tayo ng sapat na dahilan upang panatilihin at [illegible]ilarin ang mga panitikang ito.

Sa puntong ito, narating mo na ang ikatlong yugto ng pagkatuto para sa araling ito. Inaasahan kong ang saloobing positibo at hangaring matuto ay patuloy na taglayin mo.

PAGPAPALALIM

Sa yugtong ito ng iyong pagkatuto ay mapagtitibay ang anumang ka[illegible]nayang iyong natamo buhat pa sa pinakaunang yugto. Ang [illegible]man sa alamat sa Panahon ng Katutubo ay kasasalaminan ng mga k[illegible]a at kalagayang panlipunan na dapat tanggapin at payabungin ya[illegible]nang bahagi ito ng ating pagkakakilanlan.

Mapalalalim din sa bahaging ito ng modyul ang iyong pag-unawa sa pang-abay na panlunan at pang-abay na pamanahon. Iyong isagawa ang susunod na gawain.

Gawain 6: Natatanging Lugar at Okasyon/Pangyayari

Mag-isip ng limang natatanging lugar na iyong napuntahan na lubusan mong hinahangaan at lima ring natatanging okasyon na iyong nadaluhan na umani ng iyong papuri o pangyayari na may malaking epekto sa'yo. Pagkatapos, gamitin ang bawat isa sa mga ito sa makabuluhang pangungusap.

MGA NATATANGING LUGAR SA AKING BUHAY	MGA NATATANGING OKASYON/ PANGAYAYARI
1. _____ Pangungusap:	1. _____ Pangungusap:
2. _____ Pangungusap:	2. _____ Pangungusap:

3. _____ Pangungusap:	3. _____ Pangungusap:
4. _____ Pangungusap:	4. _____ Pangungusap:
5. _____ Pangungusap:	5. _____ Pangungusap:

Tuluyan mo na ngang naiwaksi ang anumang kamalian sa mga pang-abay na tinalakay. Kitang-kita ito sa sinundang gawain.

Sa kabilang banda, nais mong patunayan na hangad mo ring ibahagi ang iyong natutuhan sa iba. Bigyang-diin natin ito sa pamamagitan nang inihandang gawain.

Gawain 7: Liham-Nanghihikayat

Sulatan mo ang iyong pinsan o kaibigang nag-aaral sa ibang bansa na kapareho mong nasa Baitang 8. Layunin ng iyong sulat na ipabatid sa kaniya ang iyong natutuhan hinggil sa kahalagahan ng anumang alamat na umusbong sa Panahon ng Katutubo. Buhayin mo rin ang kaniyang interes at kasabikang pag-aralan ang mga nasabing alamat sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa epekto ng mga ito sa buhay nating mga Pilipino sa kasalukuyan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang pinakalayunin nang isinagawang liham?

_____
_____
_____
_____

2. Makabuluhan ba ang gawaing ito? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

3.Bakit kailangang ibahagi sa iba ang kahalagahan ng anumang panitikang lumaganap
sa panahong naisulat ito tulad ng *Alamat ng Bulkang Pinatubo*?

_____
_____
_____
_____

4.Paano mo mapananatili at mapauunlad ang panitikang minana pa sa ating mga ninuno tulad ng alamat?

_____
_____
_____
_____

Binabati kita sapagkat ang gawaing katatapos lamang na iyong isagawa ay patunay na may malalim kang pagpapahalaga sa mga kulturang minana sa ating mga ninuno. Sana'y dumami pa ang mga mag-aaral na tulad mo.

Ngayon naman, isang kalagayang panlipunan na binigyang-saysay sa *Alamat ng Bulkang Pinatubo* ang pagiging isang mabuting pinuno ng isang lipi o pamayanan. Palalalimin natin ang pagpapahalagang ito sa tulong ng susunod na gawain.

Gawain 8: Pagsusuri sa Mga Video

Ang *Alamat ng Bulkang Pinatubo* na lumaganap sa Panahon ng Katutubo ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng isang matuwid na pinuno. Ngayon, suriin ang sumusunod na mga *video* at tugunan ang hinihiling ng bawat kahon.

http://www.youtube.com/watch?v=CBi5E5OMKic

Nilalaman ng link:

http://www.youtube.com/watch?v=UwojqdL2qkY

Nilalaman ng link:

http://www.youtube.com/watch?v=2PUVyixT6F0

Nilalaman ng link:

http://www.youtube.com/watch?v=YVMBJ9kvl2g

Nilalaman ng link:

Mula sa apat na link napagtanto kong

_____

_____

_____. Dahil dito, kumbinsido akong dapat mapanatili at mapaunlad ang panitikang minana sa ating mga ninuno sapagkat

_____

Naging makabuluhan ang sinundang gawain. Napagtibay ang mga katangiang dapat taglayin ng sinumang pinuno. Nawa'y isabuhay mo ang [illegible]to kapag ika'y naging pinuno.

[illegible]yon naman, isa pang puntong nakuha mo mula sa alamat ay ang pagiging isang mabuting tagasunod. Isang gawain ang magpapatibay sa mga katangian ng isang mabuting tagasunod yamang lahat tayo'y sumasailalim dito sa iba't ibang pagkakataon. Ituloy ang pagsasagawa nito.

Gawain 9: Pagbuo ng Akrostik

Sa bawat titik sa mga salitang "MABUTING TAGASUNOD", bumuo ng isang pahayag na naglalarawan sa katangian ng isang huwarang tagasunod. Sa paggawa nito, makikita mo ang mga dapat at di dapat taglayin ng isang mabuting tagasunod.

M -
A -
B -
U -
T -
I -
N -
G -

T -
A -

G -
A -
S -
U -
N -
O -
D -

Ang mga salitang ginawan mo ng akrostik ay isang mahalagang kaisipang natutuhan na halaw sa alamat na tinalakay na lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Dahil dito, isa itong patunay na dapat paunlarin ang mga panitikang minana sa ating mga ninuno dahil magsisilbi itong tanglaw sa ating buhay.

Oo, isang tanglaw ang mga minanang panitikan! May naiisip ka pa bang ibang bagay na maaaring sumagisag sa nasabing panitikan? Kung gayon, kapaki-pakinabang ang pagsasagawa mo sa susunod na gawain.

Gawain 10: Simbolong Makatao

Gumuhit ng isang simbolo na parehong naglalarawan sa isang mabuting pinuno at mabuting tagasunod. Pagkatapos, ipaliwanag ito sa loob ng lima hanggang walong pangungusap lamang. Gamitin ang nakalaang kahon at patlang sa pagsulat ng sagot.

Paliwanag sa iginuhit na simbolo:

_____
_____
_____
_____
_____
__

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang kapakinabangang naidulot sa'yo ng paggawa mo ng simbolo?

_____
_____
_____
_____

2.Irerekomenda mo ba sa iba ang paggawa ng simbolo ukol sa kahalagahan ng panitikang minana mula sa ating mga ninuno? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

3.Bakit kailangang maging mulat ang mga kabataang tulad mo sa mga simbolong
maiuugnay sa kalahagahan ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa panahong
naisulat ito?

_____
_____
_____
_____

Bravo! Malalim na ang iyong pag-unawa't pagpapahalaga sa mga
ayang natamo mula sa araling ito.

Ngayon, iyong isagawa ang gawaing sasalamin sa iyong kahusayan sa pasalitang pakikipagtalastasan.

Gawain 11: Masining na Pagkukuwento

Ibahagi mo sa amin ang iyong paboritong alamat sa pamamagitan gamit ang aplikasyong *Present.me* – ***www.present.me.com*** . I-*uploadsa discussion board* at padalhan din ng kopya ang guro.Isaalang-alang ang nilalaman ng *checkbric* sa pagsasagawa nito.

Checkbric sa Masining na Pagkukuwento **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
Mga Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
1. Saulado ang piyesa				
2. Pagkamalikhain sa presentasyon				
3. Kahusayan sa pag-arte				
4. Kostyum				
5. Dating sa madla				
Kabuuang Puntos				

Kayhusay! Salamat sa ipinamalas mong husay sa pagkukuwento. Batid na namin ngayon ang paborito mong alamat.

Ngayon, iyo nang tugunan ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.*

Gawain 12: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Muling balikan ang KWL tsart at sagutan ang huling hanay. Isulat din sa hanay na ito kung may nagbago sa dati mong alam at kung bakit kailangang baguhin ang mga ito.

K Ano ang alam mo na? (What do you know)	**W** Ano ang nais mong malaman? What do you want to find out)	**L** Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan? (What did you learn)

Lantad na lantad ang taglay mong kaalaman at pag-unawa sa nilalaman ng araling ito, lalo na ang puntong paulit-ulit nating binigyang-diin – ang mabuting epekto ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Sapat din ang dahilang natamo mo upang panatilihin at paunlarin ang mga panitikang pamana ng ating mga ninuno. Walang dahilan para di kita purihin!

Sa puntong ito, ang susunod na gawain ang tataya sa kasanayan o karunungang iyong natamo mula sa araling ito.

Gawain 13: Self-Regulated Learning: Pagtataya sa Sarili

Kompletuhin ang mga pahayag sa ibaba yamang dito masasalamin ang kasanayan/karunungang natamo mo mula sa araling ito. Buong katapatang tugunan ang hinihiling ng gawaing ito.

Ang akdang pampanitikang naging lunsaran sa ganap na pagkatuto ay ang _____ na umusbong at lumaganap sa Panahon _____.

Hindi maikukubli ang kahalagahan ng panitikang ito. Sa katunayan, nabatid ko ang epekto nito sa ating mga Pilipino ay _____ _____ _____

Dahil sa naging makabuluhan ang aking nabatid, buo ang aking pasya na ang panitikang tulad nito ay _____ _____

Buong-puso ko ring hinihimok ang bawat Pilipino na panatilihin at paunlarin ang panitikang ito na minana sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng _____ _____ _____.

Katapusang bahagi ng Pagpapalalim

Komendasyon ko sa'yo'y tanggapin sapagkat bakas na bakas sa iyong mukha ang karunungang natamo. Lalo na ang katotohanang mahalagang u[illegible]in ang mga akdang pampanitikan na umusbong sa panahong [illegible] ito. Isama pa ang katotohanang dapat mapanatili at mapaunlad a[illegible]g mga panitikang minana sa ating mga ninuno.

Komendasyon din sa'yo yamang narating mo na ang huling yugto ng pagkatuto sa araling ito.

PAGLILIPAT

Tulad ng iyo nang batid, tuwirang layon ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman upang [illegible]katuparan nang buong husay ang nakaabang na proyekto sa dulo ng [illegible]dyul na ito. Makatuwiran kung gano'n ang pagsasagawa mo sa nag-iisang gawaing inihanda.

Gawain 14: Pagbuo ng mga Islogan

TASK

Kasama ka sa mga napiling mag-aaral ng inyong paaralan upang bumuo ng tatlong islogang magbibigay-diin sa kagandahan ng inyong paaralan. Ang mga islogang ito ay ilalagay sa opisyal na site ng inyong paaralan upang magamit sa susunod na taon bilang bahagi ng panghihikayat sa mga magulang na ipasok ang kanilang mga anak sa inyong paaralan. I-*post* o i-*upload* mo rin sa iyong Facebook Account ang iyong magiging *output*. Isaalang-alang sa paggawa ng islogan ang nilalaman ng *checkbric*.

Islogan blg.1:

Islogan blg.2:

Islogan blg.3:

CHECKBRIC SA PAGBUO NG ISLOGAN 4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula				
	4	**3**	**2**	**1**
1. Kalinawan ng Mensahe				
2. Estilo ng *Font* na Ginamit				
3. Kawastuhan ng Gramatika				
4. Bisa ng mga Salita				
5. Dating sa Madla				
Kabuuang Puntos				

TANDAAN

LAMAT na tinalakay sa araling ito bilang anyong panitikang umusbong at anap sa Panahon ng Katutubo ay kailangang mapanatili at mapaunlad dahil masasalamin dito ang kultura nating mga Pilipino na magsisilbing pagkakakilanlan natin – kahapon, ngayon, at sa hinaharap.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Taos- pusong pagbati ang ibig kong tanggapin mo dahil isa na namang kasanayan ang nalinang sa'yo sa bahaging ito ng modyul na magagamit mo sa paggawa ng isang makatotohanang proyektong panturismo sa pagtatapos
ng modyul na ito.

Ngayon, isang epiko naman sa Panahon ng Katutubo ang susunod mong pag-uukulan nang ibayong pansin.

ARALIN 1.3: EPIKO: BIDASARI

PAGTUKLAS

Nasisiyahan ka ba sa pisikal mong anyo? Paano mo tatanggapin ang katotohanang may ibang mas guwapo o mas maganda sa'yo? Makararamdam ka ba ng inggit sa kanila? Sa kabilang banda, paano kung malaman mong ika'y ampon lamang at di alam kung sino talaga ang iyong tunay na mga magulang?

Ang mga tanong sa itaas ay pawang mga katanungang mabibigyang-diin sa tulong ng epikong umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo – ang *Bidasari.*

Buong lugod kitang hinihimok na pag-aralan itong mabuti. Bilang panimula, makabubuting isagawa mo ang pinakaunang gawain sa araling ito.

Gawain 1: Maselang Tanong, Bigyang Atensyon!

Dalawang maseselang tanong ang bibigyan mo ng atensyon sa pamamagitan ng pagbulalas mo ng iyong saloobin ukol dito. Isulat sa nakalaang kahon ang iyong tugon.

Maselang Tanong Blg.1: Paano mo tatanggpin ang katotohanang higit na guwapo o maganda ang iba kaysa sa'yo? Makararamdam ka ba ng panibugho? Pangatuwiranan.

Maselang Tanong Blg.2: Anong matalinong pasya ang iyong isasagawa kapag nalaman mong ika'y ampon lamang at di mo alam kung sino talaga ang iyong tunay na mga magulang?

Ang mga sagot mo sa sinundang gawain ay tunay na kababakasan ng iyong katapangan. Nawa'y wastong pasya'y tuluyang maisakatuparan. Asahan mong ang susunod na mga gawain ay hahasa sa iyong mapanuring kaisipan at lilinang ng iyong katalinuhan.

Upang higit na mabigyan ka ng pangkalahatang ideya sa nilalaman ng araling ito, makatutulong ang susunod na gawain.

Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Nasa ibaba ang halimbawa ng IRF tsart. Punan ang unang hanay ng iyong sagot sa tanong na: *Bakit kailangang maunawaan, mapanatili at mapaunlad ang epikong minana pa natin sa ating mga ninuno*? Isaalang-alang ang magiging tugon yamang may posibilidad na ito'y mabago habang at pagkatapos mapag-aralan ang kabuuan ng araling ito.

Unang Tugon (Initial)
Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)
Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Nakatulong ang dalawang naunang gawain upang maihanda ang iyong isip at puso sa mga makabuluhang pag-aaral sa araling ito anupa't batid mo na ang mga puntong kailangang maunawaan nang mabuti. Masasabing handa ka na nga para sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Oo, asahan mong sa yugtong ito ng modyul na malilinang ang iyong kaalaman at pag-unawa sa mga inihandang paksa sa araling ito. Kasabay nito, malilinang din ang iyong pagpapahalaga sa epikong lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Gawin mo ang susunod na aktibiti.

Pagbasa 1

Basahin at unawain ang epikong *Bidasari.*

Ang nabanggit na epiko ay mula sa Mindanao. I-klik lamang ang link na ito upang iyong mabatid nang husto ang kabuuan ng epiko. **http://www.kabisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko- bidasari-epikong-mindanao_606.html**. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Bakit nabulabog ang kahariang Kembayat?

_____
_____
_____
_____

2.Ano-ano ang ibinunga ng pagkabulabog ng kahariang Kembayat?

_____
_____
_____
_____

3.Paano napasakamay ni Diyuhara si Bidasari?

_____
_____
_____

_____

4.Bakit tunay na mapanibughuin si Lila Sari?

_____
_____
_____
_____

5.Paano napasakamay ni Lila Sari si Bidasari?

_____
_____
_____
_____

6.Makatuwiran ba ang ginawa ni Lila Sari upang tuluyang mawala si Bidasari at wala nang gaganda pa sa kaniya? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

7.Kung ikaw si Sultan Mongindra, paano mo pakikitunguhan ang napakaselosa mong
asawa?

_____
_____
_____
_____

8.Kung ikaw si Sultan Mongindra, at natuklasan mo ang ginawa ng iyong asawa kay
Lila Sari, ano ang iyong gagawin?

_____
_____
_____
_____

9.Ano-anong kultura ng mga Pilipino ang masasalamin sa epikong *Bidasari*?

_____
_____
_____
_____

10.Alin sa mga kulturang nabanggit ang kapaki-pakinabang at alin naman sa mga ito
ang nararapat baguhin?

_____
_____
_____
_____

11.Ano-ano ang mga aral na iyong natutuhan buhat sa nasabing epiko?

_____
_____
_____
_____

12.Paano mo maipakikitang pinahahalagahan mo ang mga kulturang Pilipino na binigyang-saysay sa epiko?

_____
_____
_____
_____

13.Nararapat bang panatilihin at paunlarin sa kasalukuyan at sa kinabukasan ang epiko
bilang panitikang umusbong at lumaganap sa panahon ng mga katutubo? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

Nabatid mo na ang kabuuan ng epikong *Bidasari.* Batid mo na rin ang katotohanang kasasalaminan ito ng mga kulturang Pilipino na kailangang mapanatili at mapaunlad bilang tatak ng ating pagkakakilanlan.

Ngayon naman, ang iyong kaalaman at pag-unawa sa epikong binasa ay masusukat sa susunod na gawain.

Gawain 3: Kilala Ko Kayo, Patutunayan Ko

Buuin ang grapikong pantulong sa ibaba upang makumpleto ang mga mahahalagang kaisipan sa epikong binasa.



Hindi mo na maitatago ang taglay mong kaalaman sa nilalaman ng epiko. Linangin pa natin ang natamo mong kaalaman sa susunod na gawain. Palitawin ang mga mahahalagang konseptong nakatago sa epiko.

Gawain 4: Pagpapaliwanag sa mga Gintong Pahayag

Ilantad mo ang mga ginintuang karunungan mula sa epikong *Bidasari* upang di manatiling nakatago ang mga ito bagkus mabibigyang-kahulugan at pakikinabangan ng sinumang makaaalam nito.

Gintong Pahayag Blg.1: Labanan ang takot, manalig sa Diyos

Paliwanag:

***Gintong Pahayag Blg.2*:** Ampon mang turingan, hayaang maghari ang karapatan

Paliwanag:

***Gintong Pahayag Blg.3*:** Anumang pisikal na anyo, busilak na kalooban dadaig dito

Paliwanag:

Tuluyan mo na ngang nahukay ang mga nakabaong karunungan sa epikong *Bidasari.* Sa mga karunungang ito mapatutunayang karapat-dapat na mapanatili at mapaunlad ang mga panitikang lumaganap sa Panahon ng Katutubo yamang magiging gabay ang mga ito sa masaya at kaaya-ayang ugnayan ng bawat isa.

Kasabay ng iyong pagpapahalaga sa panitikan, iyo ring pahalagahan ang kaugnay nitong gramatika sa susunod na gawain.

Basahin at unawain ang Sanghi at Bunga.

Pagbasa 2

Higit na matatamo ang pagkaunawa sa nilalaman ng panitikan tulad ng epiko kapag may ganap na pag-unawa sa sanhi at bunga ng isang kaganapan. Sapat itong dahilan upang iyong puntahan ang *site* sa ibaba upang malaman at maunawan ang mga impormasyong sangkot sa gramatikang *sanhi at bunga.* http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_sanhi_at_bunga

http://daisy-fermin.blogspot.com/2012/05/sanhi-at-bunga-ng-pagbaha.html

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pagkakaiba ng sanhi at bunga?

_____
_____
_____
_____

2.Ano-ano ang mga salitang naghuhudyat na ang pahayag ay isang sanhi o bunga?

_____
_____
_____
_____

3.Bakit kailangang matutuhan mo ang tungkol sa sanhi at bunga ng isang pangyayari?

_____
_____
_____
_____

4.May epekto ba ang pag-aaral mo sa sanhi at bunga sa pag-unawa sa mga akdang
pampanitikang umusbong sa panahong maisulat ito? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

5.Paano makatutulong ang iyong kaalaman sa sanhi at bunga sa pagpapanatili at
pagpapaunlad ng panitikang minana sa ating mga ninuno?

_____
_____
_____
_____

Wow! Lantad ang kaalaman at pag-unawa mo kapwa sa panitikan at gramatika. Subukin ang iyong natamong pag-unawa sa gramatika: sanhi at bunga sa pagsasagawa sa susunod na gawain.

Gawain 5: Pag-unawa Ko, Patutunayan Ko

Basahin at unawaing mabuti ang pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos, salungguhitan ng isang beses ang buong pahayag na nagsasaad ng *sanhi,* at dalawang salungguhit naman para sa pahayag na nagsasaad ng *bunga*.

1. Hindi natupad ni Ramon ang kagustuhang maging isang mahusay na abogado dahil sa masamang impluwensiya ng mga barkada at masasamang bisyo.

2. Dahil sa katapatan ng isang taxi driver, pinarangalan siya ng pamahalaan upang siya'y tularan ng bawat mamamayan.

3. Di maiwasang umiyak ni Annabelle sa tuwing nagugunita niya ang ginawang pag-iwan sa kaniya ng kaniyang ina nang siya'y sanggol pa lamang.

4. Maraming magulang sa ngayon ang napipilitang mangibang-bansa upang matustusan ang lumalaking pangangailangan ng kanilang pamilya.

5. Sa paghahangad na takasan ang obligasyon sa mga magulang, ilan sa mga anak ang naglalayas ng bahay kahit walang kasiguruhan sa pupuntahan.

6. Nang dahil sa suportang ibinibigay ng kaniyang mga magulang, nakapagtapos din siya sa kaniyang pag-aaral kahit lubhang mahirap ang lagay ng kanilang buhay.

7. Di mahulugang-karayom sa sinehan sapagkat naging usap-usapan ng bayan ang ganda ng kwento ng pelikula at ang husay ng mga artistang gumanap.

8. Kung laging subsob ka sa harapan ng kompyuter, di malayong magkakaroon ka ng sakit sa mata na marahil habambuhay mong mararamdaman.

Bakas ang iyong kahusayan! Patuloy mo sanang ipamalas ang natamong kasanayan sa susunod na gawain yamang nangangailangan ito ng higit na mapanuring mga mata at mas matalas na kaisipan. Gawin ang susunod na gawain.

Gawain 6: Rebelasyon

Muling balikan ang binasang epiko. Hanapin ang mga kaisipang magkakaugnay-ugnay upang makabuo ng isang pangungusap na kinapapalooban ng sanhi at bunga. Kumpletuhin ang talahanayan sa ibaba.

Pahayag na Nagsasaad ng Sanhi	Pahayag na Nagsasaad ng Bunga	Pangungusap (Pinagsamang sanhi at bunga)

Di na talaga mapipigil pa ang iyong kahusayan, mapapanitikan man at gramatika. Natapos mo na ang unang dalawang yugto ng pagkatuto para sa araling ito.

Ngayon, oras na upang muli mong balikan ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.*

Gawain 7: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)

Nakabubuti munang balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging **I** ng **IRF** ang nangangailangan ng pagbabago hinggil sa tanong na “Bakit kailangang maunawaan, mapanatili at mapaunlad ang epikong minana pa natin sa ating mga ninuno?” Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

Unang Tugon (**I**nitial)
Pagbabago sa Unang Tugon (Revised) **Dahilan/Mga dahilan:**
Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal)

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Karapat-dapat ka sa aking taos-pusong pagbati. Kagalakan ay iyong nadarama dala ng mga karunungang natamo mo mula sa mga isinagawang gawain sa kabila ng pagod na iyong nararamdaman. Ngayon, masasabing handang-handa ka na para sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGPAPALALIM

Asahan mong sa yugtong ito mapasisidhi ang bawat butil ng karunungan at kasanayang iyo nang natamo. Asahan mo ring higit na mapanghamon ang mga gawain dito yamang ang lebel ng iyong pagkatuto ay pataas nang pataas. Mapatutunayan mo ito sa isasagawang gawain.

Gawain 8: Makabuluhang Pagbuo

Bumuo ng makabuluhang pangungusap na kinapapalooban ng sanhi at bunga. Ilagay sa nakalaang kahon ang sagot.

Pangungusap:

http://www.tzuchi.org.my/greatloveforphilippinesweb/en/tzu-chi-provides-instant-rice-meals-to-typhoon-hit-victims/

Pangungusap:

e_n_2993057.html

Pangungusap:

http://www.smokersworld.info/page/324/

Makabuluhan ang isinagawa mong pabuo ng mga pangungusap sa tulong ng mga larawan yamang napalalim ang iyong pag-unawa sa gramatikang sanhi at bunga.

Ngayon naman, pagkakataon mo ring palalimin ang pagpapahalaga sa mga aral na masasalamin sa epiko sa susunod na gawain.

Gawain 9: Pagkuha ng Mensahe Mula sa Mga *Video*

Isang napakamahalagang kaisipan ang natutuhan mo mula sa epiko na ang masamang bunga kapag naghari ang inggit sa pagkatao ng isa. Kaya, puntahan ang iba't ibang link sa ibaba at ibigay ang hinihiling ng bawat kahon.

Link blg.1: http://www.youtube.com/watch?v=1rcqwRqVvvw

Nilalaman ng link:

Mula sa link na ito, napagtanto kong…

Link blg.2: http://www.youtube.com/watch?v=mTgoxBQOm-I

Nilalaman ng link:

Mula sa link na ito, napagtanto kong…

Link blg.3: http://www.youtube.com/watch?v=eLD-8hs4mck

Nilalaman ng link:

Mula sa link na ito, napagtanto kong…

Link blg.4: http://www.youtube.com/watch?v=eLD-8hs4mck

Nilalaman ng link:

Mula sa link na ito, napagtanto kong…

Pasalamat tayo dahil may epikong umusbong sa Panahon ng Katutubo nang mapanatili ang kaaya-ayang ugnayan ng bawat isa. Tunay na kay-inam panatilihin at paularin ang panitikang tulad nito.

Isa pang magandang pag-uugali na naikintal sa atin na dapat pag-ibayuhin sa kasalukuyan buhat sa epiko ay malalaman mo sa susunod na gawain. Magpatuloy tayo.

Gawain 10: Katapatan, Tunay na Kailangan Ninuman

Ikaw naman ngayon ang bubuo/lilikha ng mga tiyak na sitwasyon upang maipakita ang katapatan. Gawing maliwanag ang bawat eksena upang makita kung saang anggulo maaaring ipakita ang katapatan. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Katapatan sa mga Magulang

Tiyak na sitwasyon:

Katapatan sa mga Kaibigan

Tiyak na sitwasyon:

Katapatan sa Panginoon

Tiyak na sitwasyon:

Katapatan sa Mismong Sarili

Tiyak na sitwasyon:

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Naging makabuluhan ba ang gawaing katatapos mo lamang isinagawa? Bakit?

_____
_____
_____
_____

2.Bakit masasabing *"all around"* ang salitang "katapatan"?

_____
_____
_____
_____

3.Bakit nararapat na ipamalas ng bawat isa ang katapatan?

_____
_____
_____
_____

4.Yamang nabigyang-diin ang salitang katapatan sa epikong tinalakay, makatuwiran
bang panatilihin at paunlarin pa lalo ang panitikang tulad nito kahit ilang daang taon
na ang nakararaan? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

Muli, salamat sa epikong umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo dahil sa pagbibigay-halaga sa katapatan. Batid kong ikaw mismo ay nagpapasalamat din dito. Sulit ang bawat gawaing iyong pinagpapaguran.

Lubos-lubusin ang pagkatuto sa susunod na gawain.

Gawain 11: May Hangganan!

May hangganan ang kasamaan! Kitang-kita ito sa epikong umusbong sa Panahon ng Katutubo. Bilang pagpupugay sa napalitaw na magandang kaisipan, bumuo ka ng islogan na maiuugnay sa itinampok na pahayag at bigyang-paliwanag ang kahalagahan nito sa loob ng tatlo hanggang limang pangungusap lamang.

Kaugnay na Islogan blg.1:

Paliwanag:

Kaugnay na Islogan blg.2:

Paliwanag:

Tunay na hitik sa makabuluhang kaisipan ang araling ito tulad ng iba pang aralin ng modyul na ito. Tunay ding sapat ang dahilan upang sabihing magpatuloy sana ang pagtangkilik at pagpapaunlad sa mga panitikang umusbong sa panahong naisulat ito.

Ngayon naman, isang gawain ang higit pang magpapalalim sa iyong natamong kasanayan.

Gawain 12: Pagbuo ng Story Collage

Puntahan ang **www.glogster.com** upang makabuo ng *story collage* na kinapapalooban ng iba't ibang larawan ng pag-ibig ng mag-asawa, pag-ibig ng ama sa anak, at pag-ibig sa kapayapaan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Gaano karami ang mga larawang iyong nakita sa isinagawang gawain? Ano kaya ang
ibig iparating ng dami ng larawang nabatid?

_____
_____
_____
_____

2.Ano ang epekto sa'yo bilang isang anak at mamamayan sa isinagawang gawain?

_____
_____
_____
_____

3.Paano nakatulong ang gawaing ito upang higit mong mapahalagahan ang epikong
Bidasari at iba pang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo?

_____
_____
_____

Hindi maikukubling nakinabang ka nang husto sa sinundang gawain. Kay-inam mabatid na nag-uumapaw ang dami ng mga larawang nagpapakita ng pag-ibig. Patunay lamang ito na likas sa atin ang umibig yamang ang Diyos ay pag-ibig.

Ngayon, huling pagtugon mo na sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* para sa araling ito. Nawa'y maging positibo ang magiging bunga nito.

Gawain 13: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)

Huling pagsipat sa **IRF**. Punan ang huling bahagi nito bilang pinal na tugon sa tanong na "Bakit kailangang maunawaan, mapanatili at mapaunlad ang epikong minana pa natin sa ating mga ninuno?" Gayundin, nakabubuting ilahad din ang/ang mga dahilan kung bakit ito na nga ang pinal mong sagot.

Unang Tugon (**I**nitial)
Pagbabago sa Unang Tugon (**R**evised) Dahilan/Mga dahilan:
Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final) **Dahilan/Mga dahilan:**

Abot-langit ang aking kagalakan dahil ramdam kong punong-puno ang iyong imbakan ng karunungan! Isang ebidensya na rito *ang Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*. Totoo, nagdulot ng positibo ang lahat ng sakripisyo na ipinakikita mo sa'yong pag-aaral. Upang muling mabatid at mapagtibay ang mga natamo mong kasanayan at karunungan, nakabubuting isagawa ang susunod na gawain.

Gawain 14: Self-Regulated Learning: Pagtataya sa Sarili

Makatuwiran ang pagsasagawa nito yamang ikaw mismo ang makatutuklas sa lebel ng iyong kaalaman at pag-unawang natamo, maging ang lalim ng iyong pagpapahalaga sa mga puntong binigyang-diin sa araling ito. Kumpletuhin lamang ang mga pahayag sa ibaba bilang pagtataya sa'yong sarili.

Nakaangkla ang araling ito sa epikong _____ na umusbong at lumaganap sa Panahon ng _____.

Sa epikong ito masasalamin ang maraming praktikal na aral ng buhay tulad ng _____, _____ _____, at _____.

Dahil sa mga aral na nabanggit, masasabi kong ang epekto nito sa buhay nating mga Pilipino ay _____, sapagkat _____ _____

Kung gayo'n, sapat ang ating dahilan upang ang mga panitikang pamana ng ating mga ninuno ay _____ sa kasalukuyan at maging sa kinabukasan.

Kapag nangyari ang lahat ng ito, ang pagkakakilanlan nating mga Pilipino ay _____.

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Isang pagbati at malalim na ang iyong kaalaman at pag-unawa! Ibahagi sa iba bilang tanda ng iyong pagpapahalaga't pagmamasalasakit sa panitikang umusbong sa Panahon ng Katutubo yamang batid mong pagkakakilanlan nating mga Pilipino ang nakasalalay dito.

Narating mo na ang huling yugto ng pagkatuto sa araling ito. Muli sana itong maging mabunga.

PAGLILIPAT

Kailanma'y di mananatiling salita lamang ang anumang bagay na natutuhan. Praktikal at makatotohanang aplikasyon sa mga bagay na natutuhan ang pangunahing layon ng bahaging ito. Hindi lamang upang maisagawang matagumpay ang proyektong nakaabang sa dulo ng modyul na ito bagkus magagamit ang mga kasanayan sa totoong buhay yamang

sangkot dito ang bansang kinabibilangan.

Narito ang gawaing inihanda para sa'yo sa huling bahaging ito.

Gawain 15: Magulang Ko, Ipagmamalaki Ko

Gumawa ng *story collage* hinggil sa iba't ibang mukha ng sakripisyo't pagmamahal ng iyong ama't ina mula nang ika'y ipinagbubuntis pa lamang hanggang sa kasalukuyan. Lagyan ito ng nakatatawag-pansing pamagat. Pagkatapos mo itong mabuo, i-*post* o i-*upload* mo ito sa'yong Facebook Account upang makita't mapahalagahan din ng iba. Isaalang-alang ang nilalaman ng *checkbric* sa pagbuo ng *story collage.*

Photo Story Collage ng Aking Ama't Ina

CHECKBRIC SA PAGBUO NG PHOTO STORY COLLAGE 4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula				
	4	3	2	1
1. Kalinawan ng Mensahe				
2. Pagkamaikhain/Paraan ng Presentasyon				
3. Pagkakapili ng mga Larawan				
4. Pagkakatabas ng mga larawan				
5. Kabuuang Dating sa Madla				
Kabuuang Puntos				

TANDAAN

Malaki ang epekto ng mga panitikang umusbong sa Panahon ng Katutubo noon at sa kasalukuyan tulad ng iyong napatunayan sa maraming pagkakataon. Kaya buong-lugod sana nating panatilihin at paunlarin ang mga panitikang ito na minana pa sa ating mga ninuno sapagkat walang ibang tunay na magmamalasakit sa mga panitikang umusbong sa Panahon ng Katutubo kundi tayo rin lang na mga Pilipino.

Taas-noo kong masasabi ngayon na handang-handa ka na para pasukin at galugarin ang mga panitikang umusbong at lumaganap sa panahon naman ng mga Espanyol. Subalit bago ka tuluyang pumunta sa nasabing panahon, iyo munang sagutin ang Panghuling Pagtataya para sa Panahon ng Katutubo.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Angkop lamang na ika'y muling batiin dahil di maikukubling patungo ka sa direksyong may tiyak na mabuting patutunguhan. Ang direksyon tungo sa paghubog ng iyong pagkataong buo at ganap.

Pahalagahan ang mga kasanayang natatamo mula sa bahaging paglilipat yamang di matatawaran ang tulong ng mga ito upang maisagawa mo nang buong husay ang iyong proyekto sa modyul na ito, ang paggawa ng makatotohanang proyektong panturismo.

PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakatang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na kumakatawan sa pinakaangkop na sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang itinuturing na pinakamatandang anyo ng panitikan na ginamit ng ating mga ninuno upang ituro ang kagandahang asal sa mga kabataan?
   a. alamat
   b. epiko
   c. karunungang-bayan
   d. maikling kuwento

2. Sino ang mapanibughuing asawa ni Sultan Mongindra sa epikong *Bidasari*?
   a. Sinapati
   b. Indarapatra
   c. Lila Sari
   d. Sita

3. Sa *Alamat ng Bulkang Pinatubo*, paano natigil ang labanan ng mga tribo?
   a. Nang mapatay ang pinuno ng magkabilang tribo
   b. Nang mapatay ang anak ng pinuno ng isang tribo
   c. Nang mabihag ang asawa't mga anak ng pinuno
   d. Nang masunog lahat ang kabahayan ng isang tribo

4. Alin sa mga islogan ang *pinakaangkop* na maiuugnay sa mga karunungan-bayan na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo?
   a. "Dunong ng Kahapon, Di na Mababakas Ngayon"
   b. "Dunong ng Kahapon, Alaala na Lamang Ngayon"
   c. "Karunungang-bayan, Epekto'y Habambuhay"
   d. "Karunungang Lipas, Di na Kailangan Nang Lumakas"

5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang di kakikitaan ng sanhi at bunga?
   a. Magdamagang di nakatulog ang mga magkakaibigan sa dalampasigan kahit sariwa ang hangin.
   b. Hitik sa bunga ang punong mangga at papaya nina Aling Cora dahil sa paglalagay ng mga pataba.
   c. Ang pagpapamalas ng positibong saloobin at determinasyon ay humahantong sa tagumpay.
   d. Labis ang pasasalamat ng ama't ina sa Diyos dahil naging masunurin ang lima nilang supling.

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang may pinakamalapit na kahulugan ng salawikaing *kapag malakas ang agos, mababaw ang ilog*?
   a. Mababaw man ang ilog, mag-ingat pa rin sa pagtawid lalo na kung malakas ang agos.
   b. Mababaw ang ilog kung malakas ang agos sapagkat maraming bagay na naiipon dito.
   c. Higit na makabuluhan ang buhay kung tuloy-tuloy na umaagos ang karunungan.
   d. Masalita at maingay ang taong walang sapat na dunong sa paksang pinag-uusapan.

7. Lumipat ng tirahan ang mag-anak na Ferrer dahil hindi na maganda ang sinasabi ng mga taong nakapalibot sa kanila. Halos sa araw-araw na ginawa ng Diyos, puro nakasusugat-puso ang maririnig sa mga tao laban sa pamilyang ito. Alin sa mga sumusunod na sawikain ang *pinakaakma* sa sitwasyon ng pamilyang ito?
   a. ngiting-aso
   b. nagtataingang-kawali
   c. basa na ang papel
   d. itaas ang watawat

8. Nang dahil sa dayaang nangyari, nagpalitan ng masasakit na salita ang magkabilang koponan. Umabot ito sa puntong kailangang mamagitan ang mga pulis at ilang opisyal ng barangay upang ito'y mabigyang-solusyon. Anong sawikain ang iyong mabubuo na may pinakamalapit na kaugnayan sa natukoy na sitwasyon?
   a. "nagkahalo ang balat sa tinalupan"
   b. "habang may buhay, may pag-asa"
   c. "lintik lamang ang walang ganti"
   d. "mapaglubid ng buhangin"

9. Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo?
   a. Huwag nang pagtuunan pa ng pansin ang mga ito yamang ibang-iba na ang lagay natin sa ngayon kumpara sa kanila.

b. Patuloy na pag-aralan ang mga ito at tingnan ang mga aral na maaaring isabuhay tungo sa positibong pagbabago.
c. Magsawalang-kibo at hayaang gawin ng mga guro at iba pang pinuno ang pagpapanatili at pagpapaunlad sa mga ito.
d. Ipaubaya na lamang sa Maykapal kung anong kapalaran ang naghihintay sa mga panitikang umusbong sa Panahon ng Katutubo.

10. Ano ang pangunahing mensahe ng *Alamat ng Bulkang Pinatubo* na kailangang maikintal sa puso't isipan ng bawat Pilipino?

    a. Pagmamahal ng ama sa kaniyang anak
    b. Pagmamahal sa tribong kinabibilangan nang higit sa lahat
    c. Pagmamahal ng lalaki sa babae at magsamang maligaya
    d. Magkaisa't makipagpayapaan sa sinumang tao sa lipunan

11. Alin naman sa mga sumusunod na pahayag ang pinakamahalagang kaisipang nais ipaunawa at bigyang-halaga ng epikong *Bidasari*?
    a. Nagdudulot ng kapahamakan ang pagkukunwari kaya huwag itong hayaang maghari sa sarili.
    b. Anumang likas-yaman ng bansa ay pangalagaan upang mapakinabangan nang matagalan.
    c. Matutong pahalagahan at masiyahan sa mga bagay na taglay, ito ang pundasyon ng saya.
    d. Likas sa tao ang makaramdam ng takot lalo na kung sariling buhay ang nasasangkot.

12. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang pinakaangkop na maglalarawan sa kahulugan ng sawikaing *paglulubid ng buhangin*?
    a. Pagkatapos ng klase, nagkayayaan ang magbabarkada sa isang *computer shop*. Gabi na nang umuwi ang mga bata. Dahil sa ayaw mapagalitan, nagsinungaling na lamang sa kani-kanilang magulang.
    b. Hindi na matiis ni Mauro ang sakit ng katawan dala ng pag-eensayo ng taekwondo. Kaya kinausap ang mga magulang na itigil na ito at maghanap na lamang ng ibang mapagkakaabalahan.
    c. Lumaki si Milky sa piling ng lolo't lola dahil maaga siyang naulila sa ama't ina. Wala rin siyang kapatid na kalaro sana. Sa paaralan, binu-*bully* pa siya. Lungkot at awa sa sarili ang nararamdaman niya.
    d. Naglalaro sa kompyuter si Dario nang marinig ang utos sa kaniya ng ina. Di niya ito pinansin. Muling inulit ng ina ang utos ngunit si Dario'y nagpatuloy sa paglalaro. Paulit-ulit siyang inutusan ngunit tila walang naririnig si Dario.

13. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang di ginamitan ng dalawang uri ng pang-abay: pamanahon at panlunan?
    a. Ayaw man sanang gawin ng ina ngunit kailangan niyang lumayo at magtrabaho sa ibang bansa upang matustusan ang lumalaking pangangailangan ng apat na anak.
    b. Ipinadama ng anak ang pagmamahal sa mga magulang na nagtatrabaho araw-araw sa pamamagitan ng pag-aaral na mabuti sa paaralan at pagtulong sa mga trabaho pag-uwi sa bahay.
    c. Sa tuwing sasapit ang buwan ng Pebrero, totoong dinarayo ang Lungsod ng Baguio dahil sa kagustuhang masaksihan ang naggagandahang parada ng mga sariwang bulaklak.
    d. Marami ang nagulantang nang mabalitaan mula sa telebisyon, radyo, at internet na nasa piitan na ngayon ang artistang nasangkot sa kasong korapsyon at pandarambong.

14. Bilang isang mabuting mamamayan at anak ng Diyos, makatuwiran bang ibahin ang pagtrato sa mga tunay na anak at sa mga ampon lamang? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamahusay* na dahilan?
    a. Oo dahil “blood is thicker than water” ika nga sa Ingles. Kadugo ng ama’t ina ang mga tunay na anak samantalang malayong mangyari ito sa mga ampon.
    b. Oo dahil kung hindi, lilikha ito ng hidwaan sa pagitan ng mga tunay na anak at ng kanilang magulang o kaya’y hidwaan sa pagitan nilang magkakapatid.
    c. Hindi sapagkat karapatan ng bawat isa na tumanggap nang pantay na pagtrato, ayon ito sa batas ng tao at lalong-lalo na ng batas ng Diyos.
    d. Hindi sapagkat ito ang ginagawa ng iba at matutong gumaya sa kanila kahit di lubos na maunawaan ang dahilan sa paggawa nito.

15. Isa sa iyong kaklase ang napansin mong walang kainte-interes sa pag-aaral ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo. Sa tuwing talakayan sa klase, napupuna mong di niya pinakikinggan ang paliwanag ng guro. Hanggang sa malaman mong nagbibigay ito ng mga negatibong komento sa mga paksang tinatalakay. Ayaw mong malaman ito ng iyong guro dahil ayaw mong madagdagan pa ang pinapasan nilang trabaho. Anong pasiya ang iyong *pinakamahusay* na gagawin?

    a. Magsawalang-kibo na lamang dahil sa panahon ngayon, matutong huwag makialam sa problema ng iba at baka ika’y awayin pa.
    b. Buong suyong kausapin ang kaklaseng ito upang malaman at maunawaan ang tunay na dahilan ng gayong negatibong ugali.
    c. Hintayin na lamang kung kailan mapapansin ng guro ang negatibong reaksyon ng kaklase at hayaang siya ang lumutas nito.
    d. Sugurin ang kaklase at sabihin sa harapan ng mga kaklase na huwag nang pumasok sa paaralan kung ganyan din lang ang ugali.

16. Ilang taon na ang nakalilipas nang ika'y huling bilhan ng bagong gadyet ng iyong magulang. Sa tuwing magpapabili sa mga magulang, lagi na lamang nilang sinasabi na magtipid dahil marami kayong pinaggagastusan. Ngunit taliwas sa sinasabi nila, tila napapansin mong paiba-iba ang gadyet ng iyong nakababatang kapatid. Nag-usisa ka sa iyong kapatid at napatunayan mong lagi pala siyang binibilhan ng bagong gadyet. Anong pasya ang *pinakamabuti* mong isasagawa?
    a. Aawayin ang kapatid at ipamukha sa kaniya na ikaw dapat na panganay ang unang magkaroon ng bagong gadyet bago siya.
    b. Susumbatan ang ama't ina sa harapan ng maraming tao para kapag sila ay napahiya, mapipilitan silang bilhan ka ng bagong gadyet.
    c. Maglalayas sa bahay upang ipadamang galit ka sa mga magulang at babalik lamang kung mangangako silang bibilhan ka ng bagong gadyet.
    d. Buong paggalang na kakausapin ang mga magulang at ipabatid sa kanila ang nalaman upang mabigyang-paliwanag ang lahat at magkaunawaan.

17. Ang nakararaming atensyon ng iyong mga kaibigan ay lagi mong nakukuha. Laging Sumasang-ayon sila anuman ang sabihin mo. Lagi ka ring umaani ng papuri mula sa kanila kahit sa mga mumunti mong kabutihang nagagawa. Ngunit mula ng dumating ang isa pang kaibigan sa grupo ninyong magkakaibigan, napasakanya ang kinagigiliwan mong atensyon. Siya na ang sinasang-ayunan at pinupuri at tila mali ang bawat mungkahi na iyong sinasabi. Napuna mo ring higit na masaya ang inyong samahang magbabarkada kapag siya na ang kasama at tila malungkot kung wala siya. Alin sa mga sumusunod ang pinakamakabuluhan mong gagawin?

    a. Umalis na lamang sa grupo at bumuo ng iba na ang mga miyembro'y sasang-ayon at pupuri sa'yo sa lahat ng pagkakataon.
    b. Magkalat ng kasinungalin tungkol sa kaibigang ito upang masira ang kaniyang pangalan at ikaw na muli ang pagkatiwalaan.
    c. Ipagpatuloy na gawin kung ano ang kaaya-aya sa lahat at matutong makipagkaibigan sa lahat nang walang halong pagkukunwari.
    d. Kumprontahin ang kaibigang ito, sabihan ng mga masasakit at nakakokonsensyang mga salita hanggang sa maisipang umalis sa grupo.

18. Laging laman ng balita ang alitan ng dalawang tribo sa isang lugar sa ating bansa. Sa katunayan, may ilang buhay na ang naisakripisyo. Laman din ng balita na nagpapatuloy ang nasabing labanan sa kabila ng pagtulong ng mga ilang pinuno ng lipunan. Nag-iisip ka tuloy kung paano ka makatutulong gayong isa ka lamang na mag-aaral at malayong-malayo ang lugar mo sa kanila. Paano nga ba? Alin sa mga sumusunod na pasya ang *kapaki-pakinabang nang husto*?

a. Sulatan ang dalawang tribo at isa-isahin sa sulat ang masasamang epekto ng kanilang labanan.
b. Sulatan ang mga pinuno ng bayan sa lugar na iyon para konsensyahin silang tumulong.
c. Laging idalangin sa Poong Maykapal na sana'y makipagpayapaan na ang dalawang tribo.
d. Huwag nang makialam sa usaping ito dahil di ka naman apektado dahil sa layo ng lugar n'yo.

19. Edad mo'y labing-apat at pag-ibig ng magulang mo sa'yo'y di salat. Mga pangangailangan mong pisikal, emosyonal, pinansiyal, at maging espirituwal ay nag-uumapaw. Kaysaya ng inyong pagsasama na tila ayaw mo nang humiwalay pag sila'y kasama. Gayunpaman, sa pagkakataong di sinasadya, nabasa mo ang kasulatang nagpapatunay na ikaw ay ampon lamang nila. Kinuha ka mula sa bahay-ampunan nang ika'y tatlong taong gulang pa lamang. Sa'yong nalaman, nasaktan ka't nagdamdam at di napigilan ang pag-agos ng iyong mga luha. Ano ngayon ang iyong pasya na sa tingin mo'y magdudulot ng *pinakakaaya-aya*?
    a. Buo na ang pasyang pag-iwan sa kinagisnang magulang pagkatapos isumbat ang ginawa nilang paglihim ng katotohanan.
    b. Patagong layasan ang kinalakihang magulang bilang paraan ng 'yong paghihiganti sa ginawang pagkukubli ng katotohanan.
    c. Magkunwaring di nalaman ang katotohanan at gawing dahilan ang natuklasan upang sila'y paghigantihan.
    d. Magandang samaha'y huwag hayaang masira sa bagay na natuklasan dahil ngayon ang mahalaga di ang nakaraan.

20. Lagi kang binibigyan ng mga payo na humahantong sa maganda. Lagi kang pinapasaya sa tuwing ika'y nakararamdam ng kalungkutan. Lagi niyang pinatatatag ang iyong kalooban sa tuwing nais mo nang sumuko. Lagi niyang pinupunan ang iyong mga pagkukulang. Nakuha pa niyang akuhin ang kasalanang ikaw ang may gawa upang mailayo ka lamang sa tiyak na kapahamakan. Ngunit isang araw, napag-alaman mong sangkot pala ang taong ito sa pagtutulak ng droga, hanggang umabot sa puntong ikaw ay hinihikayat na humithit ng marijuana at iba pang nakamamatay na droga. Ano ang iyong *pinakamahusay* na pasya?
    a. Gawin ang gusto bilang pagtanaw ng utang na loob sa kaniya kahit alam mong manganganib na pareho ang inyong mga buhay.
    b. Huwag pumayag sa gusto bagkus payuhan siyang itigil ang ginagawa dahil kapahamakan lamang ang hahantungan ninyong dalawa.
    c. Agad na ipagbigay-alam sa mga pulis ang masamang ginagawa niya upang siya'y hulihin dahil batid mong maling-mali ang kaniyang ginagawa.
    d. Gawin ang ipinagagawa at mangakong ililihim ito sa lahat pero ang totoo plano mo siyang ipahuli sa mga pulis kahit siya'y kaibigan.

GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

Mahimok- Makumbinsi, mahikayat

Mapanibughuin- Seloso/selosa, mainggitin

Masasalamin- Makikita

Matarok- Maisip, maunawaan

Nagulantang- Nagulat

Nakagawian-Nakagisnan, ginagawa na noon pa man

Pag-ibayuhin- Pagbutihin

Palasak- Lantaran, ginagawa ng nakararami

Patalinghaga- Nakatago ang kahulugan, hindi literal

Patatangisin- Paiiyakin

Umusbong- Tumubo, nagpasimula

Umalinsabay- Makiayon, makisabay

TALASANGGUNIAN NA GINAMIT SA MODYUL

Alamat ng Bulkang Pinatubo. Hinalaw noong HUlyo 2014 mula sa
http://www.pinoyedition.com/mga-alamat/alamat-ng-bulkang-pinatubo/
Bugtong. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://teksbok.blogspot.com/2010/09/bugtong.html
http://teksbok.blogspot.com/2010/09/mga-halimbawa-ng-bugtong.html
Epikong Bidasari. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://www.kabisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko-bidasari-epikong-mindanao_606.html
Eupemistikong Pahayag. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://tl.wikipedia.org/wiki/Eupemismo
Eupemistikong Pahayag. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://tl.answers.com/Q/Answers_for_ano_ang_eupemistikong_pahayag_o_salita_at_ang_halimbawa_nito
Mga Uri ng Pang-abay. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://gabayngwika.blogspot.com/2011/07/pang-abay.html

Mga Uri ng Pang-abay. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://e-filipino101.blogspot.com/2009/03/pang-abay.html

Mga Uri ng Pang-abay. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://www.takdangaralin.com/filipino/pang-abay/ano-ang-pang-abay-mga-uri-ng-pang-abay/
Pagiging Isang Lider. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://www.youtube.com/watch?v=CBi5E5OMKic
http://www.youtube.com/watch?v=UwojqdL2qkY
http://www.youtube.com/watch?v=2PUVyixT6F0
http://www.youtube.com/watch?v=YVMBJ9kvl2g

Pagseselos/Panibugho. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://www.youtube.com/watch?v=1rcqwRgVvvw
http://www.youtube.com/watch?v=mTgoxBQOm-I
http://www.youtube.com/watch?v=eLD-8hs4mck
http://www.youtube.com/watch?v=eLD-8hs4mck

Salawikain. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://teksbok.blogspot.com/2010/09/mga-halimbawa-ng-mga-salawikain.html
http://tl.answers.com/Q/Mga_halimbawa_ng_salawikain_at_kahulugan_sa_tagalog

Aralin Blg. 2: Salamin ng Kahapon Bakasin Natin Ngayon: Mga Akdang Pampanitikan sa Panahon ng Espanyol

Panimula at mga Pokus naTanong

Kailan ka nakaramdam ng matinding panibugho o inggit at ano ang naging bunga nito sa'yo at sa ibang tao? Kaugnay nito, paano mo gagamitin ang kalayaang ipinagkaloob sa iyo ng iyong mga magulang? Sa kabilang banda, paano mo kaya maipakikita o mapatutunayan ang iyong pagiging ganap na Pilipino, nasa loob at labas ka man ng bansa?

Sa modyul na ito, mabibigyang sagot ang sumusunod na mga tanong:

6. ***Bakit mahalagang maunawaan at mapahalagahan ang iba't ibang akdang pampanitikan mula sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon?***
7. ***Masasalamin ba sa panitikan ang kultura o kalagayang panlipunan ng isang bansa sa panahon at lugar na isinulat ito? Patunayan.***
8. ***Paano nakaaapekto ang panitikan ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan?***

9. ***Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang minana pa sa ating mga ninuno?***
10. ***Paano nakatulong ang mabisang paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kasiningan ng akda?***

Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga nabanggit na tanong kapag pinag-aralan mo ang tatlong yugto ng mga aralin.

Aralin Blg.	**Pamagat**	**Matutuhan mo ang…**	**Bilang ng Oras/ Sesyon**
Aralin 2	Panahon ng Espanyol Aralin 2.1: Panitikan: Tula: *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio Aralin 2.2: Panitikan: Maikling Kuwento: *Pahayag* ni Emilio Jacinto	• Mailahad ang sariling pananaw sa pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ang mga puntong binibigyang diin sa napakinggan. •Magsuri ng pagkakabuo ng alamat batay sa mga elemento nito. • Maibigay ang kahulugan ng mata-talinghagang pahayag sa alamat. •Magsuri ng pagkakatulad at pagkakaiba ng napanood na alamat sa binasang alamat. •Makabuo ng angkop na pagpapasiya sa isang sitwasyon gamit ang: - pamantayang pansarili - pamantayang itinakda. •Makasulat ng sariling alamat tungkol sa mga bagay na maaaring	

		ihambing sa sarili. ●Magamit nang wasto ang mga kaalaman sa pang-abay na pamanahon at panlunan sa pagsulat ng sariling alamat.	

***Concept Map* ng Modyul**

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.

MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA PANAHON NG MGA KATUTUBO, ESPANYOL, AT HAPON

***ARALIN 1* – PANAHON NG MGA KATUTUBO**

Aralin 1.1: Panitikan: Karunungang-bayan: Bugtong, Salawikain, Kasabihan, Sawikain
Wika: Paghahambing; Eupimistikong Pahayag

Aralin 1.2: Panitikan: *Alamat ng Bundok Pinatubo*
Wika: Pang-abay na Panlunan at Pamanahon

Aralin 1.3: Panitikan: *Bidasari* (Epiko)
Wika: Mga Hudyat ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari

***ARALIN 2* – PANAHON NG MGA ESPANYOL**

Aralin 2.1: Panitikan: Tula: Pag-ibig sa Tinubuang Lupa ni Andres Bonifacio

Aralin 2.2: Panitikan: Maikling Kuwento: PAHAYAG ni Emilio Jacinto

***ARALIN 3* – PANAHON NG MGA HAPON**

Aralin 3.1: Panitikan: Tula: Haiku at Tanka

Aralin 3.2: Panitikan: Maikling Kuwento: Lupang Tinubuan

Upang mapagtagumpayang masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nahihinuha ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon.
2. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa kalagayan ng lipunan sa panahong nasulat ito, pagtukoy sa layunin ng pagsulat ng akda, at pagsusuri sa epekto ng akda pagkatapos itong isulat.
3. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa binasa.

4. Naipahahayag ang sariling pananaw at damdamin sa ilang pangyayari sa binasa.

5. Naibibigay ang sariling puna sa kahusayan ng may-akda sa paggamit ng mga salita at pagpapakahulugan sa akda.
6. Nailalahad ang damdamin o saloobin ng may-akda, gamit ang wika ng kabataan.
7. Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa napakinggang aralin.
8. Nasusuri ang mga pangunahing kaisipan sa akdang binasa.
9. Nasusuri ang mga katangian at tono ng akda batay sa napakinggang mga bahagi.
10. Naipaliliwanag ang sariling saloobin/ impresyon tungkol sa mahahalagang mensahe at damdaming hatid ng akda.
11. Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salitang mula sa aralin batay sa denotasyon at konotasyong kahulugan.
12. Naibabahagi ang nadarama matapos mapanood ang isang *music video* na may temang katulad ng aralin.
13. Nabibigkas nang madamdamin ang mga piling bahagi ng tula at maikling kuwento.
14. Nailalarawan ang tagpuan ng akda batay sa napakinggan.
15. Natatalakay ang aralin gamit ang estratehiya ng simula, pataas na aksyon, kasukdulan, kakalasan, at wakas.
16. Nasusuri ang mga sitwasyong nagpapakita ng iba't ibang damdamin at motibo ng mga tauhan.
17. Naibibigay ang kahulugan ng salitang di pamilyar gamit ang kontekstwal na pahiwatig.
18. Nagagamit ang mga hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga hakbang na maisasagawa upang magbago ang isang bayan.
19. Naipahahayag ang pansariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang mga salitang naghahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat (hal: totoo-ngunit)

PANIMULANG PAGTATAYA

Bago mo simulan ang pagsasagawa sa mga makabuluhang gawaing nakalaan para sa iba't ibang aralin, iyo munang tuklasin ang lawak ng iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem.Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang lahat ng iyong sagot, isaalang-alang ang mga naging kamalian
at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan mo ang mga aralin sa modyul na ito.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling Ito, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Sino ang kumatha ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*?
   a. Emilio Jacinto
   b. Andres Bonifacio
   c. Narciso Reyes
   d. Jose Rizal

2. Bakit umiiyak ang kabataan sa kwentong *Pahayag* ni Emilio Jacinto?
   a. dahil sa kamatayan ng kaniyang mga magulang
   b. dahil sa pakikipaghiwalay sa kaniya ng kasintahan
   c. dahil sa kawalan ng kalayaang inaasam-asam
   d. dahil sa tuluyan na siyang pinahinto sa pag-aaral

3. Paano nakaapekto sa kabataan ang pakikipag-usap niya kay 'Kalayaan'?
   a. Nabuhayan siya ng loob at panibagong pag-asa ang naramdaman.
   b. Higit na dinamdam ng kabataan ang nakapanlulumong kalagayan.
   c. Naisipan ng kabataan na wakasan na ang sariling buhay.
   d. Naisipan niyang kumbinsihin ang iba upang maghiganti sa mga kaaway.

4. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na dahilan kung bakit itinanong ni Bonifacio sa kaniyang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* kung tunay ang pagmamahal ng mga Pilipino sa bansang Pilipinas?
   a. upang masigurong lahat ng mga Pilipino ay may iisang layuning mahalin at ipagmalasakit ang bansang Pilipinas

b. upang malaman kung sino sa mga kababayan ang di nagmamahal sa bayan at maipataw sa kanila ang karampatang parusa
c. upang mabatid lamang kung sino sa mga Pilipino ang kakampi nila, at kung sino naman ang sa mga Kastila
d. upang malaman kung sino sa mga Pilipino ang dapat nilang iwasan sa oras na ipaglaban ang kanilang kalayaan

5. Kung gagawing iisang pahayag ang saknong sa ibaba, alin sa sumusunod na mga pahayag ang *pinakaakma*?

> "Banal na pag-ibig kung ikaw ang nukal
> Sa tapat na puso ng sino't alinman
> Imbit taong gubat, maralita't mangmang
> Nagiging dakila at iginagalang

a. May mga puso ring handang tumulong sa mga nangangailangan ang mga kababayang maralita't mangmang.
b. May dignidad ang sinumang kababayang nagtataglay ng isang pusong punumpuno ng pagmamahal sa bayan.
c. Itinuturing na mangmang ang mga kababayang nakatira sa gubat dahil malayong sila ay makapag-aral.
d. Kahit itinuturing na maralita at mangmang, may kakayahan ding magpamalas ng pagmamahal sa kagubatan.

6. Ano ang tono o damdaming nangingibabaw sa saknong na ito:

> Kung ang pagkabaon niya't pagkabusabos
> Sa lusak ng daya't tunay na pag-ayop
> Supil ng panghampas tanikalang gapos
> At luha na lamang ang pinaaagos

a. pagkasuklam
b. pag-aalinlangan
c. pagdadalamhati
d. pagpupursige

7. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na islogan para sa mensahe ng saknong na sa ibaba?

> Kayong mga pusong kusang inuusal
> ng daya at bagsik ng ganid na asal
> ngayon magbango't baya'y itanghal
> agawin sa kuko ng mga sukaban

a. "Kuko ng Kaaway, Wala ng Buhay"
b. "Bagsik ng Kaaway, Wala nang Kamalay-malay"
c. "Baya'y Itanghal, Sugpuin ang mga Kaaway"
d. "Bumangon at Maghimagsik, Suungin ang Panganib"

8. Paano itinuring ni Bonifacio ang kamatayan alang-alang sa bayan?
    a. pangyayaring kaypait, di na kailangang maulit
    b. pangyayaring nagpapasaya sa puso
    c. pangyayaring bunga lamang ng pamimilit
    d. pangyayaring kaylupit, iparanas din sa iba

9. Alin sa sumusunod ang *pinakamakabuluhang* tugon sa tanong na bakit kapaki-pakinabang na panatilihin at paunlarin ang panitikang umusbong at lumaganap sa panahong naisulat ito?
    a. Dahil kasasalaminan ito ng ating mga kultura na magsisilbing tatak ng ating pagkakakilanlan kahapon, ngayon, at bukas
    b. Upang may maituro sa mga Pilipino sa ngayon at mabigyan sila ng ideya sa mga nangyari sa ating mga ninuno
    c. Para may silbi ang mga rekord ng kasaysayan ng ating bansa at hindi lamang manatiling nakadispley sa mga silid-aklatan
    d. Upang may pagkaabalahan ang mga Pilipino at di maisip ang pagbaling sa mga ipinagbabawal na gamot

10. Dapat bang sabihing di tunay at wagas ang pag-ibig sa sariling bansa ng mga Pinoy na nagtatrabaho sa *abroad*? Alin sa sumusunod na mga pahayag ang *pinakaangkop* na dahilan?
    a. Oo dahil kung talagang mahal nila ang bansang Pilipinas, higit na pipiliin nilang tumira at magtrabaho rito gaano man kahirap ang buhay.
    b. Oo dahil ang pag-iwan sa sariling bansa nang makapunta lamang sa ibayong dagat ay nangangahulugang higit mong mahal ang abroad.
    c. Hindi dahil unang-una, wala tayong karapatan upang husgahan kung gaano katindi ang pagmamahal ng ating kababayan sa sarili nilang bansa.
    d. Hindi dahil ang usapin o isyu rito ay ang kahirapan ng buhay sa Pilipinas kaya sila nag-a-abroad hindi ang pagiging isang Pilipino.

11. Alin sa mga sumusunod ang pinakamakabuluhang dahilan kung bakit pinasisigla ni Bonifacio ang kapwa Pilipino na isagawa ang pagsusuri sa sarili kung magagawang ipagtanggol ang bayang naaapi?
    a. Dahil lahat ay apektado kapag nagpatuloy ang kaaapihang nararanasan mula sa kalupitan ng mga dayuhan
    b. Dahil hindi patas kung sila lang ang nagnanais na magtanggol sa bayan at ang iba'y wala man lamang pakialam
    c. Dahil iilan lamang silang nakadarama ng pananagutan sa bansa, kapag marami na, ayos na ang pakiramdam
    d. Dahil kung di ito gagawin ni Bonifacio, sasabihin ng mga Pilipino na wala siyang kuwentang pinuno

12. Ano ang *pinakamainam* na mensahe ng saknong sa loob ng kahon na hinalaw sa tula ni Bonifacio na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*?

Walang mahalagang hindi inihandog Sa pusong mahal ng bayang nagkupkop Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod Buhay ma'y abuting magkalagot-lagot

   a. Kayamanan ang pinakamainam na maaaring ihandog para sa bayan dahil maraming kababayan ang naghihirap.
   b. Anumang bagay na ihahandog alang-alang sa kapakanan ng bayan ay lubusang pinahahalagahan.
   c. Iisa lamang ang buhay kaya huwag itong hayaang mawala kahit magdusa pa nang magdusa ang bayan.
   d. Matutong pagtiisan ang kaapihang nararanasan sapagkat darating din ang panahon ng paglaya.

13. Mula pa rin sa tula ni Bonifacio na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*, alin sa sumusunod na tayutay ang ginamit sa dalawang magkasunod na taludtod na ito: "Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan, siya'y ina't tangi na kinamulatan"?
   a. personipikasyon
   b. metapora
   c. pagtawag
   d. metonimya

14. Alin sa sumusunod ang *pinakamakabuluha*ng sagot sa tanong na sino ang higit na may karapatang magbahagi ng karunungan hinggil sa mga panitikan ng kahapon? Bakit?
   a. Mga guro sapagkat pinag-aralan nila kung ano at kung paano dapat ito ituro sa lahat ng nangangailangan ng impormasyon.
   b. Mga namumuno sa lipunan sapagkat saklaw ito ng kanilang obligasyon na turuan ang taumbayan sa lahat ng aspekto.
   c. Sinumang Pilipino na nakababatid at nakauunawa sa mga panitikan ng kahapon yamang may pananagutan ang bawat isa.*
   d. Mga mag-aaral sapagkat kailangan nilang patunayan sa kanilang mga guro na mayroon silang natutuhan sa silid-aralan.

15. Wikang Ingles ang unang wika ng iyong pinsang si James. Dahil dito, hirap siyang makipag-usap at umunawa ng mga pahayag sa wikang Filipino. Ito ang dahilan kung bakit unti-unti siyang nilalayuan at di kinakausap ng iba lalong-lalo na ng iba pa niyong mga pinsan. Tinutukso rin siya ng iba sa pagsasabing di siya Pilipino dahil di marunong ng wikang Filipino. Nakikita mong negatibo ang epekto kay James ang ganitong mga situwasyon. Isang araw, nabanggit niya ito sa'yo taglay ang mababa at malungkot na tono ng boses. Ano ang ipapayo mo sa kaniya na sa tingin mo'y *pinakamakabuluhan*?

a. Hikayating sabihan ang kaniyang mga magulang na sa ibang bansa na lamang sila tumira upang maiwasan ang pangungutya ng iba.
b. Hikayating sabihan ang kaniyang mga magulang na kasuhan at ipakulong ang sinumang nangungutiya sa kaniya upang magtigil na sila.
c. Payuhang sabay nilang awayin ang sinumang mapatunayang nagbibigay ng mga negatibong komento sa pagiging di marunong ng wikang Filipino.
d. Payuhang pag-aralan ang pagsasalita ng wikang Filipino at tulungan siya sa pag-aaral nito sapagkat kailangan niya itong totoo sa pang-araw-araw.

16. Mula nang nangibang-bansa ang ama't ina ni Rico, napuna mong palaki nang palaki ang kanilang bahay. Parating bagong modelo ang kaniyang mga gadyet. Batid mo ring halos araw-araw na papalit-palit ang suot niyang sapatos. Ni hindi mo na nga siya nakikitang sumasakay sa dyip. Hatid-sundo na kasi ng kanilang *family driver.* Malimit mo rin siyang nakikitang kumakain sa mga tanyag na restawran. Oo, di mo maiwasang makaramdam ng inggit sa tuwing nakikita mo ang mga ito yamang malayong mahirap ang lagay ng inyong buhay-pamlya. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamainam* na saloobin ang nais mong panatilihin?
    a. Makipagsaya sa tagumpay na nakakamtan ng pamilya ni Rico at gawin silang inspirasyon upang matamasa rin balang-araw ang tulad ng kanilang tinatamasa.
    b. Siraan ang reputasyon ng kanilang pamilya sa pamamagitan nang pagsasabing kumikita ng maraming salapi ang ama't ina sa di magandang pamamaraan.
    c. Laging kulitin at hikayatin ang sariling ama't ina na mangibang-bansa upang magkaroon din kayo ng magandang buhay tulad ng kina Rico.
    d. Huminto sa pag-aaral at tulungang maghanapbuhay ang mga magulang hanggang sa singyaman n'yo na ang pamilya nina Rico.

17. Samo't saring problema ang dumadalaw sa inyong pamilya. Nariyang natanggal sa trabaho ang iyong ama. Naaksidente ang minamahal na ina na katuwang ng iyong ama sa paghahanapbuhay. Napariwara ang iyong kuya dahil sa masamang impluwensiya ng mga barkada. Si ate? Kinailangang huminto sa pag-aaral dahil tatlong buwan na ang sanggol sa kaniyang sinapupunan. Ikaw? Tila nagbabadya ang lagay ng inyong pamilya na maaaring ika'y pansamantalang huminto muna sa pag-aaral. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin bilang pakikitungo sa kasalukuyang lagay ng inyong buhay?
    a. Isumbat sa Diyos ang lahat ng pagdurusang nararanasan at hayaang tuluyan nang mawala ang tiwala mo sa Kaniya.
    b. Maglayas sa bahay upang di na maapektuhan sa problema ng iyong ama't ina, kuya at ate na laging kasa-kasama.

c. Awayin ang ama sa pagkakatanggal sa trabaho, awayin ang kuya sa maling pagpili ng barkada, at awayin si ate sa pagiging malandi.
d. Magpakatatag, maging positibo, ipagpatuloy ang pagiging mabuting anak, at magpatulong sa mga nakaririwasang kamag-anak.

18. Isang alila ang iyong ina sa abroad. Hindi kalakihan ang sahod niya. Dahil dito, madalas pa ring nagkukulang ang inyong mga pangangailangan. Sa katunayan, di mo maiwasang mangutang minsan sa kaklase dahil sa kakapusan ng baon. Samantala, mga bigating may-ari ng kung ano-anong hotel, restawran, at negosyo ang mga magulang ng iyong mga kaklase. Tiyak, limpak-limpak na salapi ang kinikita ng mga ito. Ibig sabihin, mabibili ng iyong mga kaklase ang anumang naisin. Aling saloobin ang ang *pinakamainam* na dapat na mamayani sa'yo?
    a. Magmukmok lagi sa isang sulok at laging isipin ang kakapusan ng salaping ipinadadala ng ina at ang mga kaklaseng nakukuha ang anumang gusto.
    b. Kausapin ang ina at himuking maghanap pa ng karagdagang trabaho sa ibang bansa nang makapagpadala ng malaki-laking pera para sa inyo.
    c. Matutong tanggapin ang kasalukuyang kalagayan at ipako na lamang ang atensyon sa pag-aaral dahil ito ang higit na mahalaga.
    d. Laging humingi ng kung ano-anong bagay mula sa mga kaklase upang masubukan ding magkaroon ng mga ito kahit ano pa ang sabihin nila sa'yo.

19. Isa mong kaklase ang kasalukuyan ngayon na nasa ospital dahil sa malubhang karamdaman. Marami sa'yong mga kaklase ang ayaw sa kaniyang pag-uugali. Madalas kasi siyang nang-aaway kahit sa mga mumunting pagkakamali. Masakit din siyang magsalita. Hindi niya iniisip kung ang sasabihin niya'y nakasasakit ng kalooban ng iba o hindi. Subalit alam mong di naman siya ganito dati. Sa maikling sabi, natutuhan mo na rin siyang kaayawan. Gayunpaman, ito ang araw na itinakda ng inyong class adviser na pagdalaw sa kaniya. Sasama ka ba? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamagandang* dahilan?
    a. Oo bilang pagpapakita't pagpapadama ng pakikiramay ko sa kaniya sakaling paggaling niya, magbabago na siya ng pakikitungo sa amin.
    b. Oo para wala lang masabi ang kaklaseng maysakit at para di ka pag-isipan ng di maganda ng iyong class adviser kung di ka sasama.
    c. Hindi! Kailangang ipamukha mo sa kaklaseng ito na kinaaayawan mo siya talaga, at kahit ano pa man ang mangyari sa kaniya, di ka apektado.
    d. Hindi! Magkukunwaring masakit ang tiyan, ulo, o kahit anumang bahagi ng katawan basta huwag lamang makasama sa pagdalaw.

20. Lubos ang kalayaang ipinagkaloob sa'yo ng iyong ama't ina dahil maraming beses mo nang napatunayang karapat-dapat ka nito. Nakuha mo na ang

tiwala nila. Kaya, malaya kang nakapupunta sa mga lugar na nais mong puntahan basta't magpaalam ka lamang sa kanila. Samantala, napuna mong di ganito ang lagay ng iyong mga nakababatang kapatid. Damdam mong naiinggit sila sa'yo. Hanggang umabot sa puntong isa sa kanila ang nais ipamukha ang katotohanang ito sa'yo. Ano ang *pinakamabuti* mong gagawin?

a. Aawayin mo rin sila nang todo-todo sapagkat higit kang may karapatang umaway sa kanila dahil ikaw ang nakatatanda.
b. Kalmado ka lang, pakinggan ang kanilang hinanakit at pagkatapos, masuyo at buong paggiliw na ipaliwanag ang iyong panig.
c. Iiwan siya agad habang nagsasalita upang di na marinig pa ang sasabihin dahil natitiyak mong di mo rin lamang magugustuhan.
d. Isusumbong agad-agad sa mga magulang ang pangyayaring ito at sabihan ang ama't ina na parusahan sila sa kanilang maling asal.

Aralin 2.1: TULA; PAG-IBIG SA TINUBUANG LUPA NI ANDRES BONIFACIO

Hanggang saan at ano-ano ang kaya mong isakripisyo bilang patunay na wagas at walang pag-iimbot ang pag-ibig mo sa sariling bayan? Dugo? Dunong? Lakas? Saan o kanino ka huhugot ng determinasyon upang maipamalas ito? Sa pamilya? Sa kapwa? Sa Diyos? Ano-ano ang mga kapakinabangang maidudulot ng gayong sakripisyo? Simulan natin ang bahaging ito ng aralin sa paggawa mo sa unang nakalaang gawain.

Gawain 1: Sigaw ng Puso't Isipan

Isatitik mo ang isinisigaw ng iyong puso't isipan sa mga tanong na tuwirang nakaaapekto sa'yo at sa kapwa mo Pilipino. Epektong pangmatagalang mararamdaman. Ilagay sa loob ng kahon ang sagot.

1.Hanggang saan at ano-ano ang kaya mong isakripisyo bilang patunay na wagas at
walang pag-iimbot ang pag-ibig mo sa sariling bayan?

_____

_____

_____

_____

2.Saan o kanino ka huhugot ng determinasyon upang maipamalas ito? Ipaliwanag.

_____

_____

_____

_____

_____

3. Ano-ano ang mga kapakinabangang maidudulot ng gayong sakripisyo?

_____

_____

_____

_____

Pinasasalamatan ko't pinahahalagahan ang iyong naging tugon sa mga mapanghamong tanong. Ibig kong malaman mo ngayon pa lamang, na malaki ang kaugnayan ng mga tanong na ito sa nilalaman ng isang tula na pag-aaralan mo sa araling ito.
Gayunpaman, dagdagan natin ang saklaw ng araling ito na dapat mong mabatid sa pamamagitan ng susunod na gawain.

Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Hindi na bago sa'yo ang *Anticipation Reaction-Guide* (ARG). Basahin ang mga pahayag sa gitna ng talahanayan. Pagkatapos, punan lamang ang unang hanay sa ilalim ng *Bago ang Pag-aaral* sa pamamagitan ng paglalagay mo ng tsek sa tabi ng salitang *"sumasang-ayon"* o "*tumututol".* Isaalang-alang mo ang iyong mga naging sagot yamang maaaring magbago ang mga ito habang o pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito.

ANTICIPATION REACTION-GUIDE		
BAGO ANG PAG-AARAL	**MGA PAHAYAG**	**PAGKATAPOS NG PAG-AARAL**
Sumasang-ayon Tumututol	1. Ang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* at maikling kuwentong *Pahayag* ay parehong katha ni Andres Bonifacio.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	2. Pagbuwis ng sariling buhay ang pinakamasidhing patunay ng pag-ibig sa Inang Bayan.	Sumasang-ayon Tumututol

Sumasang-ayon	3. Taglay ni Bonifacio ang buong kalayaan	Sumasang-ayon
Tumututol	kaya niya naisulat ang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.*	Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	4. Makaluma, di napapanahon o di akma sa kasalukuyan ang mensaheng ibig iparating ng *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	5. Tulad ng ibang panitikan, ang mga tula sa Panahon ng Espanyol ay nakaaapekto rin sa kasalukuyan at sa kinabukasan nating mga Pilipino.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	6. Sa ngayon, maunlad na ang kalagayan ng tula sa ating bansa kaya di na kailangan pang balikan ang lumang mga tula na umusbong sa Panahon ng Kastila.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	7. Kasabay ng paglimot sa masasamang karanasan ng ating mga ninuno sa bakal na kamay ng mga Kastila ang paglimot sa anumang naiambag nila sa larangan ng panitikan upang maghilom na ang sugat na idinulot nila sa bansa.	Sumasang-ayon Tumututol

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Seryoso ang tono ng unang dalawang gawain hindi ba? Makatuwiran ito yamang ang bansa at milyon-milyong tao ang sangkot sa anumang bunga ng
ating tama o maling pagpapasiya.

Ating linangin ang iyong kaalaman at pag-unawa sa inihandang aralin sa susunod na bahagi.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Taglay ang kumpiyansa ko sa sarili na malilinang nang husto ang iyong kaalaman at pag-unawa sa akdang pampanitikan – ang *tulang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio na umusbong sa Panahon ng Espanyol, kung paano nakaaapekto ang panitikang ito sa ngayon at sa kinabukasan, maging ang mga paraan upang mapanatili at mapaunlad ito na
minana pa sa ating mga ninuno. Taglayin mo ang pagkukusa't kasabikang matuto.

Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng mga salitang maaaring makasagal sa iyong pag-unawa sa tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio. Hanapin sa loob ng kahon ang sagot. Isulat ang titik ng wastong sagot sa nakalaang patlang bago ang tambilang. Pagkatapos, bumuo ng makabuluhang pangungusap gamit ang bawat salitang binigyang-kahulugan.

_____ 1. sakbibi Pangungusap: _____
_____

_____ 2. itigis Pangungusap: _____
_____

_____ 3. lumiyag Pangungusap: _____
_____

_____ 4. isinisiwalat Pangungusap: _____
_____

_____ 5. tatalikdan Pangungusap: _____
_____

_____ 6. dalisay Pangungusap: _____
_____

Asahan mong makatutulong ang mga salitang binigyang-kahulugan upang maunawaang mabuti ang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*. Kaya, huwag na nating patagalin pa, Pagbasa Blg.1, isagawa mo na.

Basahin at unawain ang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio.

I-klik lamang ang link na ito upang mabasa ang kabuuan ng tula **http://www.kabisig.com/philippines/poems-written-during-the-spanish-regime-pag-ibig-sa-tinubuang-lupa-tula-ni-andres-bonifacio_1108.html**. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Paano inilarawan ni Bonifacio ang pag-ibig niya sa sariling bayan?

_____
_____
_____
_____

2.Bakit mahalaga sa ating mga ninuno ang ganitong uri ng panitikan sa Panahon ng
Kastila?

_____
_____
_____
_____

3.Paano kaya tinanggap ng mga Kastila ang ganitong uri ng panitikan? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

4.Ano-anong katangian ang nangibabaw kay Bonifacio sa pagkatha ng tula sa likod ng
panggigipit ng mga Kastila sa mga manunulat na Pilipino?

_____
_____
_____

_____

5.Paano nakaaapekto ang panitikang ito ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan?
Paano mo mapananatili at mapauunlad ang tulang ito ni Bonifacio? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

Ayan, hawak-hawak mo na ang kaalaman at pag-unawa sa nilalaman ng nasabing tula. Hiling ko'y pakatatandaan ito sapagkat magagamit mo sa pagtugon sa susunod na gawain.

Gawain 4: Hiling Ko, Tugunan Mo

Ibigay mo ang hinihiling ng bawat bilang na magpapatunay sa'yong natamong kaalaman at pag-unawa sa nilalaman ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*. Ilagay ang sagot sa nakalaang kahon.

1. Mga taong binanggit sa tula na nagiging dakila at iginagalang kapag naghari sa kanila ang pag-ibig sa bayan. (Tingnan ang saknong blg.3)

Sagot:

2. Mga maaaring ihandog o handang isakripisyo bilang pagpapakita ng pag-ibig sa tinubuang lupa. (tingnan ang saknong blg.5)

Sagot:

3. Dalawang maituturing na utang na loob sa Inang Bayan mula pa sa pasimula. (tingnan ang saknong blg.8)

Sagot:

4. Ito ang nagbibigay-aliw sa pusong nalulumbay. (tingnan ang saknong blg.12)

Sagot:

5. Mga handang talikdan ni Bonifacio alang-alang sa pag-ibig sa bayan. (Tingnan ang saknong blg.15)

Sagot:

6. Mga di kanais-nais na ginagawa ng ibang bayan sa bansang Pilipinas. (Tingnan ang saknong blg.16)

Sagot:

7. Tanong na nakasasaling-kalooban at umuukilkil sa kaisipan. (Tingnan ang saknong blg.22)

Sagot:

8. Sa kanila ipinukol ni Bonifacio ang mga tanong na nakadudurog-puso at nakasusugat-kaisipan na nararapat bigyang-sagot. (Tingnan ang saknong blg.24-27)

Sagot:

Kayhusay mo! Hindi naging hadlang ang kahabaan ng tula upang matugunan ng tama ang hinihiling ng bawat kahon bilang paglinang sa iyong kaalaman at pag-unawa sa nilalaman ng tula.

Sa gawaing ito, inaasahan ko ring unti-unting nagpoproseso sa'yong isipan ang epekto ng tulang ito sa atin sa ngayon at sa kinabukasan at kung paano natin ito mapananatili at mapauunlad dahil sa mga katotohanang nakasaad dito na tuwirang nakaaapekto sa ating pagkakakilalanlan bilang mga Pilipino.
Higit pa nating linangin ang iyong kasanayan sa susunod na gawain.

Gawain 5: Kahulugan N'yo, Natatalos Ko

Linangin mo ang iyong kasanayan sa pagbibigay-kahulugan sa mga piling saknong ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.*

SAKNONG BLG.7
Ay! Itong Inang Bayang Tinubuan
Siya'y ina't tangi na kinamulatan
Ng kawili-wiling liwanag ng araw
Na nagbibigay-init sa lunong katawan.

Kahulugan:

SAKNONG BLG.9
Kalakip din nito'y pag-ibig sa bayan
Ang lahat ng lalong sa gunita'y mahal
Mula sa masaya't gasong kasanggulan
Hanggang sa katawan ay mapasalibingan

Kahulugan:

SAKNONG BLG.14
Pati nang magdusa't sampung kamatayan
Wari ay masarap kung dahil sa bayan
At lalong maghirap. O! himalang bagay
Lalong pag-irog pa ang sa kaniya'y alay.

Kahulugan:

SAKNONG BLG.17
Di gaano kaya ang paghinagpis
Ng pusong Tagalog sa puring nalait
At aling kalooban na lalong tahimik
Ang di pukawin sa paghihimagsik.

Kahulugan:

Pagkatapos malinang ang iyong kasanayan sa pagbibigay-kahulugan sa mga makabuluhang piling saknong ng tula, iyo ring linangin ang damdaming makabayan na dapat nating taglayin bilang Pilipino sa susunod na gawain.

Gawain 6: One-Minute: Essay Damdaming Makabayan

Sumulat ng sanaysay na naglalahad ng damdaming makabayan. Lagyan mo ng isang nakatatawag-pansing pamagat ang gawaing ito. Ilagay sa loon ng kahon ang *output.*

_____
(Pamagat)

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Bagamat isang minuto lamang ang naibigay para ihayag ang iyong saloobin tungkol sa pagkakaroon ng makabayang damdamin, masasabi kong sulit ang iyong naging tugon. Kaysarap isiping ang mag-aaral na tulad mo ay nagkakaroon ng ganitong saloobin.

Masasabi ko ngayon na handang-handa ka na para sa mas malalim na yugto
ng pagkatuto sa araling ito.

PAGPAPALALIM

Sapat ang ating dahilan upang palalimin ang iyong pagpapahalaga sa bawat gintong kaisipang nakapaloob sa tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*. Palalimin din natin ang mga paraan kung paano natin mapananatili at mapauunlad pa ang panitikang ito na minana pa sa ating mga ninuno. Ang mga gawaing nakaabang ang magpapalalim sa mga linyang ito.

Gawain 7: Sagisag: Wagas na Pag-irog sa Bayan

Gumuhit ng isang bagay o konsepto na sa tingin mo'y pinakaakmang paglalarawan sa nangingibabaw na pag-ibig mo sa bayan. Pagkatapos, ipaliwanag ang iginuhit na sagisag sa loob ng lima hanggang walong makabuluhang pangungusap. Ilagay sa kahong nakalaan ang sagot.

Pagpapaliwanag

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

_____
_____
_____

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Anong damdamin ang namayani sa'yo habang isinasagawa ang gawain?

_____
_____
_____
_____

2.Irerekomenda mo rin ba sa iba ang gawaing katatapos mo lamang isagawa? Bakit?

_____
_____
_____
_____

3.Ano ang kaugnayan ng paggawa ng sagisag na tulad ng iyong ginawa sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng panitikang minana sa ating mga ninuno? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

Sagisag mo'y sinasaluduhan ko! Tunay na pinatunayan mong walang gawaing mahirap sa taong nais malasap ang tunay na diwa ng buhay na kaysarap basta't may pagkukusa't may panloob na motibasyon – ang panloob na kasiyahan.

Ipagpatuloy mo ang pagpapasidhi sa mga kasanayang dapat maging bahagi ng iyong pagkatao sa susunod na gawain.

Gawain 8: Kay-inam Gunitain!

Taong 1986 at taong 2001 nang maganap ang napakalaking pagbabago sa ating bansa na maging ang buong mundo ay nakabatid dito. Mananatili itong bahagi

ng ating kasaysayan. Balikan at sariwain ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pahayag.

**MGA
AGKAKATULAD NG
DALAWA MAY
KINALAMAN
SA LAYUNIN:**

Ang mga pangyayaring ito sa ating bansa ay pagpapakita ng pag-ibig sa bayan sapagkat

_____

_____

_____

_____

_____



http://philnews.ph/2011/02/23/edsa-1-leaders-urged-filipino-people-to-revere-

Mga patunay na ang EDSA I at EDSA II na malaki ang epekto ng tula ni Andres Bonifacio sa buhay ng mga Pilipino sa kasalukuyan yamang ito ang nagbunsod upang ipaglaban ang kalayaang inaasam-asam. Napakainam kung panatilihin at paunlarin ang panitikang ito na minana sa ating mga ninuno.

Muli, isang panibagong pagsusuri ang susunod mong gagawin hindi sa isang pangyayari kundi sa mga awit.

Gawain 9: Mensahe N'yo, Ihahayag Ko

Suriing mabuti ang nilalaman ng mga awit na makikita't mababasa sa mga link sa ibaba. Pagkatapos, tugunan ang hinihiling ng bawat kahon.

http://www.youtube.com/watch?v=YLGGvd9ArPk

PAGKAKATULAD

http://www.youtube.com/watch?v=pU0ATcgTpbM

Mula sa dalawang awiting ito, napagtanto kung _____ _____ _____. Kaya, masasabi kong nalikha ang mga awiting ito bilang epekto ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*. Kung gano'n, napakainam kung ang panitikang ito ay dapat na _____ _____ bilang pagpupugay sa ating mga ninuno upang mapanatili at mamayagpag pa lalo ang pag-ibig natin sa bayan.

Ang mga awiting sinuri ay nagpapakita ng epekto sa mga Pilipino ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Bonifacio. Ngayon naman, isang gawain ang higit na magpapalalim ng iyong mapanuring kaisipan at higit na malalim na pagpapakahulugan.

Gawain 10: Mapanuring Pag-iisip

Suriing mabuti ang mga editoryal kartun sa ibaba upang maiugnay ang mga ito sa pagpapamalas ng pag-ibig sa bayan. Ibigay lamang ang hinihiling sa bawat bahagi.

http://www.davidmixner.com/2013/11/editorial-cartoons-of-the-week-philippines-typhoon-6-cartoons.html

Ano ang mensahe nito kaugnay ng pagpapakita ng pag-ibig sa bayan?

http://opinion.inquirer.net/65105/editorial-cartoon-november-10-2013

Ano ang mensahe nito kaugnay ng pagpapakita ng pag-ibig sa bayan?

http://plaridel.ph/opinyon#.U7KD5WywrIU

Ano ang mensahe nito kaugnay ng pagpapakita ng pag-ibig sa bayan?

http://cebudailynews.inquirer.net/2014/02/12/moving-earth/

Gawain 11: Saludo Ako Sa Inyo!

Kahit sa anong larangan, kitang-kita ang pag-ibig sa bayan, maging sa loob o labas man ng bansa. Patunayan mo ito sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbibigay-paliwanag sa bawat larawan sa ibaba.

http://www.interaksyon.com/interaktv/army-dragon-boat-team-set-to-compete-in-international-tilt-in-malaysia

Bakit masasabing taglay ng koponang ito, maging ang iba pa nating atleta na nakikipagtunggali sa mga pang-internasyonal na kompetisyon ang pag-ibig sa bayan?

http://www.marvingermo.com/ofw-stories-10-money-saving-tips-for-ofws-part-2/

Bakit masasabing taglay ng mga OFW at iba pang nagtatrabaho sa ibang bansa ang pag-ibig sa bayan?

Mula sa dalawang larawang ito at iba pang larawang kaugnay nito, napagtanto kong ang pagpapakita ng pag-ibig sa bayan ay _____ _____ _____. Ang nasabing pag-ibig ay isa sa mga bunga ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol. Kaya, sa ngayon, nararapat lamang na ang mga ganitong uri ng panitikan ay

Tunay na kaylawak ang saklaw ng pag-ibig sa bayan. Sa gawaing ito napalalim ang iyong apresasyon sa ating mga atleta at mga OFW na handang mag-alay ng pawis at dugo bilang pagpapakita ng pag-ibig sa bayan. Sa kabilang bansa, iyong mapupunang may iba pang sangkot sa pagpapakita ng pag-ibig sa bayan. Iyong alamin sa susunod mong gawain.

Gawain 12: Halina't Ipagbunyi sa Mundo

Maraming mga pangyayari sa mga siyudad ang nagpatanyag sa Pilipinas. Dinarayo ng maraming turista ang bansa dahil sa mga ito. Gayundin, masasalamin sa mga pangyayaring ito ang pag-ibig sa bayan. Bisitahin ang mga site, at *copy & paste* ang larawang makikita rito. Pagkatapos, tukuyin at ipaliwanag ang tungkol dito.Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

http://tourism-philippines.com/festivals/	Idikit dito ang larawan sa link:	Nilalaman ng link at ang paliwanag dito.
http://knightsofrizal.org.ph/a-centenary-year-the-19th-international-assembly-and-conference/festival-panagbenga/	Idikit dito ang larawan sa link:	Nilalaman ng link at ang paliwanag dito.

http://zakurazengki.weebly.com/philippine-festiv	Idikit dito ang larawan sa link:	Nilalaman ng link at ang paliwanag dito.
http://knightsofrizal.org.ph/a-centenary-year-the-19th-international-assembly-and-conference/festival-panagbenga/	Idikit dito ang larawan sa link:	Nilalaman ng link at ang paliwanag dito.

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON:

Mula sa mga nilalaman ng *link*, napagtanto kong ang pag-ibig sa bayan ay _____
_____

Salamat sa mga akdang pampanitikan ng Espanyol dahil dito nahikayat nang husto ang mga Pilipino na magpakita ng gayong pagmamahal. Dahil dito, hangad kong ang panitikang umusbong at lumaganap sa panahon ng mga Espanyol ay _____

Pinupuri ko ang taglay mong karunungan. Tunay na malayo na ang iyong narating. Bawat hakbang ay tunay na iyong pinakikinabangan. Sa puntong ito, ating subukin ang husay mo sa pagpaparating ng mensahe sa susunod na gawain.

Gawain 13: Munting Tinig Ko'y Pahalagahan

Bumuo ng sariling tula hinggil sa pag-ibig sa Inang Bayan.
I-*video* ang gagawing talumpati gamit ang Present.me
Application – **www.present.me.com**. I-upload mo ito sa *discussion board* at padalhan ng kopya ang guro. Mamarkahan ang iyong talumpati batay sa nilalaman ng *checkbric.*

Checkbric sa Pagbigkas ng Tula **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
Mga Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
1. Orihinalidad ng piyesa (sariling gawa)				
2. Pamilyarisasyon (memoryado ang piyesa)				
3. Kalinawan ng Pagbigkas				
4. Tiwala sa sarili				
5. Kaakmaan ng mga kumpas ng mga bahagi ng katawan				
6. Dating sa madla				
Kabuuang Puntos				

Binabati kitang totoo! Hindi mo lamang pinatunayan ang iyong pasulat na kahusayan kundi maging ang iyong pasalitang kakayahan sa pamamagitan ng iyong isinagawang gawain. Tunay na isa itong natatanging karanasan!

Ngayon, narating mo na ang kahuli-huliang pagtugon sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* para sa araling ito.

Gawain 14: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Ito na nga ang huling pagsipat mo sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*. Alam kong handang-handa ka na sa pagsagot sa huling hanay nito at tiyak ko ang kawastuhan ng iyong magiging sagot.

ANTICIPATION REACTION-GUIDE		
BAGO ANG PAG-AARAL	**MGA PAHAYAG**	**PAGKATAPOS NG PAG-AARAL**
Sumasang-ayon Tumututol	1. Ang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* at maikling kuwentong *Pahayag* ay parehong katha ni Andres Bonifacio.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	2. Pagbuwis ng sariling buhay ang pinakamasidhing patunay ng pag-ibig sa Inang Bayan.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	3. Taglay ni Bonifacio ang buong kalayaan kaya niya naisulat ang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.*	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	4. Makaluma, di napapanahon o di akma sa kasalukuyan ang mensaheng ibig iparating ng *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	5. Tulad ng ibang panitikan, ang mga tula sa Panahon ng Espanyol ay nakaaapekto rin sa kasalukuyan at	Sumasang-ayon Tumututol

	sa kinabukasan nating mga Pilipino.	
Sumasang-ayon Tumututol	6. Sa ngayon, maunlad na ang kalagayan ng tula sa ating bansa kaya di na kailangan pang balikan ang lumang mga tula na umusbong sa Panahon ng Kastila.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	7. Kasabay ng paglimot sa masasamang karanasan ng ating mga ninuno sa bakal na kamay ng mga Kastila ang paglimot sa anumang naiambag nila sa larangan ng panitikan upang maghilom na ang sugat na idinulot nila sa bansa.	Sumasang-ayon Tumututol

Tunay na naging biyaya ang ginawa mong pagtugonsa *Mapa ng Konsepto ng*
Pagbabago yamang dito mo tuluyang naiwaksi ang anumang impormasyong
di dapat na manatili sa'yo. Sa kabilang banda, ang tulong nito, napatunayan ang lawak at linaw ng iyong pag-unawa sa nilalaman ng araling ito. Binabati kita!

Ngayon, isa pang gawain ang tiyak na tutulong sa'yo upang matayang mabuti ang sarili. Gawin mo itong nang buong katapatan.

Gawain 15: Self-Regulated Learning: Pagtataya sa Sarili

Layunin ng gawaing ito na mataya ang iyong pagpapahalaga sa mga makabuluhang kaisipang masasalamin at binigyang diin sa tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Bonifacio. Kumpletuhin lamang ang pahayag sa ibaba.

Nang dahil sa pag-aaral sa tula bilang isa sa mga akdang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol, ako ay napakilos na _____ _____ Napagtanto kung ang pagpapamalas ng pag-ibig sa Inang Bayan ay _____ _____

Ngayon, buo ang aking paninindigan na anumang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol ay _____ _____ _____

Hihikayatin ko rin ang iba na pahalagahan ang nasabing panitikan sa pamamagitan ng _____

Gagawin ko ito upang _____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Malalim na nga ang iyong kaalaman at pag-unawa sa araling tinalakay nang malawakan at malaliman. Taglay ko ang paniniwalang pakikinabangan mo ito sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay, maging ikaw man ay nasa bahay, paaralan, o pamayanan. Higit pa rito, napasidhing mabuti ang pag-ibig mo sa sariling bayan. Ito'y dahil sa pinag-aralang panitikan na umusbong at lumanaganap sa Panahon ng Espanyol. Tunay na malaki ang naging epekto nito sa'yo sa ngayon at maging sa hinaharap.

Ngayon, ating puntahan ang huling yugto ng pagkatuto sa araling ito.

PAGLILIPAT

Atin nang ilipat sa praktikal na aplikasyon sa buhay ang iyong mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsasagawa mo sa huling gawain sa araling ito. Muli, ipinaaalala ko sa'yo na anumang kasanayang makukuha sa huling gawain ay tiyak na makatutulong sa matagumpay na pagsasagawa mo sa'yong proyekto sa pagtatapos ng modyul na ito – ang paggawa ng makatotohanang proyektong panturismo.

Gawain 16: Paggawa ng Audio-Visual na Presentasyon

Hikayating bumisita ang ibang tao sa inyong sariling bayan upang di lamang kayo ang tanging nagpapahalaga nito kundi mabigyan din ng pagkakataon ang kapwa Pilipino na makikilala ito yamang tayo'y nabibilang sa iisang pulo na kailangang batid ang bawat sulok nito hanggat maaari. I-*post* o i-*upload* sa iyong facebook account ang output. Isaalang-alang sa paggawa ng *audio-visual presentation* (AVR) ang nilalaman ng *checkbric.*

Checkbric sa Pagbuo ng AUDIO-VISUAL PRESENTATION **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
Mga Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
1. Kalidad ng mga larawan				
2. Uri ng mga larawan				
3. Pagkaka-*caption* ng mga larawan				
4. Pagkakatabas ng mga larawan				
5. Iba-ibang video clip sa mga mahahalagang pangyayari: paggawa ng katutubong pagkain, kapistahan, atbp.				
6. Pagkamalikhain sa presentasyon				
7. Dating sa madla				
Kabuuang Puntos				

TANDAAN

ng paraan upang maipakita't maipadama ang pag-ibig sa lnang nula sa pinakasimple hanggang sa pinakakumplikadong paraan. ating ang pag-ibig sa bayan ay di-awtomatikong umusbong sa ating mga puso bagkus ito'y naipunla, tumubo, at lumago sa tulong ng mga akdang pampanitikan na umusbong at lumaganap sa panahong ito'y naisulat.

Tunay na di matatawaran ang magagandang epekto ng mga panitikan ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan. Nawa, gawin ang lahat ng makakaya upang mapanatili at mapaunlad pa lalo ang panitikang minana sa ating mga ninuno.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Sana'y kinawilihan mo ang gawain sa bahaging ito ng modyul. Ito'y paraan Din nang pagpapakita mo ng pag-ibig hindi lamang sa mismong bayang iyong ipinakilala sa audio-visual presentation kundi pagpapamalas din ito ng pag-ibig sa Inang Bayan. Kaya binabati kita sa'yong ginawa.

Narating mo na ang punto na ang maikling kuwentong lumaganap sa Panahon ng Espanyol ay iyo nang malalaman, mauunawaan, at mapahahalagahan sa pamamagitan nang pagpunta mo sa pinakahuling aralin sa Panahon ng Espanyol, ang Aralin 2.2 , isang maikling kuwento.

Aralin 1.2: MAIKLING KUWENTO: PAHAYAG NI EMILIO JACINTO

PAGTUKLAS

Ano ang nawala sa'yo na iniyakan mo nang todo-todo? Bahay? Kotse? Mamahaling alahas? Mamahaling gadyet? Buhay ng minamahal sa buhay? Kasintahan? Pagkakataong makapag-aral? Dating kalayaan na tinatamasa? Nakatulong ba ang iyong pag-iyak upang maibsan ang kirot na nararamdaman? Sino ang tumulong sa'yo upang muling mabakas ang saya sa'yong mukha? Malugod kitang inaanyayahang tuklasin ang mga kaisipang ito sa maikling kuwentong tatalakayin na umusbong at lumaganap sa Panahon pa rin ng Espanyol. Gayunpaman, nais nating samantalahin ang pagkakataong ito upang bigyang-opinyon ang nasabing mga tanong sa itaas sa pamamagitan ng unang gawain sa ibaba.

Gawain 1: Bunga ng Pagbubulay-bulay

Ipagpalagay na totoo sa'yong kalagayan ang nabanggit sa panimula ng araling ito. Kung gayo'n, sagutin mo ito nang buong puso yamang sa paraang ito, mararamdaman mo ang panloob na kaginhawaan at pasasalamatan mo ang gawaing ito. Ilagay sa nakalaang kahon ang iyong sagot.

Kailan ka huling umiyak nang todo-todo at sa anong dahilan?

_____

_____ Nakatulong ba ang iyong pag-iyak upang maibsan ang kirot na nararamdaman? Ipaliwanag. Kung hindi, ano o sino ang nakatulong sa'yo? Ipaliwanag.

_____

_____

_____

_____

Maraming salamat dahil naging bukas ang iyong saloobin sa pagsagot sa unang gawain. Ang pag-iyak dahil sa pagkawala ng isang bagay na pinakaiingat-ingatan at pinakamamahal ay isang mahalagang pangyayari sa loob ng kwentong tatalakayin anupa't papasok dito ang kahalagahan ng panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol. Kaakibat nito ang tanong kung paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang ito na minana pa sa ating mga ninuno.

Para sa iba pang ideyang saklaw ng araling ito, tugunan mo ang hinihiling ng
Mapa ng Konsepto ng Pagbabago. Huwag mag-alala sa kawastuhan o kamalian ng iyong sagot yamang may bahagi ng araling ito na mabibigyan ka ng pagkakataong rebisahin ang unang naging sagot.

Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Sagutan mo ang unang dalawang hanay tungkol sa maikling kuwento na pinamagatang *Pahayag* ni Emilio Jacinto na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol upang magkaroon ng katiyakan ang direksyong nais puntahan sa pag-aaral ng araling ito. Isama mo rin sa iyong magiging tugon kung dapat ba o hindi ang pagpapanatili at pagpapaunlad sa mga panitikang minana sa ating mga ninuno.

K Ano ang alam mo na? (What do you know)	**W** Ano ang nais mong malaman? What do you want to find out)	**L** Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan? (What did you learn)

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Sa tulong ng dalawang isinagawang gawain, may tiyak ng direksyon ang pag-aaral mo sa araling ito. Ngayon, nais nating ipagpatuloy ang paglalakbay sa ikalawang yugto ng pagkatuto nang tuluyan mo nang mabatid ang maikling kuwento na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Samo't saring gawain ang nakaabang sa yugtong ito ng pagkatuto taglay pa rin ang pinakalayuning matamo ang kalinangan sa mga impormasyong saklaw ng araling tatalakayin. Kung gayon, tara na't linangin ang iyong kaalaman at pag-unawa.

Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan

Alamin ang kahulugan ng sumusunod na mga salita upang maunawaan ang kwentong *Pahayag* ni Emilio Jacinto. Ang kahulugan ay malalaman sa pamamagitan ng *mathematical code.* Ang bawat titik ay may katumbas na bilang. Hanapin mo lamang ang hinihinging bilang, pagsasamahin at makukuha na ang katumbas. Isulat ang sagot sa inilaang patlang.

A=1	H=8	O=15	V=22
B=2	I=9	P=16	W=23
C=3	J=10	Q=17	X=24
D=4	K=11	R=18	Y=25
E=5	L=12	S=19	Z=26
F=6	M=13	T=20	
G=7	N=14	U=21	

Halimbawa: Ang kasingkahulugan ng balakyot ay masama.
BALAKYOT = 13 + 1 + 19 + 1 + 13 + 1
M A S A M A



Sinasaluduhan ko ang tiyaga mo sa paghahanap ng kahulugan ng mga salita na yamang pakikinabangan mo itong tunay sa pag-unawa sa tekstong babasahin. Ngayon, masasabi kong handa ka na para basahin ang maikling kuwentong nagtataglay ng kakaibang estilo ng paglalahad at kuwentong naglalaman ng impormasyong tiyak na magugustuhan.

Basahin at unawain ang maikling kuwentong *Pahayag* ni Emilio Jacinto.

Pagbasa 1

Basahin at unawain ang kuwentong Pahayag at suriin ang kasiningan sa
paraan ng pagkasulat ng may-akda at ang mensahe nitong nais makamtan ng sinumang tao upang higit na madama ang tunay na diwa nitong buhay. Puntahan ang site na ito **http://www.oocities.org/valkyrie47no/pahayag.htm** upang malaman ang nasabing kapana-panabik na kuwento. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Bakit nais nang isuko ng kabataan ang kaniyang sarili?

_____
_____
_____
_____

2.Paano pilit na isiniksik ng kausap ng kabataan ang kaniyang kahalagahan sa kanilang
buhay?

_____
_____
_____
_____

3.Ano-anong magagandang pangyayari ang inisa-isa ng kausap ng kabataan bilang mga
patunay ng kaniyang kahalagahan sa lipunang Pilipino?

_____
_____
_____
_____

4.Ano-ano ang mga sanhi ng pagluha at pagdaramdam ng puso ng kabataan na

kaniyang inisa-isa kay Kalayaan?

_____
_____
_____
_____

5.Paano tinanggap ng mga Pilipino ang pagdating ni “Pang-aalipin” at ano ang naging
bunga ng gayong pagtanggap?

_____
_____
_____
_____

6.Ano ang masuyong pakiusap ng kabataan kay Kalayaan at ano ang naging kasagutan
ni Kalayaan?

_____
_____
_____
_____

7.Ano ang ibig sabihin ng pagkislap ng mga mata ng kabataan nang siya’y magising
kinabukasan?

_____
_____
_____
_____

8.Paano nakaaapekto ang mensahe ng kuwentong ito na umusbong at lumaganap sa
Panahon ng Espanyol sa ngayon at sa kinabukasan?

_____
_____
_____
_____

9.Nararapat bang panatilihin at paunlarin ang ganitong uri ng panitikang minana sa mga
ninuno? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____

_____

10.Paano mapananatili at mapauunlad ang mga panitikang umusbong at lumaganap sa
panahong ito'y naisulat?

_____
_____
_____
_____

Taglay mo na ang kaalaman at pag-unawa sa nilalaman ng kuwentong *Pahayag* ni Emilio Jacinto. Sa kauna-unahang pagkakataon, napuna mo sa'yong pagsagot sa mga tanong na ang pangunahing layunin din ng araling ito ay makita ang epekto ng panitikang maikling kuwento ng kahapon
sa ngayon at sa kinabukasan at kung paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang ito na minana pa sa ating mga ninuno.

Ngayon, linangin natin ang iyong kaalaman sa susunod na gawain.

Gawain 4: Paghasa sa Kaalaman at Pag-unawa

Sagutin mo ang mga tanong upang muling matukoy ang mga mahahalagang bahagi at kapaki-pakinabang na mensahe ng maikling kuwentong *Pahayag* ni Emilio Jacinto. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

1.Bakit sumagi sa isip ng kabataan ang pagsuko?

_____
_____
_____
_____

2.Paano hinimok ni Kalayaan ang kabataan na pahalagahan siya nang lubos ng taumbayan?

_____
_____
_____
_____

3.Ano-ano ang mga sanhi ng pagluha at pagdaramdam ng puso ng kabataan na kaniyang inisa-isa kay Kalayaan?

_____
_____
_____
_____

4.Ano ang naging bunga ng pagtanggap ng mga Pilipino kay “Pang-aalipin”?

_____
_____
_____
_____

5.Sa pagwawakas ng kuwento, paano tinugunan ni Kalayaan ang masuyong pakiusap
ng kabataan?

_____
_____
_____
_____

6.Ano ang sanhi ng pagtutol ni Kalayaan sa pagluha ng kabataan?

_____
_____
_____
_____

7.Ano ang ibig ipahiwatig ng pagkislap ng mga mata ng kabataan pagsapit ng bagong
umaga?

_____
_____
_____
_____

8.Kailan lamang makatuwiran ang pagluha ng kabataan ayon kay Kalayaan?

_____
_____
_____
_____

9.Paano nakaaapekto ang mensahe ng kuwentong ito na umusbong at lumaganap sa
Panahon ng Espanyol sa ngayon at sa kinabukasan?

_____
_____
_____

10.Nararapat bang panatilihin at paunlarin ang maikling kuwentong *Pahayag* ni Jacinto bilang panitikang minana sa mga ninuno? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

Totoong natamo mo ang layunin nating mahasa't mapatalas ang iyong kaalaman at pag-unawa sa katatapos na gawain. Binabati kita !

Ang susunod na gawaing nakaabang ay tutulong din upang mapalitaw ang kasiningan ng paraan ng pagsulat ng may-akda at ang kahalagahan nito.

Gawain 5: Pagbibigay-buhay sa Tayutay

Lumitaw ang kasiningan ng akda dahil sa paggamit ng may-akda ng mga tayutay mula simula hanggang wakas ng kuwento. Ito ang iyong patutunayan sa pamamagitan ng pagtugon mo sa hinihingi ng talahanayan. Maaaring magdagdag ng kahong paglalagyan ng kasagutan kung kinakailangan.

Tayutay blg.1:

Mga Pahayag na Nagpapatunay sa Ginamit na Tayutay:

Tayutay blg.2:

Mga Pahayag na Nagpapatunay sa Ginamit na Tayutay:

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON: Nakatulong ang mga tayutay upang _____ _____. Dahil dito, lalo akong nahimok na _____ ang kuwentong ito bilang panitikang umusbong at lumaganap sa panahon ng mga ninuno dahil batid kong ang epekto nito sa atin sa kasalukuyan at sa kinabukasan ay _____ _____.

Mahalaga ang iyong isinagawang gawain. Ito ang magpapaiba sa kuwentong binasa mula sa iba pang kauri nito at sa ibang anyo ng panitikan. Higit nitong pinalalim ang iyong pagpapahalaga sa nasabing teksto.

Pagkatapos ng tayutay, ang gawaing susunod ang muling susubok sa iyong nahasang katalinuhan pagdating sa pagpapakahulugan ng mga kaisipang di lantad ang kahulugan.

Gawain 6: Paglinang sa Malalalim na Karunungan

Taglay ng maikling kuwentong *Pahayag* ni Jacinto ang mga malalalim na karunungang dapat mahukay at mabatid ang kahulugan nang magamit sa praktikal na buhay sa kasalukuyan. Kaya, ito ang iyong isasagawa sa mga pahayag na nakalista sa ibaba.

1. **“Lumuha ay dapat kung ang may sugat ay wala nang dugong maitigis, kung ang mga sukab ay wala nang buhay na maaaring**

Kahulugan:

2. **"Hindi lahat ng nakaugalian ay mabuti….."**

Kahulugan:

3. **"Dumating man siyang nakabihis ng balatkayo ng kagandahan at kabutihan, at mapayapa at magiliw sa kanyang mga paggalaw at pagkilos, ay nakilala ko kung sino siya…."**

Kahulugan:

4. **"Ngunit walang tao na karapat-dapat sa aking pangangalaga at kalinga kung hindi siya pumipintuho sa akin at umiibig sa akin, at kung wala siyang kakayahang mamatay para sa aking adhika"…**

Kahulugan:

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON: Nang dahil sa mga malalalim na kaisipang nabigyang-kahulugan, masasabi kong ang epekto nito sa akin ay

_____

Napagtanto ko rin na ang panitikang ito na umusbong at lumaganap sa panahong naisulat ito ay _____

_____ yamang pangmatagalan ang epekto nito sa buhay nating mga Pilipino.

Ang ipinamalas mong kakayahan sa pagpapakahulugan ay tunay kong hinahangaan. Pagkatapos nito, pagbuo naman ng ilang linya ang iyong isasakatuparan. Mga linyang may kagyat at malaking epekto sa sinumang makababasa nito. Ang susunod na gawain ang magpapangayari nito.

Gawain 7: Kalayaan, Katapat Mo'y Islogan

Mahihinuha mo na sa pamagat ng gawain na ika'y bubuo ng sarili mong mga islogan batay sa mensahe ng kuwento na inisa-isa sa ibaba. Pagkatapos, tugunan ang kahong naglalaman ng paglalahat at repleksyon.

KALUNGKUTAN → **ISLOGAN:**

PANG-AALIPIN → **ISLOGAN:**

PAG-ASA → **ISLOGAN:**

KALAYAAN → **ISLOGAN:**

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON: Mula sa mga nabuong islogan, masasabi kong naglalaman ang kuwento ng _____ _____. Mga mensaheng nangpakilos sa atin na _____ ang panitikang ito na umusbong at lumaganap sa panahong naisulat ito.

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Tunay na sapat na ang mga isinagawang mga gawain upang malinang ang iyong kaalaman at pag-unawa sa nilalaman at mensahe ng kuwentong *Pahayag* na umusbong at lumaganap sa panahon ng Espanyol.

Handa ka na nga para sa susunod na bahagi ng aralin.

PAGPAPALALIM

Palalalimin natin ang mga mahahalagang mensahe ng kuwentong *Pahayag* ni Jacinto yamang ito ang kailangan upang higit na makita ang kapakinabangang epekto nito sa buhay nating mga Pilipino sa kasalukuyan at makita rin ang pagiging praktikal nito maging sa kinabukasan. Kaya, gawin mo na ang unang gawain sa yugtong ito.

Gawain 8: Akrostik ng Diwa ng Buhay

Upang higit na mapalalim ang iyong pagpapahalaga sa mensahe ng kuwento hinggil sa kahalagahan ng KALAYAAN sa ating buhay, makatutulong ang gawaing ito. Sa bawat titik sa ibaba, magbigay ka ng isang pahayag na sa pakiramdam mo'y huhuli sa atensyon ng kapwa Pilipino at sasaling sa kanilang saloobin upang mahalin ang kalayaang tinatamasa ng bayan.

S -
A -
L -
A -
M -
A -
T -

K -
A -
L -
A -
Y -
A -
A -
N -

Salamat sa sinundang gawain dahil napagtibay ang katotohanang ang kalayaang tinatamasa natin ay mananatiling biyaya mula sa Kaitaasan. Sa kabilang banda, ang kahalagahan ng kalayaang ito ay muling nabigyang-saysay sa bisa ng maikling kuwento bilang panitikang umusbong sa Panahon ng Espanyol. Isa itong biyayang totoo. Ipagpatuloy ang ginagawa nating pagpapalalim sa susunod na gawain.

Gawain 9: Awiting Sa Buhay Magpapaningning

Sa tulong ng kuwentong *Pahayag*, binuhay nito ang mahalagang saloobin nating mga Pilipino, ang pagkakaroon ng isang buhay na buhay na pag-asa. Dahil dito, patutunayan nating kitang-kita ang epekto nito sa ngayon sa pamamagitan ng pagsusuri mo sa mga awiting Pinoy. Tugunan ang bawat kahilingan sa ibaba.

Link blg.1: http://www.youtube.com/watch?v=lm4RGyC

MENSAHE NG AWIT

Link blg.2 http://www.youtube.com/watch?v=uzmfrRnx

MENSAHE NG AWIT

Link blg.3: http://www.youtube.com/watch?v=kvldskt3fU

MENSAHE NG AWIT

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON: Sadyang makabuluhan ang mga awiting sinuri yamang binuhay nito ang ating pag-aasa na harapin ang bawat hamon nitong buhay nang may katatagan sa halip na ubusin ang luha nang basta-basta. Dahil dito, pinasisigla tayong
_____
_____ ang mga panitikang umusbong at lumaganap sa panahong naisulat ito sapagkat bagamat ito'y panitikan ng kahapon, malaki ang epekto nito sa _____
_____.

Pagkatapos ng iyong ginawang pagsusuri sa mga awiting bumuhay ng iyong determinasyong magpakita ng pag-asa at kumilos kaugnay rito sa lahat ng pagkakataon sa halip na magmukmok lamang sa isang sulok at maghintay kung anong mangyayari, ang susunod na gawain ang muling magdaragdag ng kahalagahan ng pagtataglay ng gayong pag-asa at determinasyon.

Gawain 10: Pag-ugnayin Natin!

Samo't sari ang maaaring iugnay sa salitang lubos na pinahahalagahan ng lahat – ang PAG-ASA AT KALAYAAN. Gumuhit o mag-*copy & paste* ka ng tatlong larawan na sa tingin mo'y pinakamagandang representasyon ng salitang pag-asa at kalayaan, at bigyan ng kaukulang paliwanag.

UNANG LARAWAN AT PALIWANAG

IKALAWANG LARAWAN AT PALIWANAG

KALAYAAN

IKATLONG LARAWAN AT PALIWANAG

Nakatutuwang makita ang iyong *output* yamang bunga ito ng iyong mayamang imahinasyon. Tunay na muling lumalim ang iyong pagpapahalaga sa mga naggagandahang mensahe ng tekstong pinag-aralan. Nais nating payamanin pa ang iyong imahinasyon, kasabay ng pagpapalalim natin sa mga mahahalagang punto sa araling ito sa susunod na gawain.

Gawain 11: Karikatura ng Buhay

Palalimin ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pagsusuri at paglalantad sa kahulugan ng mga karikatura sa ibaba. Siguraduhing maiugnay ang mga ito sa salitang pag-asa, determinasyon, at kalayaan.

http://bdsguing.blogspot.com/2013/06/pinoy-weekly-pagkatapos-ng-araw-ng.html



Pag-uugnay sa karikatura sa salitang pag-asa, determinasyon, at kalayaan

http://barangayrp.wordpress.com/2008/06/12/

Pag-uugnay sa karikatyur sa salitang pag-asa, determinasyon, at kalayaan

https://northwatch.wordpress.com/2012/03/

Pag-uugnay sa karikatyur sa salitang pag-asa, determinasyon, at kalayaan

Kay-inam nang isinagawa mong gawain! Napalalim ang iyong kakayahan sa kritikal na pag-iisip at malalim na pag-unawa. Higit pa rito, napasidhi ang iyong pagmamahal sa kalayaan, pag-asa, at determinasyon na siyang pangunahing layunin ni Jacinto sa kaniyang akdang *Pahayag* na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol. Kaygandang panitikan na dapat panatilihin at paunlarin.

Sa puntong ito, iyo namang subukin ang iyong kakayahan sa pagguhit bilang bahagi ng iyong pagpapalalim sa kahalagahan ng kalayaan sa ating buhay sa susunod na gawain.

Gawain 12: Sagisag ng Kalayaan

Gumuhit ng isang simbolo na sa tingin mo'y pinakamakabuluhang paglalarawan sa tinatamasa nating kalayaan sa kasalukuyan. Iguhit mo ito gamit ang *sketch evernote*. Puntahan lamang ang **www.evernote.com** at hanapin ang "skitch draw attention". I-*upload* mo ito sa *discussion board* at padalhan ng kopya ang guro. Mamarkahan ang iyong talumpati batay sa nilalaman ng *checkbric.*

***Checkbric* sa Pagbigkas ng Talumpati** **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
Mga Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
1. Orihinalidad ng simbolo (bunga ng mayamang imahinasyon)				
2. Kaangkupan ng simbolo sa kalayaan				
3. Mensahe ng simbolo				
4. Linis ng trabaho				
5. Dating sa madla				
Kabuuang Puntos				

Mahusay! Talagang di ka nagpahuli sa pagpapakita ng kahusayan sa pagguhit. Pinatunayan ng iyong likhang simbolo ang kahalagahan ng kalayaan sa ating buhay. Kalayaang nabigyang-saysay mula sa hinimay-himay na panitikang pamana ng ating mga ninuno. Pahalagahan nawa ito habambuhay.

Sa puntong ito, narating mo na ang huling pagtugon sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.*

Gawain 13: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Ito na ang huling pagtugon sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* sa paglalagay ng mga kaisipang hinihiling ng huling hanay. Inaasahan kong marami kang maisusulat dito tanda ng iyong ganap na pag-unawa sa araling ito. Isama mo rin sa iyong tugon kung dapat ba o hindi ang pagpapanatili at pagpapaunlad sa mga panitikang tulad nito na minana pa sa ating mga ninuno.

K Ano ang alam mo na? (What do you know)	**W** Ano ang nais mong malaman? What do you want to find out)	**L** Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan? (What did you learn)

Kaysarap ng pakiramdam dahil masasalamin mula sa sinundang gawain na Malalim n ang iyong pag-unawa sa nilalaman ng araling naging lunsaran upang matamo ang mga kapaki-pakinabang na kasanayan. Ngayon naman,
iyong tutugunan ang gawaing magpapalitaw sa'yong tunay na saloobin sa mga mahahalagang kaisipang natamo mula sa araling ito.

Gawain 14: Self-Regulated Learning: Pagtataya sa Sarili

Kumpletuhin ang mga pahayag sa ibaba nang mataya mo ang iyong sarili kung gaano kalalim ang iyong pagpapahalaga sa mga impormasyong nararapat ikintal sa puso at isip ng bawat mamamayang Pilipino.

Isa sa mga panitikang umusbong at lumaganap na pinag-aralan sa araling ito ay ang maikling kuwento na pinamagatang _____ ni kinatha ni _____.

Sa tulong ng panitikang ito, naikintal sa aking puso't isipan na ang pagkakaroon ng pag-asa ay _____ _____.

Mula sa mga mahahalagang kaisipang masasalamin sa panitikang ito, nararapat lamang na ito'y _____ _____ _____.

Kaya, gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang ang panitikang ito na pamana ng ating mga ninuno ay _____ _____.

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Naniniwala akong natugunan ng bahaging PAGPAPALALIM ang mga kasanayang dapat mong taglayin, na magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay, lalo na pagdating sa pakikipag-ugnayan sa sinumang tao na pareho mo ring nakikipagsapalaran sa mapanghamong mundo. Taas-noo rin ang aking pagmamalaki yamang malalim na ang iyong pagpapahalaga sa panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Espanyol. Kumbinsido ka na ngayon na dapat ngang mapanatili at mapaunlad ang panitikang minana pa sa ating mga ninuno dahil sangkot dito ang kalagayan natin sa kasalukuyan at sa kinabukasan.

Sa puntong ito, narating mo na ang huling yugto ng araling ito na patuloy na magdaragdag sa'yong pagkatuto.

PAGLILIPAT

Ito na nga ang bahaging ililipat mo sa reyalidad ng buhay ang mga kaisipang iyong natutuhan sapagkat mananatiling walang saysay ang anumang natamong kasanayan kung walang aplikasyong magaganap. Batid kong ika'y sumasang-ayon sa pahayag na ito. At yamang walang pagtuligsa sa iyong bahagi, nais na nating simulan ang pagasasagawa mo sa huling gawain sa araling ito.

Gawain 15: Unang Bahagi: Paggawa ng *Travel Brochure*

TASK

Ang gawaing ito ay tungkol ito sa lugar ng iyong kapanganakan. Ilahad dito ang tatlong lugar na maaari nilang puntahan upang higit nilang mapahalagahan ang iyong lugar-kapanganakan. Piliin lamang ang mga detalyeng ilalagay rito dahil kaunti lamang ang maaaring isulat na pangungusap. Lagyan din ng magandang disenyo at larawan kung mayroon. I-*post* o i-*upload* mo ito sa iyong *Facebook Account.*

Checkbric sa Paggawa ng *TRAVEL BROCHURE* (Unang Bahagi) **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
Mga Pamantayan				
1. Pagkakapili/Kahalagahan ng mga Larawan				
2. Pagkakatabas ng mga Larawan				
3. Kalidad ng mga Larawan				
4. Pagkaka-caption ng mga Larawan				
5. Estilo ng Presentasyon/Pagkamalikhain				
6. Dating sa Madla				
Kabuuan				

TANDAAN

sa gawa at salita na walang halong pag-aalinlangan ang nadarama agpapahalaga sa mga panitikang umusbong at lumaganap sa panahon ng Espanyol. Malaki at kapaki-pakinabang ang epekto ng mga ito sa bawat buhay nating Pilipino. Dahil dito, taglayin sana ang hangaring mapanatili at mapaunlad ang anumang panitikang umusbong at lumaganap sa panahong naisulat ang mga ito. Mabuhay ang panitkang Pilipino ng kahapon, ngayon, at bukas!

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Manatiling mahusay ang bawat hakbang na iyong ginagawa sa bahaging paglilipat dahil ito ang magpapangyari upang di ka gaanong mahirapan sa [illegible]ahang pagganap sa pagtatapos ng modyul na ito.

Kaysarap mabatid na dalawang panahon na ang iyong natapos: Panahon ng Katutubo at Panahon ng Espanyol. Oras nang dumako sa ikatlong panahon, ang Panahon ng Hapon.

PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, maaari kang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mong balikan muli ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na pinakaangkop ang sagot.

1. Sino ang kumatha ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*?
   a. Emilio Jacinto
   b. Andres Bonifacio
   c. Narciso Reyes
   d. Jose Rizal

2. Bakit umiiyak ang kabataan sa kwentong *Pahayag* ni Emilio Jacinto?
   a. dahil sa kamatayan ng kaniyang mga magulang
   b. dahil sa pakikipaghiwalay sa kaniya ng kasintahan
   c. dahil sa kawalan ng kalayaang inaasam-asam
   d. dahil sa tuluyan na siyang pinahinto sa pag-aaral

3. Paano nakaapekto sa kabataan ang pakikipag-usap niya kay ‘Kalayaan’?

   a. Nabuhayan siya ng loob at panibagong pag-asa ang naramdaman.
   b. Higit na dinamdam ng kabataan ang nakapanlulumong kalagayan.
   c. Naisipan ng kabataan na wakasan na ang sariling buhay.
   d. Naisipan niyang kumbinsihin ang iba upang maghiganti sa mga kaaway.

4. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit itinanong ni Bonifacio sa kaniyang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* kung tunay ang pagmamahal ng mga Pilipino sa bansang Pilipinas?
   a. upang masigurong lahat ng mga Pilipino ay may iisang layuning mahalin at ipagmalasakit ang bansang Pilipinas
   b. upang malaman kung sino sa mga kababayan ang di nagmamahal sa bayan at maipataw sa kanila ang karampatang parusa
   c. upang mabatid lamang kung sino sa mga Pilipino ang kakampi nila, at kung sino naman ang sa mga Kastila

d. upang malaman kung sino sa mga Pilipino ang dapat nilang iwasan sa oras na ipaglaban ang kanilang kalayaan

5. Kung gagawing iisang pahayag ang saknong sa ibaba, alin sa sumusunod na mga pahayag ang *pinakaakma*?

> "Banal na pag-ibig kung ikaw ang nukal
> Sa tapat na puso ng sino't alinman
> Imbit taong gubat, maralita't mangmang
> Nagiging dakila at iginagalang

a. May mga puso ring handang tumulong sa mga nangangailangan ang mga kababayang maralita't mangmang.
b. May dignidad ang sinumang kababayang nagtataglay ng isang pusong punumpuno ng pagmamahal sa bayan.
c. Itinuturing na mangmang ang mga kababayang nakatira sa gubat dahil malayong sila ay makapag-aral.
d. Kahit itinuturing na maralita at mangmang, may kakayahan ding magpamalas ng pagmamahal sa kagubatan.

6. Ano ang tono o damdaming nangingibabaw sa saknong na ito:

> Kung ang pagkabaon niya't pagkabusabos
> Sa lusak ng daya't tunay na pag-ayop
> Supil ng panghampas tanikalang gapos
> At luha na lamang ang pinaaagos

a. pagkasuklam
b. pag-aalinlangan
c. pagdadalamhati
d. pagpupursige

7. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na islogan para sa mensahe ng saknong sa ibaba?

> Kayong mga pusong kusang inuusal
> ng daya at bagsik ng ganid na asal
> ngayon magbango't baya'y itanghal
> agawin sa kuko ng mga sukaban

a. "Kuko ng Kaaway, Wala ng Buhay"
b. "Bagsik ng Kaaway, Wala nang Kamalay-malay"
c. "Baya'y Itanghal, Sugpuin ang mga Kaaway"
d. "Bumangon at Maghimagsik, Suungin ang Panganib"

8. Paano itinuring ni Bonifacio ang kamatayan alang-alang sa bayan?
a. pangyayaring kaypait, di na kailangang maulit

b. pangyayaring nagpapasaya sa puso
c. pangyayaring bunga lamang nang pamimilit
d. pangyayaring kaylupit, iparanas din sa iba

9. Alin sa sumusunod ang *pinakamakabuluhang* tugon sa tanong na bakit kapaki-pakinabang na panatilihin at paunlarin ang panitikang umusbong at lumaganap sa panahong naisulat ito?
   a. Dahil kasasalaminan ito ng ating mga kultura na magsisilbing tatak ng ating pagkakakilanlan kahapon, ngayon, at bukas*
   b. Upang may maituro sa mga Pilipino sa ngayon at mabigyan sila ng ideya sa mga nangyari sa ating mga ninuno
   c. Para may silbi ang mga rekord ng kasaysayan ng ating bansa at hindi lamang manatiling nakdispley sa mga silid-aklatan
   d. Upang may pagkaabalahan ang mga Pilipino at di maisip ang pagbaling sa mga ipinagbabawal na gamot

10. Dapat bang sabihing di tunay at wagas ang pag-ibig sa sariling bansa ng mga Pinoy na nagtatrabaho sa *abroad*? Alin sa sumusunod na mga pahayag ang *pinakaangkop* na dahilan?
   a. Oo dahil kung talagang mahal nila ang bansang Pilipinas, higit na pipiliin nilang tumira at magtrabaho rito gaano man kahirap ang buhay.
   b. Oo dahil ang pag-iwan sa sariling bansa nang makapunta lamang sa ibayong dagat ay nangangahulugang higit mong mahal ang abroad.
   c. Hindi dahil unang-una, wala tayong karapatan upang husgahan kung gaano katindi ang pagmamahal ng ating kababayan sa sarili nilang bansa.
   d. Hindi dahil ang usapin o isyu rito ay ang kahirapan ng buhay sa Pilipinas kaya sila nag-a-abroad hindi ang pagiging isang Pilipino.

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamakabuluha*ng dahilan kung bakit pinasisigla ni Bonifacio ang kapwa Pilipino na isagawa ang pagsusuri sa sarili kung magagawang ipagtanggol ang bayang naaapi?
   a. Dahil lahat ay apektado kapag nagpatuloy ang kaaapihang nararanasan mula sa kalupitan ng mga dayuhan
   b. Dahil hindi patas kung sila lang ang nagnanais na magtanggol sa bayan at ang iba'y wala man lamang pakialam
   c. Dahil iilan lamang silang nakadarama ng pananagutan sa bansa, kapag marami na, ayos na ang pakiramdam
   d. Dahil kung di ito gagawin ni Bonifacio, sasabihin ng mga Pilipino na wala siyang kuwentang pinuno

12. Ano ang *pinakamainam* na mensahe ng saknong sa loob ng kahon na hinalaw sa tula ni Bonifacio na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*?

Walang mahalagang hindi inihandog

Sa pusong mahal ng bayang nagkupkop
Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod
Buhay ma'y abuting magkalagot-lagot

a. Kayamanan ang pinakamainam na maaaring ihandog para sa bayan dahil maraming kababayan ang naghihirap.
b. Anumang bagay na ihahandog alang-alang sa kapakanan ng bayan ay lubusang pinahahalagahan.
c. Iisa lamang ang buhay kaya huwag itong hayaang mawala kahit magdusa pa nang magdusa ang bayan.
d. Matutong pagtiisan ang kaapihang nararanasan sapagkat darating din ang panahon ng paglaya.

13. Mula pa rin sa tula ni Bonifacio na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*, alin sa sumusunod na tayutay ang ginamit sa dalawang magkasunod na taludtod na ito: "Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan, siya'y ina't tangi na kinamulatan"?
    a. personipikasyon
    b. metapora
    c. pagtawag
    d. metonimya

14. Alin sa sumusunod ang *pinakamakabuluha*ng sagot sa tanong na sino ang higit na may karapatang magbahagi ng karunungan hinggil sa mga panitikan ng kahapon? Bakit?
    a. Mga guro sapagkat pinag-aralan nila kung ano at kung paano dapat ito ituro sa lahat ng nangangailangan ng impormasyon.
    b. Mga namumuno sa lipunan sapagkat saklaw ito ng kanilang obligasyon na turuan ang taumbayan sa lahat ng aspekto.
    c. Sinumang Pilipino na nakababatid at nakauunawa sa mga panitikan ng kahapon yamang may pananagutan ang bawat isa.
    d. Mga mag-aaral sapagkat kailangan nilang patunayan sa kanilang mga guro na mayroon silang natutuhan sa silid-aralan.

15. Wikang Ingles ang unang wika ng iyong pinsang si James. Dahil dito, hirap siyang makipag-usap at umunawa ng mga pahayag sa wikang Filipino. Ito ang dahilan kung bakit unti-unti siyang nilalayuan at di kinakausap ng iba lalong-lalo na ng iba pa niyong mga pinsan. Tinutukso rin siya ng iba sa pagsasabing di siya Pilipino dahil di marunong sa wikang Filipino. Nakikita mong negatibo ang epekto kay James ang ganitong mga sitwasyon. Isang araw, nabanggit niya ito sa'yo na taglay ang mababa at malungkot na tono ng boses. Ano ang p*inakamainam* na ipapayo mo sa kaniya?
    a. Hikayating sabihan ang kaniyang mga magulang na sa ibang bansa na lamang sila tumira upang maiwasan ang pangungutya ng iba.

b. Hikayating sabihan ang kaniyang mga magulang na kasuhan at ipakulong ang sinumang nangungutiya sa kaniya upang magtigil na sila.
c. Payuhang sabay nilang awayin ang sinumang mapatunayang nagbibigay
ng mga negatibong komento sa pagiging di marunong sa wikang Filipino.
d. Payuhang pag-aralan ang pagsasalita ng wikang Filipino at tulungan siya sa pag-aaral nito sapagkat kailangan niya itong totoo sa pang-araw-araw.

16. Mula nang nangibang-bansa ang ama't ina ni Rico, napuna mong palaki nang palaki ang kanilang bahay. Parating bagong modelo ang kaniyang mga gadyet. Batid mo ring halos araw-araw na papalit-palit ang suot niyang sapatos. Ni hindi mo na nga siya nakikitang sumasakay sa dyip. Hatid-sundo na kasi ng kanilang *family driver.* Malimit mo rin siyang nakikitang kumakain sa mga tanyag na restawran. Oo, di mo maiwasang makaramdam ng inggit sa tuwing nakikita mo ang mga ito yamang malayong mahirap ang lagay ng inyong buhay-pamilya. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamainam* na saloobin ang nais mong panatilihin?
    a. Makipagsaya sa tagumpay na nakakamtan ng pamilya ni Rico at gawin silang inspirasyon upang matamasa rin balang-araw ang tulad ng kanilang tinatama.
    b. Siraan ang reputasyon ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagsasabing kumikita ng maraming salapi ang ama't ina sa di magandang pamamaraan.
    c. Laging kulitin at hikayatin ang sariling ama't ina na mangibang-bansa upang magkaroon din kayo ng magandang buhay tulad ng kina Rico.
    d. Huminto sa pag-aaral at tulungang maghanapbuhay ang mga magulang hanggang sa singyaman n'yo na ang pamilya nina Rico.

17. Samo't saring problema ang dumadalaw sa inyong pamilya. Nariyang natanggal sa trabaho ang iyong ama. Naaksidente ang minamahal na ina na katuwang ng iyong ama sa paghahanapbuhay. Napariwara ang iyong kuya dahil sa masamang impluwensiya ng mga barkada. Si ate? Kinailangang huminto sa pag-aaral dahil tatlong buwan na ang sanggol sa kaniyang sinapupunan. Ikaw? Tila nagbabadya ang lagay ng inyong pamilya na maaaring ika'y pansamantalang huminto muna sa pag-aaral. Paano mo ngayon pakikitunguhan sa *pinakamahusay* na paraan ang kasalukuyang lagay ng inyong buhay?
    a. Isumbat sa Diyos ang lahat ng pagdurusang nararanasan at hayaang tuluyan nang mawala ang tiwala mo sa Kaniya.
    b. Maglayas sa bahay upang di na maapektuhan sa problema ng iyong ama't ina, kuya at ate na laging kasa-kasama.

c. Awayin ang ama sa pagkakatanggal sa trabaho, awayin ang kuya sa maling pagpili ng barkada, at awayin si ate sa pagiging malandi.
d. Magpakatatag, maging positibo, ipagpatuloy ang pagiging mabuting anak, at magpatulong sa mga nakaririwasang kamag-anak.

18. Isang alila ang iyong ina sa abroad. Hindi kalakihan ang sahod niya. Dahil dito, madalas pa ring nagkukulang ang inyong mga pangangailangan. Sa katunayan, di mo maiwasang mangutang minsan sa kaklase dahil sa kakapusan ng baon. Samantala, mga bigating may-ari ng kung ano-anong hotel, restawran, at negosyo ang mga magulang ng iyong mga kaklase. Tiyak, limpak-limpak na salapi ang kinikita ng mga ito. Ibig sabihin, mabibili ng iyong mga kaklase ang anumang naisin. Aling saloobin ang *pinakamabuting* dapat na mamayani sa'yo?
    a. Magmukmok lagi sa isang sulok at laging isipin ang kakapusan ng salaping ipinadadala ng ina at ang mga kaklaseng nakukuha ang anumang gusto.
    b. Kausapin ang ina at himuking maghanap pa ng karagdagang trabaho sa ibang bansa nang makapagpadala ng malaki-laking pera para sa inyo.
    c. Matutong tanggapin ang kasalukuyang kalagayan at ipako na lamang ang atensyon sa pag-aaral dahil ito ang higit na mahalaga.
    d. Laging humingi ng kung ano-anong bagay mula sa mga kaklase upang masubukan ding magkaroon ng mga ito kahit ano pa ang sabihin nila sa'yo.

19. Isa mong kaklase ang kasalukuyan ngayon na nasa ospital dahil sa malubhang
karamdaman. Marami sa'yong mga kaklase ang ayaw sa kaniyang pag-uugali.
Madalas kasi siyang nang-aaway kahit sa mga mumunting pagkakamali. Masakit
din siyang magsalita. Hindi niya iniisip kung ang sasabihin niya'y nakasasakit ng
kalooban ng iba o hindi. Subalit alam mong di naman siya ganito dati. Sa
maikling salita, natutuhan mo na rin siyang kaayawan. Gayunpaman, ito ang araw
na itinakda ng inyong class adviser na pagdalaw sa kaniya. Sasama ka ba?
Aling dahilan ang *pinakamakabuluhan*?
    a. Oo bilang pagpapakita't pagpapadama ng pakikiramay ko sa kaniya sakaling paggaling niya, magbabago na siya ng pakikitungo sa amin.
    b. Oo para wala lang masabi ang kaklaseng maysakit at para di ka pag-isipan ng di maganda ng iyong class adviser kung di ka sasama.

c. Hindi! Kailangang ipamukha mo sa kaklaseng ito na kinaaayawan mo siya talaga, at kahit ano pa man ang mangyari sa kaniya, di ka apektado.
d. Hindi! Magkukunwaring masakit ang tiyan, ulo, o kahit anumang bahagi ng katawan basta huwag lang makasama sa pagdalaw.

20. Lubos ang kalayaang ipinagkaloob sa'yo ng iyong ama't ina dahil maraming beses mo nang napatunayang karapat-dapat ka nito. Nakuha mo na ang tiwala nila. Kaya,malaya kang nakapupunta sa mga lugar na nais mong puntahan basta't magpaalam ka lamang sa kanila. Samantala, napuna mong di ganito ang lagay ng iyong mga nakababatang kapatid. Damdam mong naiinggit sila sa'yo. Hanggang umabot sa puntong isa sa kanila ang nais ipamukha ang katotohanang ito sa'yo. Anong *pinakakalugod-lugod* mong gawin?
    a. Aawayin mo rin sila nang todo-todo sapagkat higit kang may karapatang umaway sa kanila dahil ikaw ang nakatatanda.
    b. Kalmado ka lang, pakinggan ang kanilang hinanakit at pagkatapos, masuyo at buong paggiliw na ipaliwanag ang iyong panig.
    c. Iiwan siya agad habang nagsasalita upang di na marinig pa ang sasabihin dahil natitiyak mong di mo rin lamang magugustuhan.
    d. Isusumbong agad-agad sa mga magulang ang pangyayaring ito at sabihan ang ama't ina na parusahan sila sa kanilang maling asal.

GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

Kagyat- Agad-agad

Karikatura- Larawan o panggagaya sa tao o bagay sa eksaheradong paraan

Komplikado- Maselan, hindi simple

Maralita- Dukha, mahirap

Matamasa- Maranasan

Natamo- Nakuha

Nalulumbay- Nalulungkot

Nakasasaling- Nakaaantig

Nagbunsod- Nagpangyari, naging dahilan

Nakabatid- Nakaalam

Nakapanlulumo- Nakapanghihina

Pagkabusabos- Pagiging alipin

Pag-iimbot- Pagdadalawang-isip o walanng katiyakan sa gawain

Pinakamasidhi- Pinakamatindi

Pagkukusa- Paggawa kahit walang nagsasabi/nag-uutos

Sunggaban- Gawin ito agad-agad taglay ang buong puwersa

TALASANGGUNIAN NA GINAMIT SA MODYUL

Awit ni Freddie Aguilar: Pag-ibig sa Bayan. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=pU0ATcgTpbM
Awit: Pag-ibig sa Bayan. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=YLGGvd9ArPk
Editoryal Kartun: Pag-ibig sa Bayan. Hinalaw noong HUlyo 2014 mula sa http://www.davidmixner.com/2013/11/editorial-cartoons-of-the-week-philippines-typhoon-6-cartoons.html
http://www.nordis.net/?p=9626
http://opinion.inquirer.net/65105/editorial-cartoon-november-10-2013
http://plaridel.ph/opinyon#.U7KD5WywrIU
http://cebudailynews.inquirer.net/2014/02/12/moving-earth/

Kapistahan sa Pilipinas. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://www.marvingermo.com/ofw-stories-10-money-saving-tips-for-ofws-part-2/
http://tourism-philippines.com/festivals/
https://www.google.com.ph/search?q=bangus+festival&tbm=isch&ei=T5SyU92bIc3i8AXV5IC4CA
http://knightsofrizal.org.ph/a-centenary-year-the-19th-international-assembly-and-conference/festival-panagbenga/
http://zakurazengki.weebly.com/philippine-festivals.html

Lupang Tinubuan: Maikling Kuwento ni Narciso Reyes. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://markjan-markjan.blogspot.com/2009/09/lupang-tinubuan-ni-narciso-g-reyes.html
Modyul sa Filipino Baitang 8 mula sa Kagawaran ng Edukasyon
Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa
http://www.kabisig.com/philippines/poems-written-during-the-spanish-regime-pag-ibig-sa-tinubuang-lupa-tula-ni-andres-bonifacio_1108.html
Pahayag: Maikling Kuwento ni Emilio Jacinto. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.oocities.org/valkyrie47no/pahayag.htm

Aralin Blg. 3: Salamin ng Kahapon Bakasin Natin Ngayon: Mga Akdang Pampanitikan sa Panahon ng Hapon

Panimula at Pokus na mga Tanong

Kailan ka nakaramdam ng matinding panibugho o inggit at ano ang naging bunga nito sa'yo at sa ibang tao? Kaugnay nito, paano mo gagamitin ang kalayaang ipinagkaloob sa iyo ng iyong mga magulang? Sa kabilang banda, paano mo kaya maipakikita o mapatutunayan ang iyong pagiging ganap na Pilipino, nasa loob at labas ka man ng bansa?

Sa modyul na ito, mabibigyang sagot ang sumusunod na mga tanong:

1. ***Bakit mahalagang maunawaan at mapahalagahan ang iba't ibang akdang pampanitikan mula sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon?***
2. ***Masasalamin ba sa panitikan ang kultura o kalagayang panlipunan ng isang bansa sa panahon at lugar na isinulat ito? Patunayan.***
3. ***Paano nakaaapekto ang panitikan ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan?***
4. ***Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang minana pa sa ating mga ninuno?***
5. ***Paano nakatulong ang mabisang paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kasiningan ng akda?***

Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga nabanggit na tanong kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na aralin.

Aralin Blg.	Pamagat	Matutuhan mo ang…	Bilang ng Oras/ Sesyon
Aralin 3	Panahon ng mga Hapon Panitikan: Tula: *Haiku* at *Tanka* Panitikan: Maikling Kuwento: *Lupang Tinubuan*	●Mahulaan ang mahahalagang kaisipan at sagot sa mga karunungang-bayang napakinggan. ●Maiugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa mga karunungang-	

		bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan. ●Mabibigyang-kahulugan ang mga talinghagang ginamit. ●Makilala ang bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na ginamit sa napanood na pelikula o programang pantelebisyon. ●Maibahagi ang sariling kuro-kuro sa mga detalye at kaisipang nakapaloob sa akda batay sa: - pagiging totoo o hindi totoo - may batayan o kathang isip lamang ●Makasulat ng sariling bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na angkop sa kasalukuyang kalagayan. ●Magamit ang paghahambing sa pagbuo ng alinman sa bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan (eupemistikong pahayag). ●Mailahad ang sariling pananaw sa pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ng mga	

		puntong binibigyang diin sa napakinggan ●Masuri ang pagkakabuo ng tula batay sa mga elemento nito ●Maibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pahayag sa tula ●Masuri ang pagkakatulad at pagkakaiba ng napanood sa binasang akda ●Nabubuo ang angkop na pagpapasiya sa isang sitwasyon gamit ang: - pamantayang pansarili - pamantayang itinakda ●Nagagamit nang wasto ang mga kaalaman sa denotasyon at konotasyon sa pagsulat ng sariling tula	

Concept Map ng Modyul

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.

MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA PANAHON NG MGA KATUTUBO, ESPANYOL, AT HAPON

***ARALIN 1* – PANAHON NG MGA KATUTUBO**

Aralin 1.1: Panitikan: Karunungang-bayan: Bugtong, Salawikain, Kasabihan, Sawikain
Wika: Paghahambing; Eupimistikong Pahayag

Aralin 1.2: Panitikan: Alamat ng Bundok Pinatubo
Wika: Pang-abay na Panlunan at Pamanahon

Aralin 1.3: Panitikan: Bidasari (Epiko)
Wika: Mga Hudyat ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari

***ARALIN 2* – PANAHON NG MGA ESPANYOL**

Aralin 2.1: Panitikan: Tula: Pag-ibig sa Tinubuang Lupa ni Andres Bonifacio

Aralin 2.2: Panitikan: Maikling Kuwento: PAHAYAG ni Emilio Jacinto

***ARALIN 3* – PANAHON NG MGA HAPON**

Aralin 3.1: Panitikan: Tula: Haiku at Tanka

Aralin 3.2: Panitikan: Maikling Kuwento: Lupang Tinubuan

Inaasahang mga Kasanayan

Upang mapagtagumpayang masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nahihinuha ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon.
2. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa kalagayan ng lipunan sa panahong nasulat ito, pagtukoy sa layunin ng pagsulat ng akda, at pagsusuri sa epekto ng akda pagkatapos itong isulat.
3. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa binasa.
4. Naipahahayag ang sariling pananaw at damdamin sa ilang pangyayari sa binasa.
5. Naibibigay ang sariling puna sa kahusayan ng may-akda sa paggamit ng mga salita at pagpapakahulugan sa akda.
6. Nailalahad ang damdamin o saloobin ng may-akda, gamit ang wika ng kabataan.
7. Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa napakinggang aralin.
8. Nasusuri ang mga pangunahing kaisipan sa akdang binasa.
9. Nasusuri ang mga katangian at tono ng akda batay sa napakinggang mga bahagi.
10. Naipaliliwanag ang sariling saloobin/ impresyon tungkol sa mahahalagang mensahe at damdaming hatid ng akda.
11. Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salitang mula sa aralin batay sa denotasyon at konotasyong kahulugan.
12. Naibabahagi ang nadarama matapos mapanood ang isang *music video* na may temang katulad ng aralin.
13. Nabibigkas nang madamdamin ang mga piling bahagi ng tula at maikling kuwento.
14. Nailalarawan ang tagpuan ng akda batay sa napakinggan.
15. Natatalakay ang aralin gamit ang estratehiya ng simula, pataas na aksyon, kasukdulan, kakalasan, at wakas.
16. Nasusuri ang mga sitwasyong nagpapakita ng iba’t ibang damdamin at motibo ng mga tauhan.
17. Naibibigay ang kahulugan ng salitang di pamilyar gamit ang kontekstwal na pahiwatig.
18. Nagagamit ang mga hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga hakbang na maisasagawa upang magbago ang isang bayan.

19. Naipahahayag ang pansariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang mga salitang naghahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat (hal: totoo-ngunit)

PANIMULANG PAGTATAYA

Bago mo simulan ang pagsasagawa sa mga makabuluhang gawain sa unang aralin ng modyul na ito, tuklasin muna natin ang lawak ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem.

Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang lahat ng kasagutan, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang ang mga aralin sa modyul na ito.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling Ito, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik nang wastong sagot.

1. Ilan ang kabuuang pantig ng isang *haiku*?
   a. 17
   b. 81
   c. 21
   d. 37

2. Ano-ano ang karaniwang paksa ng *tanka* ng Hapon?
   a. pagbabago, pag-ibig, kalikasan
   b. pagbabago, pag-ibig, pamilya
   c. pagbabago, pag-ibig, pag-iisa
   d. pagbabago, pag-ibig, pag-aaral

3. Batay sa kuwentong *Lupang Tinubuan* ni Narciso Reyes, bakit nagpunta sa lugar-kapanganakan ng ama ang pangunahing tauhan na si Danding?

   a. upang kunin ang lupang ipamamana sa kaniya

b. upang dalawin ang lolo't lola na matagal na di nakita
c. upang kunin ang upa ng kanilang lupang sinasaka ng iba
d. upang makipaglibing sa isang malapit na kamag-anak

4. Bakit may mga dating naninirahan sa nayong sinilangan na ngayo'y nasa siyudad ang nagnanais pa ring balikan ang nayong sinilangan at ang paggawa sa mga dating ginagawa rito?
   a. sapagkat panloob na kasiyahan ang dulot nito sa kanila at pagtanaw ng utang na loob na rin sa lupang sinilangan
   b. sapagkat nais lamang na makita ang mga kamag-anak na nakatira dito at pagkatapos itong magawa, uuwi rin lamang sila
   c. sapagkat kung hindi nila ito gagawin, aani sila ng pangungutya at pambabatikos sa mga kamag-anak na nakatira sa nayon
   d. sapagkat nais lamang makakuha ng mga prutas na marami sa lugar na ito, pagkatapos itong makakuha, uuwi rin lamang agad

5. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit mahalagang mabatid ang mga paksang sangkot sa *tanka* at *haiku* ng mga Hapon?
   a. Dahil dapat lamang na malaman ito, at wala naman tayong magagawang iba kundi sumunod sa kagustuhan ng Kagawaran ng Edukasyon
   b. Dahil kung sakaling dumating ang araw at tayo'y napadpad sa bansang Hapon, alam mo na ang tungkol sa kanilang *tanka* at *haiku*
   c. Dahil kung makikitang malaki ang kaugnayan nito sa kultura natin, mapadadali ang pagtanggap at pagpapahalaga sa mga ito
   d. Dahil dito mo malalaman kung ano talaga ang mga paksa na nakapaloob sa *tanka* at *haiku*, paano nga naman malalaman kung di pag-aaralan.

6. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na dahilan kung bakit may mga anak na sa kabila ng maraming pangaral ng mga magulang ay makuha pa nilang gawin kung ano ang di dapat?
   a. sapagkat hindi naman talaga sila laging pinapayuhan ng mga magulang
   b. sapagkat malakas ang impluwensiya ng kani-kanilang mga barkada
   c. sapagkat nais nilang tularan ang ginagawa ng iba na kanilang nakikita
   d. sapagkat ibig lamang nilang maranasan ang pakiramdam nang nasasabihan

7 .Alin sa mga sumusunod ang *pinakaakmang* dahilan kung bakit babalik at babalik din sa lupang tinubuan ang mga OFW kahit mabigyan sila ng oportunidad na manirahan sa ibang bansa?

a. Dahil ibig nilang ipagmayabang ang anumang nakuha o nabili sa ibang bansa nang sila'y hangaan at kainggitan ng mga kababayan
b. Dahil kailanma'y di matutumbasan ang ligayang madarama sa bansang itinuturing mong ina na kumalinga sa'yo mula simula
c. Dahil ito ang ginagawa ng nakararami at madalas na sinasabing "ang ginagawa ng nakararami ang sundin dahil ito ang mabuti"
d. Dahil ito nga naman ang nilalaman ng kontrata ng mga OFW na kailangang bumalik sa bansang pinanggalingan pagkatapos ng kontrata

8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang *pinakaangko*p na dahilan ng pag-aaral ng mga panitikan ng Hapon?

a. Dapat lamang na pag-aralan ang mga panitikan ng Hapon dahil isa rin sila sa mga bansa sa Asya na may karapatang mapag-aralan ang kanilang panitikan
b. Dapat lamang dahil kung hindi natin ito gagawin, kailanman, wala talaga tayong malalaman, at mananatili tayong mangmang sa kanilang mga panitikan
c. Dapat lamang sapagkat sa paggawa nito, makadarama tayo ng *'sense of belongingness'* bilang mga nagkakaisang bansa sa Asya na nagsusuportahan
d. Dapat lamang dahil kung ginawa nating pag-aralan ang panitikan ng mga katutubo at Espanyol, kailangan din nating gawin ito sa bansang Hapon para patas lamang

9. Sa tanong na "May kasiguruhan bang matututo tayo sa *tanka* at *haiku*, at maikling kuwentong umusbong at lumaganap sa panahon ng Hapon?" alin sa mga sumusunod ang *pinakamahusay* na tugon?
a. Oo dahil ang mga nakapaloob sa mga panitikang ito ay lumalarawan sa ating kultura at ibang kalagayang panlipunan na makikita maging sa kasalukuyan.
b. Oo dahil hindi naman ilalagay sa mga aklat ang mga panitikang ito kung walang kabutihang madudulot nito sa lipunang Pilipino.
c. Hindi sapagkat ang nakaraan ay nakaaraan, ang sa ngayon ay sa ngayon, ang bukas ay para rin bukas, kanya-kanya sa bawat panahon.
d. Hindi sapagkat tanging maaala natin ay ang paghihirap na dinanas ng ating mga ninuno sa bakal na kamay ng mga Hapon.

10.Alin sa mga sumusunod na tayutay ang ginamit sa pahayag na "Langitngit ng kawil-

kawil na kotse" at "alanganing tsug-tsug ng piston", mga pahayag mula sa kwentong
Pahayag ni Narciso Reyes?

a. personipikasyon
b. metapora
c. onomatopiya
d. metonimya

11. Ano ring tayutay ang ginamit sa pahayag na ito: "Ang tren ay nabuhay", "Nakangiti ang langit", at "sipol ng piston"?
    a. personipikasyon
    b. simili
    c. metonimya
    d. metapora

12. "Pinaglabanan ni Danding ang sulok ng pagkabigo sa kaniyang dibdib", ano ang ibig ipahiwatig ng pahayag na ito mula sa kwentong *Lupang Tinubuan*?
    a. Bigo si Danding sa kaniyang mga inaasahan sa pagpunta nila sa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama.
    b. Bigo ang hangarin ni Danding na makakilala ng mga magagandang dalaga sa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama.
    c. Bigo si Danding na makatikim ng mga bungang-kahoy na ipinagmamalaki ng kaniyang Tiya bago sila pumunta sa lugar-kapanganakan ng ama.
    d. Bigo si Danding na magamit ang bago niyang *cell phone* sa lugar-kapanganakan ng ama dahil sa kawalan ng signal doon.

13. Ano ang mahalagang ginampanan ng album, itak, kawayan, punong mangga, kalabaw, at bukid sa buhay ni Danding habang siya'y nasa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama?
    a. Pagmamay-ari lahat ito ng kaniyang ama na magsisilbing alaala niya habambuhay.
    b. Sa mga ito sinariwa ang mga nagdaang buhay ng kaniyang ama nang siya'y nasa nayon pa.
    c. Ibinigay ang lahat ng ito kay Danding yamang siya ang tanging tagapagmana sa yumaong ama.
    d. Mananatili na lamang na alaala ang mga ito sapagkat iba na ang tunay na nagmamay-ari sa mga ito.

14. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit binigyang-diin ni Danding ang kahalagahan ng pag-iisa?
    a. upang mapagbulay-bulay ang mga nagawa, ginagawa, at gagawin pa lamang kung ang mga ito'y magdudulot ng maganda

b. upang maiwasan ang mga taong dapat iwasan lalo na ang ibang mahilig mangutang na di naman kayang bayaran
c. upang mapagtaguan ang mga nagawan ng kasalanan at nang di sila mapaghigantian, kawawa lamang ang kahihinatnan
d. upang hindi makita ng magulang o kamag-anak baka utusan pa kung saan-saan, mapapagod lamang

15. Sa inyong barangay, alam mong may oras lamang para ilabas at itapon ang basura sa tamang lagayan. Hindi nagkulang ang iyong pamilya sa paggawa nito. Gayunpaman, napuna mong isa sa iyong mga kapitbahay ang di sumusunod sa patakarang ito. Ilang beses mong napatunayang iniaabot ng ina sa kaniyang anak ang supot ng basura at palihim na ipinalalagay sa isang gilid. Malimit na iba ang napararatangang gumagawa nito. Nakilala mo ang ina ng bata bilang isang ina na pakialamera, tsismosa, at nang-away pa sa ibang kapitbahay na babae. Ano ang *pinakamabuti* mong pasya?
    a. Magbubulag-bulagan na lamang upang di awayin ng babae.
    b. Sabihin sa'yong ama't ina nang magawa ang aksyong nararapat.
    c. Sabihin sa'yong ama't ina na awayin nila ang ina ng bata.
    d. Hintaying magtapon muli ang bata at sigawan ito nang ubod lakas.

16. Napagkasunduan ninyong mag-anak na makipaglibing sa isang butihing kamag-anak sa probinsya ngunit nangangangahulugan ito ng ilang araw na paninirahan sa kanilang baryo dala ng kalayuan. Nangangahulugan din ito na di ka maaaring magdala ng anumang gadyet tulad ng *cellphone* yamang di rin lamang magagamit ang mga ito dahil sa kawalan ng signal. Ngayon pa lamang, nakararamdam ka na ng pagkabagot. Sasama ka pa ba? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamagandang* dahilan?
    a. Oo dahil nais mong ipadama ang iyong pakikiramay kahit alam mong nangangahulugan ito ng iyong lubos na pagsasakripisyo.
    b. Oo dahil kasunduan ito ng iyong pamilya at maiintindihan nila kung magrereklamo ka habang kayo'y nasa baryo.
    c. Hindi dahil alam mong magiging nakababagot ang pamamalagi n'yo sa baryo at huwag nang pansinin pa ang sasabihin ng iba.
    d. Hindi dahil marami ka pa namang ibang kamag-anak na siguradong pupunta't makikiramay sa pamilya ng yumao.

17. Sinasabihan ka lagi ng iyong ama na huwag munang makipagkasintahan sapagkat ika'y wala pa sa wastong gulang. Ito rin ang malimit na bukambibig ng iyong ina sa tuwing kayo'y magkasama. Paulit-ulit ang ganitong mga senaryo sa bahay n'yo. Gayunpaman, nang kayo'y namasyal sa probinsya ng iyong ama, napag-alaman mong napakabata pa nila nang sila'y naging magkasintahan. Oo, wala pa sila sa wastong gulang. Ikaw ay

napipi sa mga sandaling iyon dahil sa pagkabigla. Paano mo ngayon pakikitunguhan sa *pinakamabuting* paraan ang iyong ama't ina?

a. Susumbatan sila bilang simula ng pagkawala ng iyong respeto dahil bakit nila ipinagbabawal sa'yo ang bagay na di naman nila noon ginawa.
b. Magtatampo sa ama't ina at pakiusapan ang mga kamag-anak na sa kanila ka na tumira dahil nawalan ka na ng tiwala sa iyong mga magulang.
c. Buong paggalang na alamin sa ama't ina ang dahilan kung bakit gano'n ang malimit na payo sa'yo samantalang di naman pala nila ito nagawa.
d. Mauna nang umuwi tanda ng pagrerebelde ng kalooban dahil bakit nila ipinagagawa ang isang bagay na di naman nila noon ginawa.

18. Ilang araw na lamang at aalis na patungong Canada ang iyong ina upang magtrabaho. Sa wakas, matutupad na rin ang pangarap na ito na malimit banggitin sa'yo mula nang ika'y nasa ikatlong baitang pa lamang ng elementarya. Nagsosolong magulang ang iyong ina. Batid mong nagkakandahirap siyang buhayin ka. Lagi mong naririnig ang kaniyang pangungutang. Ngunit, mula rin sa panahong iyon, isang umaalingawngaw na "HINDI" ang sagot mo. Tutol ka sa pag-a-*abroad* ng iyong ina dahil ayaw mong malayo sa kaniya at tila di mo kayang mabuhay na malayo sa piling nila. Ngayon, tutol ka pa ba? Alin sa mga sumusunod na pamimilian ang *pinakamainam*?

a. Oo dahil ayaw kong tumira sa bahay na walang kasamang nanay na tagaluto, tagalinis, at tagalaba dahil ako na ang gagawa.
b. Oo dahil wala kang tagagawa ng mga takdang aralin at proyekto at alam mong pag nangyari ito, bababa ang iyong grado.
c. Hindi dahil maganda ang hangarin ng aking ina, ang pagkakaroon namin sana ng isang buhay na maginhawa.
d. Hindi dahil gusto ko ang paglayo niya upang walang sisita sa anumang naisin kung gawin, higit itong masaya.

19. Isang kapitbahay ang napag-alaman mong dating nakakulong dahil sa kasong pagpatay, isa siyang kriminal. Maraming sandaling naririnig mo mula sa kantina ng barangay ang kaba ng kanilang nararamdaman dahil sa kaniya. Nakikita mo siyang naglalakad ngunit lantarang siyang iniiwasan ng sinumang masalubong sa daan. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamakabuluhang* sagot kung makikiayon ka ba sa ginagawa ng iyong mga kabarangay kaugnay ng taong dating nakakulong?

a. Oo dahil kailangan talaga siyang iwasan dahil hindi malayong kami ang susunod na biktimahin niya.
b. Oo dahil ang tulad niyang dating kriminal ay dapat na mananatiling kriminal sa paningin ng lahat.

c. Hindi dahil hindi mo naman talaga siya maiiwasang makasalubong sa daan lalo pat kapitbahay siya.
d. Hindi dahil malaki ang posibilidad na nagbago na siya at nais ngayong ituwid ang buhay.

20. Gusto mong mapag-isa sa iyong kuwarto. Kaya tuwing nakasara ito, walang sinuman ang umaabala sa'yo bilang pagrespeto sa'yong kagustuhan. Isa pa, ito ang nakaugalian mong gawin sa tuwing may kailangan kang pagpasiyahan na nangangailangan ng malaliman at kritikal na pag-iisip. Sa paraang ito ka lamang pwedeng makapagpasiya nang buong katalinuhan. Nasa kalagitnaan ka ng iyong malalimang pagbubulay-bulay nang biglang kumatok at nagsalita ang iyong nakatatandang kapatid at tila boses naghihinagpis. Ano ang *pinakaangkop* mong gawin?
    a. Huwag siyang pansinin total alam naman niya ang dahilan kung bakit nakasara ang iyong kuwarto sa mga sandaling iyon.
    b. Agad itong buksan dahil ang tinig niya'y nagpapahiwatig na isang pangyayari ang kailangan mo nang malaman agad.
    c. Sigawan siyang itigil ang pagkatok sa pintuan upang umalis na't maipagpatuloy mo ang ginagawang pagninilay-nilay.
    d. Sigawan siya't sabihing sa mga magulang n'yo iparating ang anumang nais niya sanang sabihin sa'yo dahil sila dapat ang unang makaalam.

Aralin 3.1: TULA: HAIKU AT TANKA

Gamit ang isang paraan lamang ng pagpapahayag, paano mo maipararating
ang iyong matinding pagmamahal sa iyong mga minamahal sa buhay, sa kalikasan, at sa positibong pagbabago? At bakit sa ganitong paraan? Matutuklasan mo ang mga mensaheng ito sa kabuuan ng araling ito ukol sa tula na umusbong at lumaganap sa panahon ng Hapon. Gayunpaman, bago mo tuluyang tuklasin ang mga ito, makatutulong kung ikaw mismo ang sumubok na maghayag ng iyong saloobin at kaisipan sa nasabing tanong sa pamamagitan ng pagsasagawa mo sa unang gawain.

Gawain 1: Saloobin Ko't Kaisipan, Pakinggan!

Mapalad ka dahil una kang magbubulalas ng iyong kalooban sa nasabing tanong sa itaas. Tiyak na sariwa at mula sa kaibuturan ng iyong puso ang masasabi mo. Isulat ito sa kahong nakaalaan para dito.

Paraan ng pagpapara-ting ng matinding pagmama-hal sa mga minamahal sa buhay, sa kalikasan, at sa positibong pagbabago	*Paano at bakit?*

Tunay na masasalamin sa iyong sagot ang personalidad na bumabalot sa'yong pagkatao. Bunga ito marahil ng pinagsama-samang magandang epekto ng pag-aaral mo sa mga panitikan ng ating mga ninuno. Kasabay

nito,isang pang gawain ang magbibigay sa'yo ng pangkalahatang ideya sa sakop at saklaw ng araling ito kung saan mo dapat iangkla ang iyong atensyon.

Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Nasa ibaba ang halimbawa ng **IRF** tsart. Punan ang unang hanay ng iyong sagot sa tanong na ***Ano-ano ang pangunahing mensahe ng haiku at tanka ng Hapon at bakit kailangang maunawaan, mapanatili at mapaunlad sa kasalukuyan at sa kinabukasan ang tulang haiku at tanka ng Hapon na minana pa natin sa ating mga ninuno?*** Isaalang-alang ang magiging tugon yamang may posibilidad na ito'y mabago habang at pagkatapos mapag-aralan ang kabuuang araling ito.

Unang Tugon (Initial)
Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)
Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas Natuklasan mo na ang mga puntong kailangan mong makita, mapatunayan, mapahalagahan, mapanatili, at mapaunlad sa araling ito sa tulong ng gawain bilang 1at 2. Kagyat na tayong dumako sa susunod na yugto ng pagkatuto.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Nakatutuwang malaman na nabigyan ka ng pagkakataong malinang ang iyong kaalaman, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga panitikang umusbong
at lumaganap sa Panahon ng Hapon na may malaking epekto sa atin sa kasalukuyan at maging sa kinabukasan. Atin nang simulan ang bahagi ng PAGLINANG.

Basahin at unawain ang Haiku at Tanka ng Hapon.

Mula sa teksto sa ibaba, basahin at unawaing mabuti ang kaligirang
pangkasaysayan ng haiku at tanka ng Hapon at iba pang impormasyon
ukol dito. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na mga tanong.

Kaligirang Pangkasaysayan ng Haiku at Tanka
(Tula mula sa Silangang Asya: Japan)
Salin sa Filipino ni M.O. Jocson

Ang *tanka* at *haiku* ay ilang anyo ng tula na pinahahalagahan ng panitikang Hapon. Ginawa ang *tanka* noong ikalawang siglo at ang *haiku* noong ika-15 siglo. Sa mga tulang ito, layong pagsama-samahin ang mga ideya at imahe sa pamamagitan ng kakaunting salita lamang.

Ang pinakaunang *tanka* ay kasama sa kalipunan ng mga tula na tinawag na *Manyoshu o Collection of Ten Thousand Leaves.* Antolohiya ito na naglalaman ng iba't ibang anyo ng tula na karaniwang ipinahahayag at inaawit ng nakararami.

Sa panahong lumabas ang *Manyoshu,* kumawala sa makapangyarihang impluwensiya ng sinaunang panitikang Tsino ang mga manunulat na Hapon. Ang mga unang makatang Hapon ay sumusulat sa wikang Tsino sapagkat eksklusibo lamang ang wikang Hapon sa pagsasalita at wala pang sistema ng pagsulat. Sa pagitan ng ikalima hanggang ikawalong siglo, isang sistema ng pagsulat ng Hapon ang nilinang na mula sa karakter ng pagsulat sa China upang ilarawan ang tunog ng Hapon. Tinawag na *kana* ang ponemikong karakter na ito, na ang ibig sabihin ay *"hiram na mga pangalan."*

Noong panahong nakumpleto na ang *Manyoshu,* nagsimulang pahalagahan ng mga makatang Hapon ang wika nila sa pamamagitan ng madamdaming

pagpapahayag. Kung historikal ang pagbabatayan, ipinahahayag ng mga Hapon na ang *Manyoshu* ang simula ng panitikan nilang nakasulat na matatawag nilang sariling-sarili nila.

Maiikling awitin ang ibig sabihin ng *tanka* na puno ng damdamin. Bawat *tanka* ay nagpapahayag ng emosyon o kaisipan. Karaniwang paksa naman ang *pagbabago, pag-iisa, o pag-ibig.* Tatlumpu't isa (31) ang tiyak na bilang ng pantig na may limang (5) taludtod ang tradisyunal na *tanka.* Tatlo sa mga taludtod ay may tig-7 bilang ng pantig samantalang tig-5 pantig naman ang dalawang taludtod.

Nagiging daan ang *tanka* upang magpahayag ng damdamin sa isa't isa ang nagmamahalan (lalaki at babae). Ginagamit din sa paglalaro ng aristocrats ang *tanka,* kung saan lilikha ng tatlong taludtod at dudugtungan naman ng ibang tao ng dalawang taludtod upang mabuo ang isang *tanka.*

Gaya nga ng naipahayag na sa unang bahagi ng tekstong ito, noong ika-15 siglo, isinilang ang bagong anyo ng pagbuo ng tula ng mga Hapon. Ang bagong anyo ng tula ay tinawag na *haiku.*

Noong panahon ng pananakop ng mga Hapon sa Pilipinas lumaganap nang lubos ang *haiku*. Binubuo ng labimpitong (17) pantig na nahahati sa tatlong taludturan.

Ang pinakamahalaga sa *haiku* ay ang pagbigkas ng taludtod na may wastong antala o paghinto. ***Kiru*** ang tawag dito o sa Ingles ay ***cutting***. Ang *kiru* ay kahawig ng ***sesura*** sa ating panulaan. Ang kireji naman ang salitang paghihintuan o *cutting word.* Ito ay kadalasang matatagpuan sa dulo ng isa sa huling tatlong parirala ng bawat berso. Ang kinalalagyan ng salitang pinaghintuan ay maaaring makapagpahiwatig ng saglit na paghinto sa daloy ng kaisipan upang makapagbigay-daan na mapag-isipan ang kaugnayan ng naunang berso sa sinundang berso. Maaari din namang makapagbigay-daan ito sa marangal na pagwawakas.

Ang mga salita na ginagamit ay maaaring sagisag ng isang kaisipan. Halimbawa ang salitang *kawazu* ay "palaka" na nagpapahiwatig ng tagsibol. Ang *shigure* naman ay "unang ulan sa pagsisimula ng taglamig." Mahalagang maunawaan ng babasa ng *haiku* at *tanka* ang kultura at paniniwala ng mga Hapon upang lubos na mahalaw ang mensaheng nakapaloob sa tula.

Estilo ng Pagkakasulat ng Tanka at Haiku

Parehong anyo ng tula ang *tanka* at *haiku* ng mga Hapon. Maikling awitin ang *tanka* na binubuo ng tatlumpu't isang (31) pantig na limang taludtod.

Karaniwang hati ng pantig sa mga taludtod ay 7-7-7-5-5, 5-7-5-77 o maaaring magkapalit-palit din na ang kabuuan at tatlumpu't isang (31) pantig pa rin.

Samantala, ang *haiku* ay pinaikli pa sa *tanka*. May labimpitong bilang ang pantig na may tatlong taludtod. Maaaring ang hati ng pantig sa mga taludtod ay 5-7-5 o maaaring magkapalit-palit din na ang kabuuan ng pantig ay labimpito pa rin.

Karaniwang paksa ng *tanka* ay *pagbabago, pag-ibig, at pag-iisa*. Ang paksang ginagamit naman sa *haiku* ay tungkol sa *kalikasan at pag-ibig*. Parehong nagpapahayag ng masidhing damdamin ang *tanka* at *haiku*.

Narito ang halimbawa ng *tanka* at *haiku* na mula sa wikang Nihonggo ay isinalin naman sa Ingles at Filipino. Basahin at suriin.

TANKA ni Ki no Tomonori Isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat		
Hapon	**Ingles**	**Filipino**
Hi-sa-ka-ta-no Hi-ka-ri no-do-ke-ki Ha-ru no hi ri Shi-zu ko-ko-ro na-ku Ha-na no chi-ru-ra-mu	This perfectly still Spring day bathed in soft light From the spread-out sky Who do the cherry blossoms So restlessly scatter down?	Payapa at tahimik Ang araw ng tagsibol Maaliwalas Bakit ang Cherry Blossoms Naging mabuway?

HAIKU ni Basho Isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat		
Hapon	**Ingles**	**Filipino**
Ha-tsu shi-gu-re sa-ru mo ko-mi-no wo ho-shi-ge na-ri	An old silent pond… A frog jumps into the pond, Splash! Silence again.	Matandang sapa Ang palaka'y tumalon Lumalagaslas

Sagutin mo ang sumusunod na tanong.

1.Bakit naisipan ng mga Hapon na bumuo ng *haiku* at *tanka*?

_____
_____
_____
_____

2.Ano ang pagkakaiba ng *haiku* at *tanka* batay sa kayarian?

_____
_____
_____
_____

3.Ano-ano ang pagkakaiba ng *haiku* at *tanka* batay sa paksa?

_____
_____
_____
_____

4.Paano binigkas ang *haiku* at *tanka*?

_____
_____
_____
_____

5.Ano-ano ang mga kultura ng Hapon ang masasalamin sa kanilang *haiku* at *tanka*?

_____
_____
_____
_____

6.Makikita rin ba sa kulturang Pilipino ang mga kulturang Hapon na masasalamin sa
kanilang *haiku* at *tanka*? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

7.Kung ikaw ang susulat ng ganitong uri ng tula, ano ang iyong papaksahin at bakit ito
ang iyong napili?

_____
_____
_____
_____

8.Ano-ano ang kahalagahan ng pag-aaral ng *haiku* at *tanka* sa kasalukuyan at sa kinabukasan?

_____
_____
_____
_____

9.Paano mapananatili at mapauunlad ang *haiku* at *tanka* bilang panitikang minana pa
sa ating mga ninuno?

_____
_____
_____
_____

Yamang batid mo na ang mga impormasyong sangkot sa *haiku* at *tanka* ng Hapon, subukin mo ngayon ang iyong kaalaman at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsasagawa sa susunod na gawain.

Gawain 3: Pagtugon sa Kahon ng Kaalaman

Kumpletuhin ang nilalaman ng kahon nang muling mapalitaw ang mga mahahalagang detalye sa *haiku* at *tanka* ng Hapon batay sa binasa mong kaligirang pangkasaysayan nito.





REYALISASYON: Napagtanto ko mula sa nabatid kong mga paksa/tema ng haiku at tanka na _____ nito sa mga bagay na pinahahalagahan nating mga Pilipino. Dahil dito, ngayon pa lamang, masasabi kong ang panitikang ito na umusbong at lumaganap sa panahon ng Hapon ay nararapat lamang na _____.

Salamat naman dahil madali mong nakuha ang isa sa mga punto ng pag-aaral ng panitikang Pilipino na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon. Ang susunod na gawain, makukuha mo kayang muli ang punto nang pagsasagawa nito? Aking malalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa mo rito.

Gawain 4: Simbolo, Iguguhit at Ipaliliwanag Ko

Gumuhit ng isang simbolo na sumasaklaw sa lahat ng paksa/tema ng *haiku* (kalikasan at pag-ibig), gayundin ang para sa *tanka* (pagbabago, pag-ibig, at pag-iisa). Pagkatapos, lakipan ito ng paliwanag. Gamitin ang mga nakalaang kahon para sa mga sagot.

SIMBOLO PARA SA HAIKU:

PAGPAPALIWANAG:

SIMBOLO PARA SA TANKA

PAGPAPALIWANAG

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON: Nang dahil sa iginuhit kong mga simbolo na may kalakip na pagpapaliwanag, tunay na nalinang ang aking _____ _____ sa *haiku* at *tanka* bilang mga panitikang minana sa ating mga ninuno. Napagtanto ko rin, na dapat palang _____ ang panitikang *haiku* at *tanka* sa kasalukuyan at maging sa kinabukasan.

Dito ko napat

Nakabibilib ang husay ng iyong iginuhit lakip na rin ang ibinigay mong paliwanag. Kumbinsido akong nalinang na nga ang iyong kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga sa *haiku* at *tanka.*

Ang susunod na gawain ay may kinalaman pa rin sa mga paksa ng *haiku* at *Tanka.* Ang gawain ay tiyak na magdaragdag sa paglinang ng iyong pagpapahalaga sa kahalagahan ng dalawang anyo ng tula.

Gawain 5: Dugtungang Pagsasalaysay

Bilang bahagi ng paglinang ng iyong pagpapahalaga sa nilalaman ng *haiku* at *tanka,* dugtungan ang bawat pahayag sa ibaba nang maihayag mo ang laman ng puso't isipan.

Bilang pagpapahalaga sa **paksa/tema ng HAIKU,** maipakikita ang **pagmamahal at pagmamalasaki**t ko **sa kalikasan** sa pamamagitan ng _____
_____
_____
_____

Bilang pagpapahalaga sa **paksa/tema ng HAIKU at TANKA**, maipakikita ang **pagmamahal at pagmamalasakit** ko sa **kahalagahan ng pag-ibig** sa pamamagitan ng _____
_____
_____
_____

Bilang pagpapahalaga sa **paksa/tema ng TANKA**, maipakikita ang **pagmamahal at pagmamalasakit** ko sa **pagbabago** sa pamamagitan ng _____
_____
_____
_____

Bilang pagpapahalaga sa **paksa/tema ng TANKA**, maipakikita ang **pagmamahal at pagmamalasakit** ko sa **pag-iisa** sa pamamagitan ng
_____
_____
_____
_____

PAGLALAHAT AT REPLEKSYON: Nang dahil sa dugtungang pagsasalaysay, nadugtungan din ang aking pagpapahalaga sa _____ bilang panitikang pamana ng ating mga ninuno sapagkat sa gawaing ito naikintal sa aking _____ na pahalagahang lubos ang pag-big, _____, at _____ bilang mga paksa ng nasabing anyo ng tula. Ang pagpapahalagang ito ay napakahalga yamang di posible ang maginhawang buhay kung wala ang mga ito.

Natamo mo na ang paglinang ng iyong kasanayan na magpahalaga sa mga kaaya-ayang dahilan ng pagkakabuo ng *haiku* at *tanka*. Ngayon, oras naman upang linangin ang iyong kabatiran, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga terminong magpapasining sa isang anyo ng panitikan tulad ng *haiku* at *tanka* sa tulong ng susunod mong gawain.

TANDAAN

Pag-unawa sa Denotasyon at Konotasyon

Linangin natin ang iyong kaalaman at pag-unawa sa kaibahan ng terminong “denotasyon” at konotasyon”. Mahalaga ang kabatiran dito

yamang hitik ang mga haiku at tanka ng ganitong pamamaraan ng paggamit ng mga
salita.

DENOTASYON – anumang salita na may literal na kahulugan
Pansinin ang sumusunod na mga halimbawa:
berde – kulay **Berde** ang mga damo sa bukirin.
Berde ang kulay ng kaniyang damit.
haligi – poste na maaaring gawa sa kahoy o semento
Gumuho ang **haligi** ng kanilang bahay dahil sa tindi ng buhawi.
Matibay ang **haligi** ng kanilang bahay sapagkat nanatili itong nakatayo pagtapos ng malakas na lindol.

KONOTASYON – kabaligtaran ng denotasyon. Anumang salita na di literal ang kahulugan. Madalas itong ituring na idyoma.Pansinin ang sumusunod na mga halimbawa:
berde – may kalaswaan sa pag-iisip (green jokes)
Kinaaayawan siya lalong-lalo na ng kababaihan dahil sa malimit niyang pagbanggit ng mga **berdeng** biro.
haligi – haligi ng tahanan (idyoma)
Itinuturing ng **haligi** ng tahanan ang mga ama dahil ang pangunahing suporta ng pamilya ay nagmumula sa kanila.

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1.Ano ang pangunahing pagkakaiba ng denotasyon sa konotasyon?

_____
_____
_____
_____

2.Bakit mahalagang matukoy kung ang salitang ginamit sa isang pahayag ay nasa
anyong denotasyon o konotasyon?

_____
_____
_____
_____

3.Kakikitaan ba ng denotasyon at konotasyon ang *haiku* at *tanka* ng Hapon? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

4.Masasalamin din ba sa kasalukuyang kalagayang panlipunan natin ang kahiligan sa
paggamit ng mga salitang nasa anyong denotasyon at konotasyon? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

5.Kung gayo'n, masasabi ba nating dapat na panatilihin at paunlarin ang *haiku* at *tanka*
bilang panitikang lumaganap sa Panahon ng Hapon? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

Iyong napuna na kinahiligan ng Hapon ang paggamit ng denotasyon at konotasyon sa kanilang *haiku* at *tanka* at ito ang ipinamana nila sa ating mga
ninuno na dapat din nating pagyamanin sa kasalukuyan at sa kinabukasan. Iyong isagawa ang susunod na gawain nang mapagtanto kung gaano mo naunawaan ang pagkakaiba ng denotasyon at konotasyon.

Gawain 6: Isulat Ko,Tuykuyin Mo

Sa loob ng bawat pangungusap, hanapin ang dalawang pahayag na magkaiba dahil sa ginamitan ito ng denotasyon at konotasyon. Isulat ang buong pahayag na nagsasaad ng denotasyon, gayundin ang gawin sa pahayag na nagsasaad ng konotasyon. Ilagay sa kahong nakalaan ang iyong sagot.

1.Nakasuot ng itim na damit ang tatlong pinaghihinalaang nagtataglay ng itim na budhi.

Salitang may anyong denotasyon at konotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng denotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng konotasyon:

2.Bukas-palad na tinanggap ng mga biktima ng bagyo ang *relief goods* na ipinagkaloob
ng mga taong bukas-palad.

Salitang may anyong denotasyon at konotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng denotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng konotasyon:

3.Limang ilaw ng tahanan ang kasalukuyang nagpupulong sa kusina sapagkat higit na
maliwanag ang ilaw roon kaysa sa sala.

Salitang may anyong denotasyon at konotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng denotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng konotasyon:

4.Ibigay ko na lamang sa pulubing namamalimos ang kabibiling mamon sapagkat ako'y
nahabag sa kaniya tanda ng aking pagkakaroon ng pusong mamon.

Salitang may anyong denotasyon at konotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng denotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng konotasyon:

5.Pagkatapos bumili ni Ben ng karayom napadaan siya sa SM at nakitang di mahulugang karayom doon dahil sa pagdating nina Daniel Padilla at Kathryn Bernardo.

Salitang may anyong denotasyon at konotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng denotasyon:

Pahayag na nagsasaad ng konotasyon:

Binabati kita sa ipinakita mong kahusayan sa denotasyon at konotasyon. Napatunayan mo sa bawat pangungusap sa itaas na higit na naging masining
ang paraan ng paglalalahad kapag ginamitan ito ng denotasyon at konotasyon.

Sa pagkakatong ito, linangin ang iyong husay sa pagbuo naman ng pangungusap na may denotasyon at konotasyon sa pamamagitan ng susunod na gawain.

Gawain 7: Kaya Ko'to, Maniwala Kayo!

Nasa ibaba ang mga salitang gagamitin mo sa pagbuo ng pangungusap. Siguraduhing sa bawat pangungusap, gamitin ang salitang ibinigay sa pagbuo ng pahayag na nagsasaad ng denotasyon at isa pang pahayag na nagsasaad ng konotasyon.



Sana'y huwag mong ilista sa tubig ang lahat ng iyong mga natututuhan. Gawin mong gabay mo sa'yong pang-araw-araw na pamumuhay. Ngayon, muli mong balikan ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* upang makita ang pagsulong ng iyong pagkatuto.

Gawain 8: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)

Nakabubuti munang balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging **I** ng **IRF** ang nangangailangan ng pagbabago ukol sa tanong na *: Ano-ano ang pangunahing mensahe ng haiku at tanka ng Hapon at bakit kailangang maunawaan, mapanatili at mapaunlad sa kasalukuyan at sa kinabukasan ang tulang haiku at tanka ng Hapon na minana pa natin sa ating mga ninuno*? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

Unang Tugon (**I**nitial)
Pagbabago sa Unang Tugon (Revised) **Dahilan/Mga dahilan:**
Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal)

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa gawaing ito, tinatapos natin ang pagkatuto sa bahaging ito. Sapat na ang apat na pares ng salita bilang paglinang sa'yong kakayahan pagdating sa pagbuo ng mga pangungusap na kababasahan ng denotasyon at konotasyon.

Atin namang simulang palalimin ang mga mahahalagang konseptong saklaw ng *haiku* at *tanka* sa tulong ng susunod na yugto ng pagkatuto.

PAGPAPALALIM

Pagpapalalim? Oo, pagpapalalim ng iyong apresasyon sa papel ng pag-iisa, papel ng pagbabago, papel ng pag-ibig, at papel ng kalikasan sa buhay nating mga Pilipino. Salamat sa *tanka* at *haiku* na umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon bilang panitikang pamana ng ating mga ninuno! Umpisahan na ang pagpapalalim sa susunod na gawain.

Gawain 8: Video Analysis

Suriin ang mga nakalistang *link* sa ibaba. Tukuyin ang anyo: *haiku* o *tanka*. Tukuyin din kung ano ang paksa/tema ng bawat isa. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na mga tanong.

http://www.youtube.com/watch?v=-Ed2flN3WBg	Anyo: Paksa/Tema: Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=gdPTCdjfRPU

Anyo:
Paksa/Tema:

Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=4V_rC-Z5bh8

Anyo:
Paksa/Tema:

Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=oEQpYtYmya0

Anyo:
Paksa/Tema:

Mensahe:

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pagkakatulad ng apat na *link*?

_____
_____
_____
_____

2.Ano-ano ang mga paksa/tema ng mga *link*?

_____
_____
_____

_____

3.Paano pinatunayan ng mga *link* na totoo ang mga bagay na pinahahalagahan ng mga
Hapon?

_____
_____
_____
_____

4.Masasalamin din ba sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan ang mga paksa at nilalaman
ng mga *link*? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

5.Paano ka nakinabang sa ginawa mong pag-alam sa mensahe ng mga link?

_____
_____
_____
_____

6.Paano mo maipakikitang pinahahalagahan mo ang ang ganitong uri ng panitikang
minana natin sa ating mga ninuno?

_____
_____
_____
_____

Naramdaman ko ang naging hamon para sa'yo ang pagkuha ng mensahe ng mga *link* yamang sa wikang Ingles ito isinulat. Gayunpaman, nagkatotoo sa'yo ang kasabihang *"two birds in one stone".* Napalalim na nga ang iyong pag-unawa sa *haiku* at *tanka*, napalalim pa ng iyong kasanayan sa pag-unawa sa wikang banyaga.

Ngayon naman, masusubukan ang iyong kakayahan sa ibang larangan. Gawin mo ang inihandang gawain.

Gawain 9: Gawaing Kaygaling, Pagsabayin!

Suriin at unawaing mabuti ang nilalaman at mensahe ng mga *link* sa ibaba. Pagkatapos, isalin ang mga ito sa Filipino sa anyong patula rin batay sa'yong pag-unawa. Isaalang-alang ang bilang ng mga taludtod at ang kabuuang bilang ng mga pantig.

http://www.youtube.com/watch?v=WQ_u4MQk94Q

Salin sa Filipino:

Anyo ng tula: Paksa/tema:
Nilalaman/Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=E_x8hoDmXJ8

Salin sa Filipino:

Anyo ng tula: Paksa/tema:
Nilalaman/Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=JmlOXjX5t1U

Salin sa Filipino:

Anyo ng tula:
Nilalaman/Mensahe:

Paksa/tema:

http://www.youtube.com/watch?v=1g5DkniA9E4

Salin sa Filipino:

Anyo ng tula:
Nilalaman/Mensahe:

Paksa/tema:

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1.Paano nagkakatulad ang apat na *link*?

_____
_____
_____
_____

2.Ano-ano ang mga paksa/tema ng apat na *link*?

_____
_____
_____
_____

3.Pinatunayan ba ng mga *link* ang katotohanang sinasabi tungkol sa mga bagay na
pinahahalagahan ng mga Hapon? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

4.Paano nakaapekto sa kasalukuyan ang mga bagay na pinahahalagahan ng ating mga
ninuno na masasalamin sa kanilang ipinamanang *haiku* at *tanka*?

_____
_____
_____
_____

Hanga ako sa husay mo! Hindi mo inalintana ang hirap sa pagsasaling-Filipino sa mga *tanka* na naisulat sa wikang Ingles. Pinatunayan mo rin na totoo ang kasabihang “Kung gusto mo, maraming paraan. Kung ayaw mo, maraming dahilan”.

Isa na namang gawaing mapanghamon ang susunod mong gagawin.

Gawain 10: Sariling Katha, Ilantad Na!

I-klik ang link at panoorin ang mga video. Kasabay ng iyong pagkawili sa panonood, pakaisiping mabuti kung paano lalapatan ng salita ang larawang makikita yamang nakasalalay ang iyong pagbuo ng sarili mong *haiku* at *tanka*.

http://www.youtube.com/watch?v=eJTtvhVm0FU

Ano ang paksa/tema? _____

HAIKU	TANKA

http://www.youtube.com/watch?v=DKEWcnWkRWQ

Ano ang paksa/tema? _____

HAIKU	TANKA

http://www.youtube.com/watch?v=dEgSoTCgvgA
Ano ang paksa/tema? _____

HAIKU	TANKA

http://www.youtube.com/watch?v=WWepVUYn54s
Ano ang paksa/tema? _____

HAIKU	TANKA

Kitang-kita ang taglay mong husay! Isip at kamay ay iyong ipinagsabay! Kitang-kita mo ring nasaklaw ng apat na *link* ang apat na pangunahing paksa/tema ng *haiku* at *tanka*: pag-ibig, pagbabago, kalikasan, at pag-iisa. Sa pamamagitan ng mga sariling gawa mong *haiku* at *tanka*, naibulalas mo ang iyong pag-ibig sa kapangyarihan ng pag-ibig, pag-ibig sa kalikasan, pag-ibig sa pagbabago, at pag-ibig sa kabutihang dulot ng pag-iisa. Hindi bat ikaw mismo ay nakadama ng magandang epekto ng panitikang ito na umusbong at lumaganap sa panahon ng Hapon na ipinamana naman sa'tin ng ating mga ninuno? Makatuwiran kung gano'n na ito'y panatilihin at paunlarin sa kasalukuyan at sa kinabukasan.

May isa pang gawaing naghihintay na tiyak kong magpapalalim nang tuluyan sa iyong pagpapahalaga sa *haiku* at *tanka.*

Gawain 11: Mga Poster at Tula ng Buhay

Bawat poster sa ibaba ay kasasalaminan ng pag-ibig, kalikasan, pagbabago, at pag-iisa sa makabuluhang diwa. Mula sa mga ito, bumuo ng *haiku* at *tanka* na may magkaibang paksa/tema batay sa mensaheng nais ibabatid ng mga poster na hinango sa http://lenyschika.blogspot.com/2009_10_18_archive.html.

HAIKU: KALIKASAN

TANKA: PAGBABAGO

HAIKU: PAG-IBIG

TANKA: PAGBABAGO

HAIKU: PAG-IBIG

TANKA: PAG-IISA



Sagutin mo ang mga tanong.

1.Alin sa apat na paksa/tema ng *haiku* at *tanka* ang higit na madaling gawan ng tula?
Bakit?

_____
_____
_____
_____

2.Anong damdamin ang nangibabaw sa'yo habang ika'y kasalukuyang bumubuo ng
tanka at *haiku* tungkol sa pag-ibig, kalikasan, pagbabago, at pag-iisa?

_____
_____
_____
_____

3.Ang epekto ba sa'yo ng *tanka* at *haiku* ay positibo o negatibo? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

4.Bakit karapat-dapat na mapanatili at mapaunlad sa kasalukuyan at maging sa hinaharap ang *haiku* at *tanka* bilang panitikang pamana?

_____
_____
_____
_____

Bawat tulo ng iyong pawis ay may mabuting kapalit. Iyan ang ganap na pagkatuto na huhubog sa'yong pagkatao tungo sa kinabukasang masaya at malayo sa sakit ng ulo. Oo, salamat sa *tanka* at *haiku* na naging lunsaran nang mamulat sa reyalidad ng mundo.

Narating mo na ang huling pagtugon mo sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*. Makikita mong muli ang pagsulong ng iyong pag-unawa't pagkatuto.

Gawain 12: Paggawa ng *Story Collage*

Puntahan ang **www.glogster.com** nang maisagawa ang gawaing ito. Hanapin ang mga sumunusod: 1. Iba't ibang mukha ng pagmamalasakit sa kalikasan, 2. Iba't ibang paraan pagpapamalas ng pag-big sa pamilya, at 3. Iba't ibang larawan ng mga positibong pagbabago na nagaganap sa lipunang Pilipino. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang epekto sa'yo ng gawaing ginamitan ng *glogster*?

_____
_____
_____
_____

2.Bakit mahalagang mabigyang-diin ang pagpapahalaga sa kalikasan, pag-ibig, at
pagbabago?

_____
_____
_____

_____

3.Yamang masasalamin sa *tanka* at *haiku* ng Hapon ang kahalagahan ng kalikasan,
pag-ibig, at pagbabago, makatuwiran bang sabihin na kailangang panatilihin at paunlarin ang panitikang ito na minana sa ating mga ninuno? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

4.Paano ngayon natin mapananatili at mapauunlad ang panitikang ito na minana pa sa
ating mga ninuno?

_____
_____
_____
_____

Tunay na isang makabuluhang karanasan ang pagpasok sa mundo ng *glogster*. Isa itong kaibigan para sa higit na mabilis na pagkatuto. Ngayon, narating mo na ang huling pagtugon sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.*

Gawain 13: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)

Huling pagsipat na ito sa **IRF** tsart. Punan ang huling bahagi nito bilang tugon sa tanong na: *Ano-ano ang pangunahing mensahe ng haiku at tanka ng Hapon at bakit kailangang maunawaan, mapanatili at mapaunlad sa kasalukuyan at sa kinabukasan ang tulang haiku at tanka ng Hapon na minana pa natin sa ating mga ninuno?* Gayundin, nakabubuting ilahad din ang/ang mga dahilan kung bakit ito na nga ang pinal mong sagot.

Unang Tugon (**I**nitial)
Pagbabago sa Unang Tugon (**R**evised) Dahilan/Mga dahilan:
Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)

Dahilan/Mga dahilan:

Masasalamin sa iyong huling tugon sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* ang ganap mong pag-unawa sa nilalaman ng araling ito. Binabati kita!

Isa pang gawain ang tiyak na tutulong sa'yo nang muling mapagtanto sa sarili ang pagsulong ng iyong pagsulong ng iyong pagkatuto.

Gawain 14: Self-Regulated Learning: Pagtataya sa Sarili

Hindi matatawaran ang halaga ng gawaing ito. Bilang pagsasagawa, kumpletuhin ang mga pahayag sa ibaba nang mabakas ang lawak at lalim ng iyong kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga mahahalagang kaisipang inilantad sa araling ito. Isagawa ito nang buong katapatan.

Sa tulong ng tulang _____ na umusbong at lumaganap sa panahon ng _____, napatunayan kong malaki ang epekto ng mga ito sa atin sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Dahil sa napatunayan kong epekto nito, nahimok ako na ang panitikang ito ay dapat na _____ bilang patunay ng ating pagpapahalaga. Hihikayatin ko rin ang kapwa nating Pilipino na _____ sa pamamagitan ng _____
_____

Kapag naisakatuparan ko ang mga ito, masasabi kong ang ating pagkakakilanlan ay _____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Ngiti mo'y nagpapahiwatig na nagawa mong palalimin ang iyong kaalaman, pag-unawa't pagpapahalaga sa mga mahahalagang kaisipang natutuhan mula sa panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon – ang *haiku* at *tanka* na ipinamana ng ating mga ninuno na dapat ding panatilihin at
paunlarin yamang kasasalaminan ito ng mga kalagayang panlipunan sa kasalukuyan at sa kinabukasan.

Batid kong handa ka na para sa huling yugto ng pagkatuto sa araling ito.

PAGLILIPAT

Ipagpatuloy ang nakagawiang pagsasagawa sa mga gawaing magsisilbing paglalapat ng mga natutuhang impormasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa mo sa huling gawain ng araling ito.

Gawain 15: Travel Brochure

Paggawa ng Travel Brochure

Task Isipin mo ang apat na lugar sa ating bansa na ibig mong pasyalan ng iyong pinsan o kaibigang nawalay sa'yo ng sampung taon upang maging sulit naman ang kaniyang pagbabakasyon. Isang *travel brochure* ang hinihiling niya na gawin mo para sa kaniya dahil wala siyang tiwala sa mga nakikita niya sa internet, at ibig niyang i-*post* o i-*upload* mo ito sa'yong facebook account. Isaalang-alang ang nilalaman ng *checkbric* sa paggawa ng *travel brochure* upang mahikayat mo ang iyong pinsan kapag nakita niya ito at higit niyang kasabikan ang pagdalaw sa nasabing lugar.

Checkbric sa Paggawa ng TRAVEL BROCHURE (Ikalawang Bahagi) **4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula**				
Mga Pamantayan				
1. Pagkakapili/Kahalagahan ng mga Larawan				
2. Pagkakatabas ng mga Larawan				
3. Kalidad ng mga Larawan				

4. Pagkaka-caption ng mga Larawan				
5. Estilo ng Presentasyon/Pagkamalikhain				
6. Dating sa Madla				
kabuuan				

TANDAAN

mamalasakit sa inang kalikasan, pagtanggap sa pagbabago, igdakila sa kahalagahan ng pag-iisa nang makapag-isip nang agagganda ng umaga, at ang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-g ay nalinang at na palalim sa tulong ng iba't ibang gawaing kaugnay ng pagtalakay sa *haiku* at *tanka* na umusbong sa panahon ng Hapon. Mabigat itong patunay na ang akdang panitikang nabanggit ay may malaking epekto hindi lamang sa mga Pilipino ng kahapon kundi maging tayo sa ngayon at sa mga susunod pang henerasyon. Dahil dito, sapat ang ating dahilan upang panatilihin at paunlarain ang panitikang ito na minana pa sa ating mga ninuno. Katatagan ng ating pagkakakilanlan ang nakasalalay dito. Mabuhay ang *tanka* at *haiku.*Ngayon, ang huling aralin para sa modyul na ito ay naghihintay na sa'yo. Isang maikiling kuwento na umusbong at lumaganap din sa panahon ng Hapon na tiyak mong kasasalaminan ng mga kapaki-pakinabang na kaisipan.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Kaysaya ng pakiramdam kapag nagamit sa tunay na buhay ang anumang natututuhan hindi ba? Kaya, patuloy kitang hinihimok na huwag ibaon sa limot ang mga naggagandahang kaisipan at makabuluhang aral na natatamo sa pag-aaral mo ng araling ito.

Aralin 3.2: MAIKLING KUWENTO: LUPANG TINUBUAN

NI NARCISO REYES

PAGTUKLAS

Gaano kalawak ang iyong nalalaman hinggil sa mga di malilimutang sandali ng buhay ng iyong ama mula pagkabata sa kaniyang lupang sinilangan? Mga masasaya ba o malulungkot na pangyayari ang nangingibabaw sa'yong gunita? Sa kabilang banda, paano mo gagamitin ang mga sandali ng iyong pag-iisa? Ilan lamang ito sa mga mahahalagang kaisipang matutuklasan sa maikling kwentong umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon, ang *Lupang Tinubuan* ni Narciso Reyes.

Nais nating simulan ang PAGTUKLAS sa pamamagitan ng pagsasagawa mo sa inihandang gawain.

Gawain 1: Maalaala Ko Kaya

Ikuwento ang iyong nalalaman ukol sa buhay ng iyong ama mula pagkabata sa kaniyang lupang sinilangan. Huwag mag-atubiling ibahagi ang nakapagbibigay-ngiting mga pangyayari, gayundin ang mga alaalang pakikinabangan ng mga makaaalam. Gamitin ang speech balloon para sa tugon.



Salamat sa'yong kuwento. Aming nakilala ang iyong minamahal na ama bagamat di pa namin siya nakikita. Kay-inam gunitain ang ganitong mga sandali kapag buhay na ng mga minamahal ang pinag-uusapan.

Ang susunod na gawain ang magbibigay sa'yo ng pangkalahatang ideya sa kung ano ang inaasahan mo sa pinakahuling aralin ng modyul na ito.

Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Nasa ibaba ang halimbawa ng *Anticipation Reaction-Guide* (ARG). Basahin ang mga pahayag sa gitna ng talahanayan. Pagkatapos, punan lamang ang unang hanay sa ilalim ng *Bago ang Pag-aaral* sa pamamagitan ng paglalagay mo ng tsek sa tabi ng salitang *"sumasang-ayon"* o "*tumututol".* Isaalang-alang mo ang iyong mga naging kasagutan yamang maaaring magbago ang mga ito habang o pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito.

ANTICIPATION REACTION-GUIDE		
BAGO ANG PAG-AARAL	**MGA PAHAYAG**	**PAGKATAPOS NG PAG-AARAL**
Sumasang-ayon Tumututol	1. Magkatulad ang mensahe ng "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ni Bonifacio sa "Lupang Tinubuan" ni Narciso Reyes.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	2. Sapilitan ang pagpunta ni Danding sa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	3. Nakaramdam ng kabiguan si Danding habang sila'y nasa daan patungong Malawig.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	4. Hindi kababakasan ng kalungkutan si Danding sapagkat di man lang niya nakasama ang taong namatay.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	5. Nanatiling malayo ang loob ni Danding sa kaniyang mga kamag-anak kahit ilang araw na niya silang nakakasama.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	6. Sa malawak na lupang sinilangan ng kaniyang ama, napanatag ang puso ni Danding.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	7. Karapat-dapat lamang na panatilihin at paunlarin ang mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon.	Sumasang-ayon Tumututol

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Totoong natutuhan mo na ang mga dapat mong bigyang-atensyon sa pinakahuling araling ito ng modyul na ito. Lilinangin natin sa tulong ng susunod mong gagawin.

Layon ng bahaging ito nd modyul na linangin ang natamong kaalaman at pag-unawa sa paksang saklaw ng araling ito sa tulong ng mga makabuluhang gawaing inihanda. Nawa'y taglayin mo lagi ang interes at pagkukusang matuto.

Pagbasa 1

Basahin at unawain ang maikling kuwentong *Lupang Tinubuan*. Ang pag-unawa sa nilalaman ng isang maikling kuwento na umusbong at lumaganap sa panahon ng Hapon. Puntahan ang site na ito **http://markjan-markjan.blogspot.com/2009/09/lupang-tinubuan-ni-narciso-g-reyes.html**. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Paano inilarawan ang tagpuan sa kuwento?

_____
_____
_____
_____

2.Saan patungo sina Danding at Tiya Juana at ano ang pakay ng kanilang pagpunta?

_____
_____
_____
_____

3.Bakit nakaramdam ng pagkabigo si Danding sa lugar na pupuntahan nang marinig
ang paglalarawan ng tiya?

_____
_____
_____
_____

4.Paano pinaglabanan ni Danding ang pagkabigong naramdaman niya kanina kaugnay
ng lugar na pupuntahan?

_____
_____
_____
_____

5.Bakit nakaramdam ng awa si Danding nang makita ng mukha ng bangkay?

_____
_____
_____
_____

6.Bakit napahalakhak si Lolo Tasyo nang tanungin ni Danding kung nasaksihan niya
ang buhay-kabataan ng kaniyang ama?

_____
_____
_____
_____

7.Ano-ano ang mga nagunita ni Danding nang makitang ang libingan ay nasa gilid
lamang ng simbahan?

_____
_____
_____
_____

8.Bakit nauna si Danding sa pag-uwi gayong di pa natatapos ang libing?

_____
_____
_____
_____

9.Paano nagkaroon ng magandang epekto kay Danding ang pagpunta nila sa bayang-
sinilangan ng kaniyang ama?

_____
_____
_____
_____

10.Ano-anong kulturang Pilipino ang masasalamin sa kuwento?

_____
_____
_____
_____

11.Masasalamin pa ba sa kasalukuyan ang mga nasabing kultura? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

12.Paano nakaaapekto ang maikling kuwentong binasa sa isip at puso ng mga Pilipinong babasa?

_____
_____
_____
_____

13.Mahalaga bang mapanatili at mapaunlad ang ganitong uri ng panitikan na umusbong
at lumaganap sa Panahon ng mga Hapon? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

14.Paano kaya mapananatili at mapauunlad ang panitikang ito na minana pa sa ating
mga ninuno?

_____
_____
_____
_____

Iyo nang nabatid ang nilalaman ng kuwentong *Lupang Tinubuan* ni Narciso Reyes. Ang kuwentong ito ay hitik sa masining na paglalarawan. Isagawa ang susunod na gawain nang muli itong mapatunayan.

Gawain 3: Masining na Paglalarawan
Hitik nga sa masining na paglalarawan ang tekstong *Lupang Tinubuan*. Ilahad sa sariling pangungusap ang larawang naiwan sa'yong isipan tungkol sa mga sumusunod.

Ilarawan: Eksesa sa istasyon ng tren

Ilarawan: Bayan ng Malawig

Ilarawan: Lolo Tasyo

Ilarawan: Pagkabata ng Ama ni Danding

Ilarawan: Kapanatagan ng Bukid

Mahusay ang ginawa mong paglalarawan. Patunay na naging maliwanag sa'yo ang kabuuan ng kwento. Patuloy mong ipamalas ang pag-unawa sa teksto sa susunod na gawain.

Gawain 4: Unawain, Gampanin Namin!
Tukuyin ang papel na ginampanan ng mga sumusunod na bagay kaya naging higit na makulay ang mga sandali ng pamamalagi ni Danding sa Malawig.



Ang kahusayan ng iyong pagtugon sa sinundang gawain ay patunay ng malalim na pag-unawa sa tekstong binasa. Natamo mo ang inaasahan mula sa'yo. Binabati kita. Ngayon naman, linangin ang iyong pag-unawa sa pamamagitan ng pagtukoy sa tono ng mga piling pahayag na hinalaw sa kwento sa tulong ng susunod na gawain.

Gawain 5: Pagtukoy sa Tono ng Pahayag

Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag sa ibaba. Pagkatapos, tukuyin kung ano ang tono na nangingibabaw sa bawat pahayag na ito.

"Salamat at tayo'y nakalakad din. Kay-init doon sa istasyon."	**Tono:**
"Ang namatay ang tata Inong mo. Mabait siyang tao noong siya'y nabubuhay pa."	**Tono:**
"Walang maganda rito kundi ang langit."	**Tono:**
"Mabuti na lamang at likas na sarat ang ilong ko, kung hindi ay pulpol na marahil ngayon."	**Tono:**
"May mga sandali pong kailangan ng tao ang mapag-isa."	**Tono:**
"Ang dalaga po bang iyon ang naging sanhi ng pagkakaluwas niya sa Maynila?"	**Tono:**

Tunay na ang pagkuha ng tono ng isang pahayag ay napakahalaga nang mabatid ang tunay na diwa. Makabuluhan ang kasanayang ito!

Iyong ipagpatuloy ang paglinang sa mga kapaki-pakinabang na kasanayan gaya na lamang ng pag-alam sa mga pahayag na ginamitan ng tayutay. Magiging posible ito sa susunod na gawain.

Gawain 6: Patayutay na Pahayag

Punahin ang mga salitang nasalungguhitan sa loob ng bawat pangungusap na hinalaw
mula sa akda. Tukuyin kung anong tayutay ang kinabibilangan ng pahayag sa pamamagitan nang pagsusulat sa titik ng tamang tayutay sa patlang.

a. personipikasyon b. simili c. metapora d. metonimya e. onomatopiya

_____ 1. Ang galaw ng makina ay tila pintig ng isang pusong wala nang alinlangan.

_____ 2. Alingawngaw ng mga habilin at pagpapaalam.

_____ 3. Bigla at matalim ang singasing ng makina.

_____ 4. Isang mahabang sipol at alanganing tsug-tsug ng mga piston.

_____ 5. ….nakangiti at puno ng ningning na umaga ang bughaw, maaliwalas, at walang ulap na langit.

_____ 6. Malinis na ang hubad na lupa, na naglalatang sa init ng araw.

_____ 7. Tila hiyas na kumikislap sa araw ang talim ng itak ng matanda.

Oo, natamo mong muli ang kasanayan sa pag-unawa sa mga pahayag na ginamitan ng tayutay. Mahusay!

Sa puntong ito, linangin ang iyong pagmamahal at pagmamalasakit sa lupang tinubuan sa bisa ng gawaing inihanda.

Gawain 7: Katuwang Mo Ako Kaibigan

Sulatan ang isang kaibigang nakatira sa ibang bansa. Isa-isahin sa'yong sulat ang mga paraan na maaari niyang isagawa bilang pagpapakita ng pagmamahal sa lupang tinubuan upang makadama pa rin siya ng pagmamalaki bilang isang Pilipinong di nakatira sa bayang sarili. Sa tulong ng sulat, mararamdaman niyang katuwang ka niya sa pagpapakita ng pagmamahal sa bayang tinubuan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ang liham?

_____
_____
_____
_____

2.Makabuluhan ba ang gawaing tulad nito? Pangatuwiranan.

_____
_____
_____
_____

3.Paano nakaapekto sa'yong pagkatao ang ginawang liham para sa isang kaibigan?

_____
_____
_____
_____

4.Lumalim ba ang iyong apresasyon sa mensaheng ibig iparating ng kwentong *Lupang Tinubuan* pagkatapos nang ginawa mong liham? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Hindi lamang ang iyong kaibigan ang nakinabang sa ginawa mong liham yamang sa paggawa nito higit na nalinang ang pagmamahal mo mismo sa lupang tinubuan. Salamat dahil may kwentong *Lupang Tinubuan.*
Oras na upang tayo'y dumako sa ikatlong yugto ng pagkatuto para sa araling ito.

PAGPAPALALIM

Ito na ang bahaging tiyak na magpapalalim at magpapatibay nang husto sa mga mahahalagang kaisipang masasalamin sa kwentong *Lupang Tinubuan* tulad ng pagmamahal sa pamilya. Gayundin, dito mapalalalim ang katotohanang malaki ang epekto ng mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng mga Hapon sa atin sa kasalukuyan at maging sa kinabukasan. Karagdagan pa, dito rin mapapalalim ang katotohanang dapat panatilihin at paunlarin ang mga panitikan sa panahon ng Hapon. Kung gayo'n, iyo nang simulan ang mga gawaing nakaabang.

Gawain 8: Argumento Ko, Dinggin N'yo!

Isulat lahat ng argumentong alam mo upang suportahan ang iyong panig kung "nakasasagabal ba para sa'yo o hindi ang pangingibang-bansa ng mga magulang sa pagtamo at pagpapanatili ng pagkakabuklod-buklod ng pamilya"?

MGA ARGUMENTO:

REYALISASYON: Mula sa argumentong aking nasaliksik, napagtanto kong ang pagkakabuklod-buklod ng pamilya ay _____
_____
_____
Kaya ako'y nagpapasalamat sa kwentong *Lupang Tinubuan* dahil binigyang-diin ang kahalagahan ng pamilyang Pilipino. Dahil dito, nararapat lamang na anumang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon ay _____
_____
Dahil malaki ang epekto ng mga ito sa buhay nating Pilipino sa ngayon at sa kinabukasan.

Sadyang makabuluhan ang sinundang gawain. Kapag pamilya nga naman ang pinag-uusapan, lahat tayo'y interesado. Kilala tayo sa buong mundo sa pagkakaroon ng malapit na ugnayan ng mga miyembro ng pamilya.

Ang susunod na gawain ang may layunin ding palalimin ang iyong pagpapahalaga sa kinabibilangan mong pamilya. Isagawa mo sana ito nang buong puso't kaluluwa.

Gawain 9: Marubdob na Pagsusuri

Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba. Ipaliwanag ang mensaheng ibig iparating ng mga ito na makatutulong sa pagkakabuklod-buklod ng pamilyang Pilipino.

Mensahe:

http://www.wikihow.com/Be-Friends-with-Your-Parents

Mensahe:



Mensahe:

Mensahe:

http://www.wikihow.com/Have-a-Good-Family-Life

Mensahe:





Mensahe:

http://www.wikihow.com/Have-a-Good-Family-Life

REYALISASYON: Nang dahil sa anim na larawang aking sinuri, napagtanto kong ang pagkakabuklod-buklod ng bawat pamilya ay _____ _____ kaya ako'y nagpapasalamat at lumalim ang aking pagpapahalaga sa panitikang umusbong sa Panahon ng Hapon na dapat panatilihin at paunlarin ngayon at sa kinabukasan.

Isa pang makabuluhang gawain ang katatapos mo lamang na isagawa. Pagkatapos mong sumuri ng mga larawan, mga *video* naman ang iyong pahahalagahan sa pamamagitan ng susunod na makabuluhang gawain. Halina't isagawa.

Gawain 10: Pamilyang Di Magmamaliw

Tatlong *link* ang iyong susuriin ang mensahe na magiging kaagapay sa pagpapatatag ng kinabibilangang pamilya upang masabing pamilyang Pilipino na kailanma'y di magmamaliw. Pagtuunan nang masusing pansin ang bawat detalye.

http://www.youtube.com/watch?v=ERbMlPngvv4

Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=TaSo2C-

Mensahe:

http://www.youtube.com/watch?v=ak-gUX0I6oY

REYALISASYON: Lubos ang aking pasasalamat sa tatlong link na aking sinuri sapagkat _____
Determinado akong anuman ang mangyari _____
_____ ang aming pamilya. Muli, salamat sa maikling kuwentong umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon na nagbigay-daan upang mapatatag ang bawat pamilyang Pilipino yamang ang lakas nitong bansa ay nakadepende sa mga ito.

Hindi matatawaran ang halaga ng iyong isinagawang gawain. Saludo ako sa tiyaga at hangaring mong mapalalim ang iyong pagpapahalaga sa mga mahahalagang kaisipang binigyang-diin sa panitikang pinag-uusapan.

Dadako naman tayo ngayon sa gawaing kasasalaminan ng iyong pasalitang kakayahan.

Gawain 11: BAKIT?: Isang Monologo

Isang piyesa sa monologo ang iyong itatanghal. Monologong nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagakalinga ng mga magulang sa kanilang anak. I-*upload* mo ang iyong monologo

- gamit ang aplikasyong ***Present.me*** – ***www.present.me.com***

I-*upload* sa *discussion board* at padalhan din ng kopya ang guro.Isaalang-alang ang nilalaman ng *checkbric* sa pagsasagawa nito.

Present.me

B A K I T ?

Katha ni: Demetrio R. Custodio Jr.

Bakit ninyo ako ginaganito?! Bakit pilit ninyo akong itinatakwil?! Ano bang kasalanan ko sa inyo at ako'y inyong itinataboy. Nagmamakaawa ako sa inyo, kailangan ko ang inyong pag-unawa at kalinga! Hindi ko ginustong maging ganito ako! Lalong hindi ko ginustong ako'y alipustahin nang kung sino-sino at ituring akong parang hayop!

Oo aaminin ko, ako'y isang bastardo. Anak ng isang babaeng disgrasyada. Bunga ako ng pagkakasala. Subalit karapat-dapat ba akong tumanggap ng ganitong pagdurusa?!

Kasalanan lahat ito ng aking ama. Ama na ni minsa'y 'di ko pa nakikita! Bakit niya kami iniwan ni Ina? Bakit niya iniatang kay Ina ang lahat ng obligasyong siya sana ang dapat na gumagawa! Buhay ko'y nababalutan ng inggit sa tuwing nakikita ko ang mga batang masayang kasama ang kanilang ama. Lagi ko na lang iniiyakan ang bawat sandali ng aking pangungulila. Masisisi n'yo ba ako kung ganito ang aking nadarama?! Wala siyang puso, kinasusuklaman ko siya! Kinasusuklaman ko siya!

Kailanman, ‘di ko maiwawaglit sa aking isip ang bawat pasakit ng aking Ina. Nasaksihan ko kung pa’no niya ako pilit na binuhay. Saksi rin ako sa walang humpay niyang pag-iyak. Lagi siyang nagkakasakit dala ng matinding pangungulila. Hanggang sa isang gabi, ako’y nagising dahil sa malamig na kamay na nakayakap sa akin. Nanghilakbot ako sa aking natuklasan……..

“Inay…inay…inay….gumising ka inay…inay…inay gumising ka…parang awa mo na…kailangan kita inay…Patay na ang aking ina. Oh Diyos ko, bakit po n’yo hinayaan mamatay ang aking ina. Alam naman po n’yong siya lang ang tangi kong kasama ‘di ba? Kung nagmamalasakit kang Diyos, bakit mo hinayaang mangyari ang ganito sa akin? Inay……

Sa aking pangungulila sa ama at ina, isang kaibigan ni Ina ang kumupkop sa akin. Isang babaeng kasumpa-sumpa! Sinasampal niya ako, sinasabunutan at dinuduraan sa aking mga mumunting pagkakamali.

“Ate pasensya na po, ‘di ko sinasadyang matapon ang kape n’yo”.

“Huwag mo kasing pairalin ang kabobohan mo! Magtimpla ka ng iba! Buwisit!”

Hagupit din niya ng sinturon, laging lumalatay sa aking katawan.

Pagod na pagod na ako! Tao rin ako, nagkakamali at nasasaktan! Bakit niya ginagawa ang lahat ng ito sa akin?! Ano bang kasalanan ang nagawa ko sa kanya?! Ano?!

Hindi ninyo ako masisisi kung bakit lihim ko siyang iniwan. Oo, iniwan ko ang babaeng parang leon kung umasta bago pa ako mamatay sa mga kamay niya.

Bakit nangyayari ang lahat ng ito sa akin?! Ako’y walang awang iniwan ni ama… buong kalungkutang namatay si Ina… inaalipusta’t pinagtatawanan pa ako ng iba…pagmamahal ng Diyos, tila ‘di ko nadarama!

At ngayon ako’y palabay-labay. Hindi alam kung saan patungo. Hindi alam kung

Checkbric sa Isang Monologo 4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula				
Mga Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
6. Saulado ang piyesa				
7. Pagkamalikhain sa presentasyon				
8. Kahusayan sa pag-arte				
9. Kostyum				
10. Dating sa madla				
Kabuuang Puntos				

Komendasyon ko sa'yo'y tanggapin mo! Maliban sa napalalim ang iyong pasalitang kakayahan, napalalim at napagtibay din ang katotohanang nararapat na ibigay ng mga magulang ang pagkalingang inaasahan ng mga anak mula sa kanila upang di sila mapariwara at malasap nila ang kasiyahan ng buhay.

Ngayon naman, isa pang gawain ang naghihintay sa'yo na tiyak kong kawiwilihan at ikatututo mo.

Gawain 12: Huling Hirit na Malupit!

Isang *video presentation* sa kahuli-huliang pagkakataon ang tiyak na huhuli ng iyong atensyon at tiyak na magpapalalim ng iyong apresasyon sa iyong ama't ina kahit sa panahon ng kanilang pagtanda. Siguraduhing walang bumabagabag sa iyong isipan bago isagawa ang pagsusuri sa video sa ibaba..

http://www.youtube.com/watch?v=_fANZ0yhN4Q

Mensahe:

Damdaming sa'yo'y namayani:

Reyalisasyon:

Plano hinggil sa nilalaman ng *video*:

Posibleng bunga ng planong isasagawa:

Wala ka nang dahilan upang sabihing di napalalim ang iyong kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga kapaki-pakinabang na kaisipan mula sa panitikang pinapaksa ng araling ito. Maisabuhay ang mga bagay na iyong natutuhan! Mabuhay ang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon.

Narating mo na ang punto upang muling tugunan ang makabuluhang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.*

Gawain 13: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Ito na nga ang huling pagsipat mo sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*. Alam kong handang-handa ka na sa pagsagot sa huling hanay at tiyak ko ang kawastuhan ng iyong magiging sagot.

ANTICIPATION REACTION-GUIDE		
BAGO ANG PAG-AARAL	**MGA PAHAYAG**	**PAGKATAPOS NG PAG-AARAL**
Sumasang-ayon Tumututol	1. Magkatulad ang mensahe ng “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” ni Bonifacio sa “Lupang Tinubuan” ni Narciso Reyes.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	2. Sapilitan ang pagpunta ni Danding sa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	3. Nakaramdam ng kabiguan si Danding habang sila’y nasa daan patungong Malawig.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	4. Hindi kababakasan ng kalungkutan si Danding sapagkat di man lang niya nakasama ang taong namatay.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	5. Nanatiling malayo ang loob ni Danding sa kaniyang mga kamag-anak kahit ilang araw na niya silang nakakasama.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	6. Sa malawak na lupang sinilangan ng kaniyang ama, napanatag ang puso ni Danding.	Sumasang-ayon Tumututol
Sumasang-ayon Tumututol	7. Nararapat lamang na panatilihin at paunlarin ang mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Hapon.	Sumasang-ayon Tumututol

Pagbati sa ganap mong pagkatuto mula sa mga isinagawang gawain at mula na rin sa naging tugon mo sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*. Ituring mo sanang kayamanan ang iyong mga natamong karunungan. Kayamanang pakikinabangan habambuhay.

Sa puntong ito, iyong tayahin ang lawak at lalim ng iyong kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga mahahalagang kaisipang saklaw ng araling ito sa susunod na gawain.

Gawain 14: Self-Regulated Learning: Pagtataya sa Sarili

Sadyang makabuluhan ang gawaing ito yamang ikaw mismo ang magtataya ng iyong sarili upang mabatid mo nang lubos ang lawak at lalim ng iyong kaalaman at pag-unawa sa araling ito, gayundin ang saloobing sa iyo'y nangibabaw. Kumpletuhin lamang ang mga pahayag sa ibaba.

Nang dahil sa maikling kuwentong tinalakay sa araling ito na pinamagatang _____ na kinatha ni _____, bilang isang panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng _____, naikintal sa aking puso at isipan ang _____
_____
_____

Oo, batid kong totoo ang magandang epekto ng panitikang ito ng kahapon sa ngayon at sa kinabukasan. Kaya ngayon, ako mismo ay _____
_____
_____

Gagawin ko rin ang lahat ng aking makakaya upang ibahagi ito sa iba sa pamamagitan ng _____
_____
_____

Sa paggawa ng mga ito, naniniwala akong tayong mga Pilipino at ang ating iniirog na bansa ay _____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Tanggapin ang malugod at mula sa puso kong pagbati sa'yo. Totoong di madali ang iyong pinagdaanang mga yugto ng pagkatuto. Gayunpaman, nais kitang bigyan ng komendahan dahil buhay lagi ang iyong kalooban sa anumang gawaing isinagawa. Ramdam kong labis ang iyong kagalakan dahil nag- uumapaw ang iyong imbakan ng karunungan. Masidhing asasalamat din ang nais mong bigkasin dahil napatunayan mong biyaya ang mga panitikan ng kahapon. Mga kultura nating Pilipino ay tunay na masasalamin sa mga ito. Ang mga dahilang ito ang magpapakilos sa atin upang panatilihin at paunlarin sa ngayon at sa kinabukasan ang mga panitikang pamana ng ating mga ninuno.

Halika na't puntahan ang huling bahagi ng modyul.

PAGLILIPAT

Sa puntong ito, iyo nang isasagawa ang Inaasahang Pagganap para sa unang markahan, ang pagsasagawa ng *makatotohanang proyektong panturismo*. Iyong isa-isahin ang mga hakbang na dapat mong gawin.

Gawain 15: Makatotohanang Proyektong Panturismo (Inaasahang Pagganap)

TASK

Inaasahang maisasagawa mo nang buong husay ang *Inaasahang Pagganap* para sa unang markahan yamang may mga mumunting gawain kang isinagawa bilang paghahanda sa nabanggit na pagganap. Isaalang-alang mo ang nilalaman ng rubrik sa pagsasagawa nito. Maligayang paggawa ng *makatotohanang proyektong panturismo.*

GRASPS

Nang dahil sa mga nagdaang magkakasunod na kalamidad na tumama sa bansa, marami sa mga naggagandahang tanawin nito na dinarayo ng libo-libong mga turista mula sa iba't ibang panig ng mundo ang nasira. Nawala na ang dating mapang-akit na tanawin ng mga ito. Dahil dito, napuna ng Department of Tourism (DOT) ang malaking pagbulusok ng bilang ng mga turistang dumadalaw sa bansa. Napag-isip-isip ng DOT na malaki ang magagawa ng mga paaralan upang muling maibalik ang paghanga ng mga turista sa bansa. Batid din ng DOT na sa paggawa nito, patuloy na mapangangalagaan at mapauunlad pa lalo ang kulturang ipinamana sa atin ng ating mga ninuno. Kaya, sa pakikiisa ng Kagawaran ng Edukasyon sa makabuluhang adhikain ng DOT, hinihikayat ngayon nila ang lahat ng mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan na makisangkot sa nasabing adhika.

Nasabihan lahat ng mga mag-aaral sa tulong ng kanilang mga guro na lilikha sila ng iba't ibang pamamaraan ng panghihikayat upang maibalik ang dating tiwala at paghanga ng mga turista sa ating bansa. Maaaring ito ay sa anyong poster o islogan, travel brochure, o anumang maisipang masining na paraan ng panghihikayat. Kanila itong ia-upload at ipo-post sa kanilang Facebook Account nang mapabilis ang pagsasakatuparan ang layunin. At siyempre, ia-upload din ito sa opisyal na site ng DOT. Nang masigurong nakapanghihikayat ang magagawang pamamaraan, isasaalang-alang ang sumusunod na mga pamantayan.

Rubrik sa Panghihikayat

PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY 4	MAHUSAY 3	NALILINANG 2	NAGSISIMULA 1
KALINAWAN NG NILALAMAN	Naipaliwanag nang malalim ang layunin at mensaheng ibig ipabatid ng mga larawan at nilalaman ng presentasyon.	Naipabatid ng sapat ang layunin at mensaheng ibig iparating ng nilalaman ng mga larawan at presentasyon.	Limitado at may kamalian sa pagpapaliwanag sa layunin at mensaheng ibig iparating ng nilalaman ng mga larawan at presentasyon.	Walang pagpapaliwanag sa layunin at mensaheng ibig ipabatid ng mga nilalaman ng mga larawan at presentasyon.

PARAAN NG PANGHIHIKAYAT	Sadyang nakatatawag-pansin, angkop na angkop, at	Nakatatawag ng pansin ang paraan ng panghihikayat.	Hindi gaanong nakahihimok ng atensyon ang paraan ng panghihikayat.	Mahina lamang ang dating (impact) ng paraang ginamit sa
	kakaiba ang paraan ng panghihikayat.			paraan ng panghihikayat.
DATING SA MADLA	Umani ito ng napakaraming *likes at magagandang komento at pagpupuri* mula sa mga turista.	Nakuha ang atensyon ng mga turista kaya marami ang nag-*like* rito at nagbigay ng kaaya-ayang komento.	Di gaanong nakuha ang atensyon mga turista kaya bahagya lamang ang bilang ng mga nag-*like at nagbigay ng magandang komento.*	Iilan lamang ang nag-like at nagbigay ng komento dahil kapos na kapos ang *impact* ng gawa.
			Kabuuan	

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Ikapitong langit o masidhing kagalakan ang nadarama ng bawat isa sa atin yamang maraming butil ng karunungan ang naipunla sa'yong puso't isipan. Mga karunungang bunga ng masikap na pag-aaral sa mga panitikang umusbong at lumaganap sa Panahon ng Katutubo, Panahon ng Espanyol, at Panahon ng Hapon na nararapat na panatilihin at paunlarin sa kasalukuyan at sa kinabukasan.

Taglayin mo sana ang pagkukusa't determinasyon upang ang bawat butil ng karunungan ay tutubo, lalago, at mamumunga ng iba pang karunungan at kasanayang magpapatatag sa ating pagkakakilanlan bilang Pilipino. Pagkakakilanlan na maipagmamalaking totoo saanmang panig ng mundo sa lahat ng pagkakataon.

Kaya bilang isang huwarang mag-aaral, anak, at mamamayan ng bansa, patuloy mong ipamalas ang positibong saloobin. Huwag hayaang hadlangan ka ng samo't saring pagsubok sa buhay upang makamtan ang tagumpay na naghihintay. Batid mong ang tagumpay na mapapasakamay mo ay pakikinabangan ng sinumang taong nakapalibot sa'yo, maging ang kalikasang umaasa sa'yong pagkalinga.

Basbasan sana ng Poong Maykapal ang lahat ng kapaki-pakinabang na

adhikain mo sa buhay.

Bawat tagumpay mo,
Tagumpay ng pamilyang Pilipino,
Tagumpay ng sambayanang Pilipino!
Mabuhay ang tulad mo!

PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, hudyat ito na maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mong balikan muli ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na pinakaangkop na sagot.

1. Ilan ang kabuuang pantig ng isang *haiku*?
   a. 17
   b. 81
   c. 21
   d. 37

2. Ano-ano ang karaniwang paksa ng *tanka* ng Hapon?
   a. pagbabago, pag-ibig, kalikasan
   b. pagbabago, pag-ibig, pamilya
   c. pagbabago, pag-ibig, pag-iisa
   d. pagbabago, pag-ibig, pag-aaral

3. Batay sa kuwentong *Lupang Tinubuan* ni Narciso Reyes, bakit nagpunta sa lugar - kapanganakan ng ama ang pangunahing tauhan na si Danding?
   a. upang kunin ang lupang ipamamana sa kaniya
   b. upang dalawin ang lolo't lola na matagal na di nakita
   c. upang kunin ang upa ng kanilang lupang sinasaka ng iba
   d. upang makipaglibing sa isang malapit na kamag-anak

4. Bakit may mga dating naninirahan sa nayong sinilangan na ngayo'y nasa siyudad ang nagnanais pa ring balikan ang nayonng sinilangan at ang paggawa sa mga dating ginagawa rito?

a. sapagkat panloob na kasiyahan ang dulot nito sa kanila at pagtanaw ng utang na loob na rin sa lupang sinilangan
b. sapagkat nais lamang na makita ang mga kamag-anak na nakatira dito at pagkatapos itong magawa, uuwi rin lamang sila
c. sapagkat kung hindi nila ito gagawin, aani sila ng pangungutya at pambabatikos sa mga kamag-anak na nakatira sa nayon
d. sapagkat nais lamang makakuha ng mga prutas na marami sa lugar na ito, pagkatapos itong makakuha, uuwi rin lamang agad

5. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilang kung bakit mahalagang mabatid ang mga paksang sangkot sa *tanka* at *haiku* ng mga Hapon?
   a. Dahil dapat lamang na malaman ito, at wala naman tayong magagawang iba kundi sumunod sa kagustuhan ng Kagawaran ng Edukasyon
   b. Dahil kung sakaling dumating ang araw at tayo'y napadpad sa bansang Hapon, alam mo na ang tungkol sa kanilang *tanka* at *haiku*
   c. Dahil kung makikitang malaki ang kaugnayan nito sa kultura natin, mapadadali ang pagtanggap at pagpapahalaga sa mga ito
   d. Dahil dito mo malalaman kung ano talaga ang mga paksa na nakapaloob sa *tanka* at *haiku,* paano nga naman malalaman kung di pag-aaralan

6. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalapit na dahilan kung bakit may mga anak na sa kabila ng maraming pangaral ng mga magulang ay makuha pa nilang gawin kung ano ang di dapat?
   a. sapagkat hindi naman talaga sila laging pinapayuhan ng mga magulang
   b. sapagkat malakas ang impluwensiya ng kani-kanilang mga barkada
   c. sapagkat nais nilang tularan ang ginagawa ng iba na kanilang nakikita
   d. sapagkat ibig lamang nilang maranasan ang pakiramdam ng nasasabihan

7. Alin sa mga sumusunod ang pinakaakmang dahilan kung bakit babalik at babalik din sa lupang tinubuan ang mga OFW kahit mabigyan sila ng oportunidad na manirahan
sa ibang bansa?
   a. Dahil ibig nilang ipagmayabang ang anumang nakuha o nabili sa ibang bansa nang sila'y hangaan at kainggitan ng mga kababayan
   b. Dahil kailanma'y di matutumbasan ang ligayang madarama sa bansang itinuturing mong ina na kumalinga sa'yo mula simula

c. Dahil ito ang ginagawa ng nakararami at madalas na sinasabing “ang ginagawa ng nakararami ang sundin dahil ito ang mabuti”
d. Dahil ito nga naman ang nilalaman ng kontrata ng mga OFW na kailangang bumalik sa bansang pinanggalingan pagkatapos ng kontrata

8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang *pinakaangko*p na dahilan ng pag-aaral ng mga Panitikan ng Hapon?
   a. Dapat lamang na pag-aralan ang mga Panitikan ng Hapon dahil isa rin sila sa mga bansa sa Asya na may karapatang mapag-aralan ang kanilang panitiklan
   b. Dapat lamang dahil kung hindi natin ito gagawin, kailanman, wala talaga tayong malalaman, at mananatili tayong mangmang sa kanilang mga panitikan
   c. Dapat lamang sapagkat sa paggawa nito, makadarama tayo ng *‘sense belongingness’* bilang mga nagkakaisang bansa sa Asya na nagsusuportahan
   d. Dapat lamang dahil kung ginawa nating pag-aralan ang panitikan ng mga katutubo at Espanyol, kailangan sin nating gawin ito sa bansang Hapon para patas lamang

9. Sa tanong na “May kasiguruhan bang matututo tayo sa *tanka* at *haiku*, at maikling kuwentong umusbong at lumaganap sa panahon ng Hapon?” alin sa mga sumusunod ang pinakamahusay na tugon?
   a. Oo dahil ang mga nakapaloob sa mga panitikang ito ay lumalarawan sa ating kultura at ibang kalagayang panlipunan na makikita maging sa kasalukuyan.
   b. Oo dahil hindi naman ilalagay sa mga aklat ang mga panitikang ito kung walang kabutihang madudulot nito sa lipunang Pilipino.
   c. Hindi sapagkat ang nakaraan ay nakaaraan, ang sa ngayon ay sa ngayon, ang bukas ay para din bukas, kanya-kanya sa bawat panahon.
   d. Hindi sapagkat tanging maaala natin ay ang paghihirap na dinanas ng ating mga ninuno sa bakal na kamay ng mga Hapon.

10. Alin sa mga sumusunod na tayutay ang ginamit sa pahayag na “Langitngit ng kawil-kawil na kotse” at at alanganing tsug-tsug ng piston”, mga pahayag mula sa kuwentong “Pahayag” Narciso Reyes?
    a. personipikasyon
    b. metapora
    c. onomatopiya*
    d. metonimya

11. Ano ring tayutay ang ginamit sa pahayag na mga pahayag na ito: “Ang tren ay nabuhay”, “Nakangiti ang langit”, at “sipol ng piston”?
    a. personipikasyon
    b. simili
    c. metonimya
    d. metapora

12. “Pinaglabanan ni Danding ang sulok ng pagkabigo sa kaniyang dibdib”, ano ang ibig ipahiwatig ng pahayag na ito mula sa kwentong Lupang Tinubuan?
    a. Bigo si Danding sa kaniyang mga inaasahan sa pagpunta nila sa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama.
    b. Bigo ang hangarin ni Danding na makakilala ng mga magagandang dalaga sa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama.
    c. Bigo si Danding na makatikim ng mga bungang-kahoy na ipinagmamalaki ng kaniyang Tiya bago sila pumunta sa lugar-kapanganakan ng ama.
    d. Bigo si Danding na magamit ang bago niyang cell phone sa lugar-kapanganakan ng ama dahil sa kawalan ng signal doon.

13. Ano ang mahalagang ginampanan ng album, itak, kawayan, punong mangga, kalabaw, at bukid sa buhay ni Danding habang siya’y nasa lugar-kapanganakan ng kaniyang ama?
    a. Pagmamay-ari lahat ito ng kaniyang ama na magsisilbing alaala niya habambuhay.
    b. Sa mga ito sinariwa ang mga nagdaang buhay ng kaniyang ama nang siya’y nasa nayon pa.
    c. Ibinigay ang lahat ng ito kay Danding yamang siya ang tanging tagapagmana sa yumaong ama.
    d. Mananatili na lamang na alaala ang mga ito sapagkat iba na ang tunay na nagmamay-ari sa mga ito.

14. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit binigyang-diin ni Danding ang kahalagahan ng pag-iisa?
    a. Upang mapagbulay-bulay ang mga nagawa, ginagawa, at gagawin pa lamang kung ang mga ito’y magdudulot ng maganda
    b. Upang maiwasan ang mga taong dapat iwasan lalo na ang ibang mahilig mangutang na di naman kayang bayaran
    c. Upang mapagtaguan ang mga nagawan ng kasalanan at nang di sila mapaghigantihan, kawawa lamang ang kahihinatnan
    d. Upang hindi makita ng magulang o kamag-anak baka utusan pa kung saan-saan, mapapagod lamang

15. Sa inyong barangay, alam mong may oras lamang para ilabas at itapon ang basura sa tamang lagayan. Hindi nagkulang ang iyong pamilya sa paggawa nito. Gayunpaman, napuna mong isa sa iyong mga kapitbahay ang di sumusunod sa patakarang ito. Ilang beses mong napatunayang iniaabot ng ina sa kaniyang anak ang supot ng basura at palihim na ipinalalagay sa isang gilid. Malimit na iba ang napararatangang gumagawa nito. Nakilala mo ang ina ng bata bilang isang ina na pakialamera, tsismosa, at nang-away pa sa ibang kapitbahay na babae. Ano ang iyong *pinakamhusay* na pasya?
    a. Magbubulag-bulagan na lamang upang di awayin ng babae.
    b. Sabihin sa'yong ama't ina nang magawa ang aksyong nararapat.
    c. Sabihin sa'yong ama't ina na awayin nila ang ina ng bata.
    d. Hintaying magtapon muli ang bata at sigawan ito nang ubod lakas

16. Napagkasunduan ninyong mag-anak na makipaglibing sa isang butihing kamag-anak sa probinsya ngunit nangangangahulugan ito ng ilang araw na paninirahan sa kanilang baryo dala ng kalayuan. Nangangahulugan din ito na di ka maaaring magdala ng anumang gadyet tulad ng *cellphone* yamang di rin lamang magagamit ang mga ito dahil sa kawalan ng signal. Ngayon pa lamang, nakararamdam ka na ng pagkabagot. Sasama ka pa ba? Alin sa mga sumusunod na dahilan ang *pinakamakabuluhan?*
    a. Oo dahil nais mong ipadama ang iyong pakikiramay kahit alam mong nangangahulugan ito ng iyong lubos na pagsasakripisyo.
    b. Oo dahil kasunduan ito ng iyong pamilya at maiintindihan nila kung magrereklamo ka habang kayo'y nasa baryo.
    c. Hindi dahil alam mong magiging nakababagot ang pamamalagi n'yo sa baryo at huwag nang pansinin pa ang sasabihin ng iba.
    d. Hindi dahil marami ka pa namang ibang kamag-anak na siguradong pupunta't makikiramay sa pamilya ng yumao.

17. Sinasabihan ka lagi ng iyong ama na huwag munang makipagkasintahan sapagkat ika'y wala pa sa wastong gulang. Ito rin ang malimit na bukambibig ng iyong ina sa tuwing kayo'y magkasama. Paulit-ulit ang ganitong mga senaryo sa bahay n'yo. Gayunpaman, nang kayo'y namasayal sa probinsya ng iyong ama, napag-alaman mong napakabata pa nila nang sila'y naging magkasintahan. Oo, wala pa sila sa wastong gulang. Ikaw ay napipi sa mga sandaling iyon dahil sa pagkabigla. Paano mo ngayon pakikitunguhan ang iyong ama't ina sa *pinakamahusay* na paraan?
    a. Susumbatan sila bilang simula ng pagkawala ng iyong respeto dahil bakit nila ipinagbabawal sa'yo ang bagay na di naman nila noon ginawa.
    b. Magtatampo sa ama't ina at pakiusapan ang mga kamag-anak na sa kanila ka na tumira dahil nawalan ka na ng tiwala sa iyong mga magulang.

c. Buong paggalang na alamin sa ama't ina ang dahilan kung bakit gano'n ang malimit na payo sa'yo samantalang di naman pala nila ito nagawa.
d. Mauna nang umuwi tanda ng pagrerebelde ng kalooban dahil bakit nila ipinagagawa ang isang bagay na di naman nila noon ginawa.

18. Ilang araw na lamang at aalis na patungong Canada ang iyong ina upang magtrabaho. Sa wakas, matutupad na rin ang pangarap na ito na malimit banggitin sa'yo mula nang ika'y nasa ikatlong baitang pa lamang ng elementarya. Nagsosolong magulang ang iyong ina. Batid mong nagkakandahirap siyang buhayin ka. Lagi mong naririnig ang kaniyang pangungutang. Ngunit, mula rin sa panahong iyon, isang umaalingawngaw na "HINDI" ang sagot mo. Tutol ka sa pag-a-abroad ng iyong ina dahil ayaw mong malayo sa kaniya at tila di mo kayang mabuhay na malayo sa piling nila. Ngayon, tutol ka pa ba? Alin ang *pinakamagandang* dahilan?
    a. Oo dahil ayaw kong tumira sa bahay na walang kasamang nanay na tagaluto, tagalinis, at tagalaba dahil ako na ang gagawa.
    b. Oo dahil wala kang tagagawa ng mga takdang aralin at proyekto at alam mong pag nangyari ito, bababa ang iyong grado.
    c. Hindi dahil maganda ang hangarin ng aking ina, ang pagkakaroon naman sana ng isang buhay na maginhawa.
    d. Hindi dahil gusto ko ang paglayo niya upang walang sisita sa anumang naisin kung gawin, higit itong masaya.

19. Isang kapitbahay ang napag-alaman mong dating nakakulong dahil sa kasong pagpatay, isang kriminal. Maraming sandaling naririnig mo mula sa kantina ng barangay ang kaba ng kanilang nararamdaman dahil sa kaniya. Nakikita mo siyang naglalakad ngunit lantarang siyang iniiwasan ng sinumang masalubong sa daan. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamainam* na sagot kung makikiayon ka ba sa ginagawa ng iyong mga kabarangay kaugnay ng taong dating nakakulong?
    a. Oo dahil kailangan talaga siyang iwasan dahil hindi malayong kami ang susunod na biktimahin niya.
    b. Oo dahil ang tulad niyang dating kriminal ay dapat na mananatiling kriminal sa paningin ng lahat.
    c. Hindi dahil hindi mo naman talaga siya maiiwasang makasalubong sa daan lalo pat kapitbahay siya.
    d. Hindi dahil malaki ang posibilidad na nagbago na siya at nais ngayong ituwid ang buhay.

20. Gusto mong mapag-isa sa iyong kuwarto. Kaya tuwing nakasara ito, walang sinuman ang umaabala sa'yo bilang pagrespeto sa'yong kagustuhan. Isa pa, ito ang nakaugalian mong gawin sa tuwing may kailangan kang pagpasiyahan na nangangailangan ng malaliman at kritikal na pag-iisip. Sa

paraang ito ka lamang pwedeng makapagpasiya nang buong katalinuhan.
Nasa kalagitnaan ka ng iyong
malalimang pagbubulay-bulay nang biglang kumatok at nagsalita ang iyong nakatatandang kapatid at tila boses naghihinagpis. Ano ang *pinakamabut*i mong gawin?

a. Huwag siyang pansinin total alam naman niya ang dahilan kung bakit nakasara ang iyong kuwarto sa mga sandaling iyon.
b. Agad itong buksan dahil ang tinig ng tinig niya'y nagpapahiwatig na isang pangyayari ang kailangan mo nang malaman agad.
c. Sigawan siyang itigil ang pagkatok sa pintuan upang umalis na't maipagpatuloy mo ang ginagawang pagninilay-nilay.
d. Sigawan siya't sabihing sa mga magulang n'yo iparating ang anumang nais niya sanang sabihin sa'yo dahil sila dapat ang unang makaalam.

GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

Buklod-buklod- Nagkakaisa

Buhawi-Ipo-ipo. Malaking tipak ng hangin na nakapipinsalang lubos

Gunita-Alaala

Huhubog- Hinulma, hinasa, nilinang

Hitik-Napakarami

Kababakasan- Kakikitaan

Magpapasining- Nagpapaganda

Masasalamin-Makikita

Napanatag-Kumalma

Nasaksihan- Nakita

Pagsulong-Pag-unlad

Pinaghihinalaan- Pinagdududahan

TALASANGGUNIAN NA GINAMIT SA MODYUL

Modyul sa Filipino para sa Baitang 8. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa Kagawaran ng Edukasyon

Pagbalanse sa Pamilya at Trabaho. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=TaSo2C-8Nu8
Pag-ibig sa Kaibigan. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=DKEWcnWkRWQ
Pag-ibig sa Kalikasan. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=eJTtvhVm0FU
Pag-ibig sa Pag-iisa. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=dEgSoTCgvgA
Pag-ibig sa Pagbabago. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=WWepVUYn54s
Pag-ibig sa Pagbabago. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=Tz9OBPuiQqQ
Pag-ibig sa Pamilya. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=15_QbxDJ4Ic

Pagkakaroon ng Oras sa Pamilya. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=ERbMlPngvv4
Paglutas sa Problemang Pampamilya. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=ak-gUX0I6oY
Pakiusap ng mga Magulang sa mga anak. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://www.youtube.com/watch?v=_fANZ0yhN4Q
Poster ng Pag-ibig sa Inang Bayan: kalikasan at iba pa. Hinalaw noong Hulyo 2014 mula sa http://lenyschika.blogspot.com/2009_10_18_archive.html